

1. Center of top breaking headlines and current events related to Department of Education.
2. Offers free K-12 Materials you can use and share.

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Modyul para sa Mag-aaral
Yunit I

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan at pamantasan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon
Republika ng Pilipinas**

Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Modyul para sa Mag-aaral
Unang Edisyon 2015
ISBN:

Paunawa hinggil sa karapatang-sipi. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

Mga Bumuo ng Modyul para sa Mag-aaral

Mga Konsultant:	Manuel B. Dy Jr., PhD at Fe A. Hidalgo, PhD
Editor:	Luisita B. Peralta
Mga Manunulat:	Mary Jean B. Brizuela, Patricia Jane S. Arnedo, Goefrey A. Guevara, Earl P. Valdez, Suzanne M. Rivera, Elsie G. Celeste, Rolando V. Balona Jr., Benedick Daniel O. Yumul, Glenda N. Rito, at Sheryll T. Gayola
Tagaguhit:	Gilbert B. Zamora
Naglayout:	Jerby S. Mariano
Mga Tagapamahala:	Dir. Jocelyn DR. Andaya, Jose D. Tuguinayo, Jr., Elizabeth G. Catao, at Luisita B. Peralta

Inilimbag sa Pilipinas ng FEP Printing Corporation
Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat
(DepEd-IMCS)

Office Address: 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

Talaan ng Nilalaman

Ikaapat na Markahan

Modiyul 13: Mga Isyung Moral Tungkol sa Buhay	254
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?	254
Paunang Pagtataya	255
Pagtuklas ng Dating Kaalaman	258
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa	260
Pagpapalalim	263
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto	276
Modiyul 14: Mga Isyung Moral Tungkol sa Seksuwalidad	280
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?	280
Paunang Pagtataya	281
Pagtuklas ng Dating Kaalaman	283
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa	285
Pagpapalalim	287
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto	298
Modiyul 15: Mga Isyung Moral Tungkol sa Kawalan ng Paggalang sa Katotohanan	302
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?	302
Paunang Pagtataya	303
Pagtuklas ng Dating Kaalaman	306
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa	307
Pagpapalalim	314
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto	330
Modiyul 16: Mga Isyung Moral Tungkol sa Paggawa at Paggamit ng Kapangyarihan ...	334
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?	334
Paunang Pagtataya	335
Pagtuklas ng Dating Kaalaman	338
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa	340
Pagpapalalim	341
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto	356


Edukasyon sa Pagpapakatao Baitang 10
Ikaapat na Markahan
MODYUL 13: MGA ISYUNG MORAL
TUNGKOL SA BUHAY



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa nakaraang markahan, nalaman mo ang iba't ibang pagpapahalagang moral na makatutulong upang ikaw ay makapagpasiya at makakilos tungo sa makabuluhan at mabuting pakikipag-ugnayan sa Diyos, sa kapuwa, sa bayan, at sa kapaligiran. Naunawaan mo na ang bawat pasiya at kilos ng isang tao ay may dahilan, batayan, at kalakip na pananagutan. Anumang isasagawang pasiya ay kinakailangang pagnilayan at timbangin ang mabubuti at masasamang maaaring idulot nito. Sa pagkakataong ito, pag-uusapan naman natin ang mga isyung moral na nagaganap sa lipunan at susubok sa iyong matatag na paninindigan sa kabutihan sa gitna ng iba't ibang pananaw sa mga isyung ito at mga impluwensiya ng kapaligiran.

Ano nga ba ang ibig sabihin ng salitang *isyu*? Ano-ano ba ang iba't ibang mga isyu na maaaring makaapekto sa ating moral na pagpapasiya? Lahat ng mga ito ay masasagot sa pamamagitan ng mga modyul sa markahan na ito. Atin itong simulan sa pagtalakay sa isyu na malaki ang kinalaman sa ating pagiging tao: ang mga isyung moral tungkol sa BUHAY.



Bilang isang kabataan, naranasan mo na ba ang makatanggap ng handog na gustong-gusto mo? Ito ba ay pera, damit, pagkain, aklat, o makabagong *gadget*? Ano ang naramdaman mo nang natanggap mo ito? Marahil, ngayong nasa Baitang 10 ka na sa hayskul ay marami ka nang natanggap na handog sa iba't ibang okasyon. Ngunit, naitanong mo na rin ba ang iyong sarili kung ano ang pinakamahalagang handog na iyong natanggap mula nang isilang ka? Kanino ito nagmula? Maituturing mo ba na ang iyong BUHAY ay ang pinakamahalagang kaloob ng Diyos sa iyo? Bakit sagrado ang buhay ng tao?

Sa pamamagitan ng modyul na ito, inaasahan na makakamit ng kabataang tulad mo ang malalim na pag-unawa sa iba't ibang mga pananaw kalakip ng mga isyu sa buhay na sa huli ay makabuo ka ng pagpapasiyang papanig sa kabutihan. Inaasahang masasagot mo ang Mahalagang Tanong na: **Paano mapananatili ang kasagraduhan ng buhay ng tao?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- a. Natutukoy ang mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay
- b. Nasusuri ang mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay
- c. Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
- d. Nakagagawa ng sariling pahayag tungkol sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at sa kasagraduhan ng buhay

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* mo sa titik d:

- a. May malinaw na posisyon tungkol sa mga isyu sa buhay na pumapanig sa kabutihan at ginamitan ng moral na pagpapasiya.
- b. Makapagbigay ng tiyak na mga hakbang sa pagpapanatili ng kasagraduhan ng buhay.
- c. May kalakip na mga paliwanag at patunay ng pagsasabuhay.



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag. Piliin ang pinakawastong sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Anong isyung moral sa buhay ang tumutukoy sa pagpapalaglag ay pag-alis ng isang *fetus* o sanggol na hindi maaaring mabuhay sa pamamagitan ng kaniyang sarili sa labas ng bahay-bata ng ina?
 - a. Aborsiyon
 - b. Alkoholismo
 - c. *Euthanasia*
 - d. Pagpapatiwakal

2. Isang mahalagang katanungan na kinapapalooban ng dalawa o higit pang mga panig o posisyon na magkakasalungat at nangangailangan ng mapanuring pag-aaral upang malutas.
 - a. Balita
 - b. Isyu
 - c. Kontrobersiya
 - d. Opinyon

Basahin at unawaing mabuti ang talata. Sagutin ang aytem tatlo at apat ayon sa pagkauunawa mo nito.

The Lifeboat Exercise

Hango sa aklat ni William Kirkpatrick

Why Johnny Can't Tell Right from Wrong: And What We Can Do About It (1992)

Sa isang klase, nagbigay ng sitwasyon ang guro upang mapag-isipan ng mga mag-aaral. Ayon sa kaniya, isang barko ang nasiraan sa gitna ng karagatan at nanganganib nang lumubog. Dahil dito, ihinanda ng mga tauhan ng barko ang mga *lifeboat* upang mailigtas ang mga pasahero. Ngunit limitado lamang ang bilang nito at hindi lahat ng mga pasahero ay makagagamit nang sabay-sabay. Nangangahulugan ito na may maiiwan at di tiyak ang kanilang kaligtasan. Nagbigay ang guro ng maikling paglalarawan ng mga nasa loob ng barko. Kabilang dito ang mag-asawa at ang kanilang anak, *accountant*, manlalaro ng basketball, guro, doktor, inhinyero, artista, mang-aawit, pulis, sundalo, isang batang Mongoloid, matandang babae, at marami pang iba. Mula sa nabanggit, dapat pumili ang mga mag-aaral kung sino-sino ang mga sasakay sa *lifeboat* at ang mga maiiwan sa barko.

3. Sa pahayag na "*Limitado lamang ang bilang ng mga lifeboat at hindi lahat ng mga pasahero ay makagagamit nang sabay-sabay. Nangangahulugan na may maiiwan at di-tiyak ang kanilang kaligtasan,*" ano ang dapat na maging kaisipan ng taong may hawak ng *lifeboat*?
 - a. Mahalaga ang oras sa pagsagip lalo na kung nasa panganib.
 - b. Mahalaga ang kontribusyon ng mga tao sa lipunan sa pagpili ng sasagipin.
 - c. Mahalaga ang buhay anuman ang katayuan o kalagayan ng tao sa lipunan.
 - d. Mahalaga ang edad sa pagsasaalang-alang sa pagpili ng sasakay sa *lifeboat*.
4. Bakit *hindi* maituturing na mabuting halimbawa ang *lifeboat exercise* kung iuugnay sa kasagraduhan ng buhay?
 - a. Dahil susi ito tungo sa mabuting pagtingin sa tunay na kahulugan ng buhay.
 - b. Dahil nagbibigay ito ng positibong pagtingin sa kasagraduhan ng buhay.
 - c. Dahil balakid ito upang mabawasan ang halaga ng pagtingin sa buhay.
 - d. Dahil daan ito upang maisantabi ang pagpapahalaga sa buhay.
5. Dahil sa isip at kilos-loob, inaasahan na ang tao ay makabubuo ng mabuti at matalinong posisyon sa kanila ng iba't ibang isyung moral na umiiral sa ating lipunan. Ang pangungusap na ito ay:
 - a. Tama, dahil ginagabayan ng isip ang kilos-loob tungo sa kabutihan.
 - b. Tama, sapagkat ang tao ay may isip na nagbibigay ng kakayahang gumawa, kumilos, pumili, at magmahal.
 - c. Mali, dahil ang tao ay malayang mamili at mamuno sa kaniyang paghusga, gawi, at kilos.
 - d. Mali, dahil ang tao ay may kakayahang hanapin, alamin, unawain, at ipaliwanag ang katotohanan sa kaniyang paligid.

6. Ang sumusunod ay pisikal na epekto ng labis na pag-inom ng alak *maliban* sa:
 - a. Nagpapabagal ng isip
 - b. Nagpapahina sa enerhiya
 - c. Nagiging sanhi ng iba't ibang sakit
 - d. Nababawasan ang kakayahan sa pakikipagkapuwa

7. Si Matteo ay mahilig sumama sa kaniyang mga kaibigan sa labas ng paaralan. Dahil dito, naimpluwensiyahan at nagumon siya sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Hindi nagtagal, nakagagawa na siya ng mga bagay na hindi inaasahan tulad ng pagnanakaw. Marami ang nalungkot sa kalagayan niya sapagkat lumaki naman siyang mabuting bata. Ipaliwanag ang naging kaugnayan ng paggamit ng ipinagbabawal na gamot sa isip at kilos-loob ni Matteo at sa kaniyang maling pagpapasiya.
 - a. Ang isip ay nagiging “*blank spot*,” nahihirapang iproseso ang iba't ibang impormasyon na dumadaloy dito – sanhi ng maling kilos at pagpapasiya.
 - b. Ang isip ay nawalan ng kakayahang magproseso dahil na rin sa pag-abuso rito at di pag-ayon ng kilos-loob sa pagpapasiya.
 - c. Ang isip at kilos-loob ay hindi nagtugma dahil sa kawalan ng pagpipigil at matalinong pag-iisip.
 - d. Ang isip at kilos-loob ay humina dahil sa maraming bagay na humahadlang sa paggawa nito ng kabutihan.

8. Bakit pinakaangat ang tao sa ibang nilikhang may buhay?
 - a. Nilikha siyang may isip, kilos-loob, puso, kamay, at katawan na magagamit niya upang makamit niya ang kaganapan bilang tao.
 - b. Taglay niya ang kakayahang piliin ang mabuti para sa sarili at sa ibang nilikha ayon sa Likas na Batas Moral.
 - c. May kakayahang hanapin, alamin, unawain, at ipaliwanag ang mga katotohanan at layunin ng mga bagay-bagay sa kaniyang paligid.
 - d. May isip at kilos-loob na nagbibigay ng kakayahang kumilos, gumawa, at magpahalaga sa kaniyang sarili, kapuwa, at iba pang nilikha.

9. Anong proseso ang isinasagawa sa modernong medisina upang wakasan ang buhay ng taong may malubhang sakit na kailanman ay hindi na gagaling pa?
 - a. *Suicide*
 - b. *Abortion*
 - c. *Euthanasia*
 - d. *Lethal injection*

10. “May tamang oras ang lahat ng pangyayari sa ating buhay. Hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. Sa kabilang banda, hindi nararapat husgahan ang mga taong nagpatiwakal. Maaaring sila ay may pinagdaraanang mabigat na suliranin at wala sa tamang pag-iisip (halimbawa, *depresyon*) sa oras na ginawa nila iyon.” Ano ang mahalagang diwa ng isinasaad ng pahayag?
 - a. Ang buhay ay sadyang mahalaga anuman ang pinagdaraanang ng tao sa kaniyang kasalukuyang buhay.
 - b. May responsibilidad ang tao sa kaniyang sariling buhay.
 - c. Hindi sagot ang mga pinagdaraanang suliranin upang magpasiyang magpatiwakal.
 - d. Ang pag-asa ay magiging daan sa pagpapatuloy sa buhay gaano man kabigat ang pinagdaraanang.



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Pamilyar ka ba sa larong “4Pics 1Word?” Kung gayon, tiyak na magiging madali sa iyo ang susunod na gawain.


Panuto:

1. Suriing mabuti ang apat na larawan sa bawat kahon.
2. Tukuyin ang mga isyu na tumutugon sa bawat kahon ng mga larawan. May ibinigay na *clue* sa bawat bilang upang mapadali ang iyong pagsagot.
3. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.




A _ OR _ _ Y _ N

E _ T _ A _ _ S _ A



P _ G _ A _ IT N _
D _ O _ A

P _ GP _ _ AT _ W _ K _ L




A _ KOH _ L _ _ M _

4. Sagutin ang sumusunod na tanong.
 - a. Ano-anong isyu sa buhay ang nakita mo sa mga larawan?
 - b. Alin sa mga isyung ito ang madalas mong nababasa at naririnig na pinag-uusapan? Bakit?
 - c. Kung ikaw ang tatanungin, bakit sinasabing mga isyu sa buhay ang mga gawaing ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Gawain 2

Panuto:

1. Sa iyong kuwaderno, isulat ang mga kaalaman sa mga isyung nabanggit sa Gawain 1.
2. Matapos isulat ang iyong mga kaalaman, hahatiin ng guro ang klase sa apat na pangkat.
3. Ibahagi ang iyong mga sagot sa pangkat.
4. Pagsama-samahin ang magkakaparehong sagot at bumuo ng isang *graphic organizer*. May halimbawang ihinanda sa ibaba para sa mga mag-aaral.
5. Maging malikhain sa gagawing presentasyon.
6. Maghanda sa pag-uulat sa klase.



7. Itala sa iyong kuwaderno ang mahahalagang pangyayari na naganap sa iyong ginawang pagbabahagi.
8. Matapos ito ay sagutin ang sumusunod na tanong sa kuwaderno:
 - a. Ano ang iyong mga natuklasan sa natapos na gawain? Ipaliwanag.
 - b. Ano ang nadarama mo sa tuwing pinag-uusapan ang mga isyung ito?
 - c. Paano nakaaapekto sa buhay ng tao ang sumusunod na isyu? Ipaliwanag ang iyong sagot.



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 3

Panuto:

1. Panoorin ang sumusunod na palabas sa *youtube*:
 - a. Former drug addict shares life story, lessons
http://www.youtube.com/watch?v=z25TmQk_AeM
 - b. Pinay Alcoholics (Sandra Aguinaldo's I-Witness Documentary)
<http://www.youtube.com/watch?v=XoJLkFa76Y8>
 - c. Abortion in the Philippines documentary (1 of 2): Agaw-Buhay (Fighting for Life)
http://www.youtube.com/watch?v=qUgZSBc_asc
Abortion in the Philippines documentary (2 of 2): Agaw-Buhay (Fighting for Life)
http://www.youtube.com/watch?v=HgKB_Z8p-DI
 - d. Philippines has most cases of depression: NGO
<http://www.youtube.com/watch?v=AueZNzvMadE>
 - e. Euthanasia: Life In The Hands Of Others
http://www.youtube.com/watch?v=ZEFRKYY_C7k
2. Matapos manood ay sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang mga sagot sa kuwaderno.
 - a. Ano-ano ang mahahalagang mensahe na ipinararating ng bawat palabas? Ipaliwanag.
 - b. Ano-anong argumento sa mga isyu sa buhay ang ipinakita sa bawat isa?
 - c. Bakit mahalagang maunawaan ang mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay?
 - d. Paano natin matutukoy kung ang isang gawain ay taliwas sa kasagraduhan ng buhay?

Gawain 4

Pagsusuri ng mga sitwasyon.

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na sitwasyon na nagpapakita ng mga iba't ibang isyu tungkol sa buhay. Sa bawat sitwasyon, sagutin sa iyong kuwaderno ang sumusunod:

- a. Ilarawan ang isyu sa buhay na tinutukoy sa sitwasyon.
- b. Isa-isahin ang mga argumento sa mga isyung nabanggit.
- c. Konklusyon sa bawat sitwasyon.

1. Malaki ang pag-asa ng mga magulang ni Jodi na makapagtapos siya ng pag-aaral at makatulong sa pag-ahon ng kanilang pamilya mula sa kahirapan. Matalinong bata si Jodi. Sa katunayan ay iskolar siya sa isang kilalang unibersidad. Ngunit sa hindi inaasahang pagkakataon, naging biktima siya ng rape sa unang taon pa lamang niya sa kolehiyo. Sa kasamaang-palad, nagbunga ang nangyari sa kaniya. Kung ikaw ang nasa kalagayan niya, ano ang gagawin mo? Itutuloy mo ba ang iyong pagbubuntis? Maaari bang ituring na solusyon sa sitwasyon ni Jodi ang pagpapalaglag ng dinadala niya gayong bunga ito ng hindi magandang gawain?

2. Kasama si Agnes sa mga pinakamalubhang nasaktan sa isang aksidente na naganap noong nakaraang taon. Ayon sa mga doktor, nasa *comatose stage* siya at maaaring hindi na magkaroon ng malay. Ngunit posibleng madugtungan ang buhay niya sa pamamagitan ng *life support system*. Malaking halaga ang kakailanganin ng kanilang pamilya upang manatiling buhay si Agnes. Hindi mayaman ang kanilang pamilya. Sa iyong palagay, makatuwiran bang ipagpatuloy ang paggamit ng *life support system* kahit maubos ang kanilang kabuhayan? O nararapat na tanggapin na lamang ang kaniyang kapalaran gayong mamamatay rin naman si Agnes?

3. Dahil sa matinding lungkot, nagpasiya si Marco na kitlin ang sariling buhay dalawang buwan pagkatapos ng kaniyang ika-16 kaarawan. Nagsisimula pa lamang siya noon sa ikaapat na taon ng *high school*. Sa isang *suicide note*, inilahad niya ang saloobin ukol sa mabibigat na mga suliraning kinakaharap niya sa bahay at paaralan. Humingi siya ng kapatawaran sa maaga niyang pagpanaw. Makatuwiran ba ang ginawang pagpapatiwakal ni Marco?

4. Si Jose ay nagsimulang uminom ng alak noong 13 taong gulang pa lamang siya. Sa lugar na kaniyang tinitirhan, madali ang pagbili ng inuming may alkohol kahit ang mga bata. Naniniwala si Jose na normal lamang ang kaniyang ginagawa dahil marami ring tulad niya ang lulong sa ganitong gawain sa kanilang lugar. Ayon pa sa kaniya, ito ang kaniyang paraan upang sumaya siya at harapin ang mga paghihirap sa buhay.

5. Masalimuot ang buhay ayon kay Michael. Hindi siya nabigyan ng pagkakataon na makilala ang kaniyang totoong ama. Ang kaniyang ina naman ay nasa bilangguan dahil nasangkot sa isang kaso. Napilitang makitira si Michael sa mga kamag-anak upang maipagpatuloy ang kaniyang pag-aaral. Ngunit hindi naging madali para sa kaniya ang makisama sa mga ito. Isang araw, may lumapit na nakakikilala sa kaniya at nagtanong kung nais niya bang subukin ang *shabu*, isang uri ng ipinagbabawal na gamot. Nag-alangan pa siya sa simula, ngunit sa kapipilit ng kakilala ay pumayag din siya. Ito na ang simula ng kaniyang pagkalulong sa droga. Naniniwala si Michael na ito ang pinakamainam na paraan upang makaiwas sa mga suliranin niya sa buhay.

1. Hahatiin ang klase sa apat na pangkat. Gagabayan ng guro ang pagbibigay ng paksa, pagpapaliwanag sa paraan ng pagtataya sa gawain, pagsubaybay sa paghahanda, at panahon na ilalaan sa pagpaliwanag ng iba't ibang panig ng mga isyu sa buhay.
2. Sagutin ang sumusunod na tanong sa kuwaderno, pagkatapos na makapagpaliwanag ang lahat ng pangkat:
 - a. Ano ang iyong mga natuklasan sa natapos na gawain? Ipaliwanag.
 - b. Sa iyong palagay, ano ang nararapat na maging pasiya ng mga taong nabanggit sa mga sitwasyon?
 - c. Bakit nararapat na pahalagahan ang buhay?
 - d. Paano natin mapananatiling sagrado ang buhay na ipinagkaloob sa atin?

Upang higit na mapalalim ang iyong kaalaman sa kasagraduhan ng buhay, halina't sasamahan kita upang maunawaan ang susunod na babasahin.



D. PAGPAPALALIM

Basahin ang sumusunod na sanaysay.

Sa mga modyul sa Unang Markahan ng Baitang 10, naipaliwanag sa iyo ang mga konsepto na ikaw, bilang tao, ay natatangi at naiiba sa ibang mga nilalang na may buhay. Naunawaan mo na pinagkalooban ka ng isip, kilos-loob, puso, kamay, at katawan na siyang nagpabubukod sa iyong pagkatao at nagpapatibay na nilikha ka na kawangis ng Diyos. Nalaman mo na sa pamamagitan ng isip, ang tao ay may kakayahang hanapin, alamin, unawain, at ipaliwanag ang mga katotohanan, layunin at dahilan ng mga bagay-bagay sa kaniyang paligid. Bukod pa rito, maituturing din na isang mahalagang kaloob sa tao ang pagkakaroon ng kilos-loob sapagkat ito ang nagbibigay sa tao ng kakayahang gumawa, kumilos, pumili, at magmahal. Bawat isa sa atin ay biniyayaan ng Diyos ng kalayaan na mamili at mamuno sa ating paghusga, gawi, at kilos. Ang kilos-loob ang nagdadala sa atin na piliin ang mabuti, magkaroon ng disiplina sa sarili, pagtibayin ang mga unibersal na katotohanan, at panatilihin ang pagsasagawa nito nang paulit-ulit. Tulad ng isip, mahalaga na magabayan ang ating kilos-loob tungo sa kabutihan.

Dahil sa ating isip at kilos-loob, inaasahan na tayo ay makabubuo at makagagawa ng isang mabuti at matalinong posisyon sa kabila ng iba't ibang isyu na umiiral sa ating lipunan. Ano ang kahulugan ng salitang *isyu*? Ayon sa *website* na *www.depinisyon.com*, ang isyu ay isang mahalagang katanungan na kinapapalooban ng dalawa o higit pang mga panig o posisyon na magkakasalungat at nangangailangan ng mapanuring pag-aaral upang malutas.” (retrieved February 25, 2014)


Ang mga modyul sa ikaapat na markahan sa Baitang 10 ay tatalakay sa iba't ibang napapanahong *isyung moral* sa ating lipunan. Marahil sa pagsulong ng agham at sa mabilis na agos ng pamumuhay ng mga tao, tayo ay nakararanas ng kalituhan at unti-unti nang nagbabago ang ating pananaw sa moralidad. Ang mga gawi na itinuturing na masama sa mga nagdaang panahon ay nagkakaroon na ng iba't ibang pagtingin sa kasalukuyan. Dahil din sa nakalilitong mensahe ng *media*, mahirap makabuo ng matalino at mabuting posisyon ukol sa mga isyung ito. Sa kasamaang-palad, ang iba ay nakalilikha na ng mga opinyon nang hindi pa nasusuri at napag-iisipan ang iba't ibang panig, mga argumento, at batayan sa pagbuo ng posisyon kaugnay ng iba't ibang isyung moral.

Madalas mong marinig na ang tao ay natatangi at espesyal sa lahat ng nilikha ng Diyos. Sa kadahilanang ito, ang buhay na ipinagkaloob sa tao ay itinuturing na banal o sagrado. Naniniwala ka ba rito? Paano mo pinahahalagahan ang iyong buhay?

Sa aklat na “Perspective:” Current Issues in Values Education” (De Torre, 1992) sinasabi na, “Ang buhay ng tao ay maituturing na pangunahing pagpapahalaga. Ang isang tao ay hindi maaaring gumawa at mag-ambag sa lipunan kung wala siyang buhay. Ang isang tao ay dapat unang isilang upang mapaunlad ang kaniyang sarili at makapaglingkod sa kapuwa, pamayanan, at bansa. Kaya kinakailangang isilang at mabuhay siya.”

Ang buhay na ipinagkaloob sa tao ay kakaiba sa buhay na mayroon ang ibang nilikha. Bagaman ang tao ay nilikhang malaya, hindi nangangahulugang ito ay ganap. Kung ating babalikan ang Modyul 4, nabanggit doon na kailangan nating maging mapanagutan sa ating kalayaan. Kung ating susuriin ang pahayag na ito, mapatutunayan natin na bagama’t may kalayaan tayong mabuhay at pumili ng landas na ating tatahakin habang tayo ay nabubuhay, hindi bahagi nito ang pagsira o pagkitil sa sariling buhay o ng ibang tao kung sakaling napagod tayo at nawalan na ng pag-asa. Tungkulin natin bilang tao na pangalagaan, ingatan, at palaguin ang sariling buhay at ng ating kapuwa. Sa kabila ng katotohanang ito, nakalulungkot isipin na may ilang gawain ang tao na taliwas at tuwirang nagpapakita ng pagwawalang-halaga sa kasagraduhan ng buhay. Ano-ano ang mga ito? Halina’t pag-usapan natin ang iba’t ibang mga isyu tungkol sa buhay.

Mga Isyu tungkol sa Buhay



Ang Paggamit ng Ipinagbabawal na Gamot

Pamilyar ka ba sa mga katagang nasa kaliwa? Sino kaya ang maaaring magsabi nito? Tama! Ito ay mga kataga mula sa isang taong *high* sa droga.

Ang paggamit ng ipinagbabawal na gamot ay isa sa mga isyung moral na kinakaharap ng ating lipunan ngayon. Ito ay “isang estadong sikiko (*psychic*) o pisikal na pagdepende sa isang mapanganib na gamot, na nangyayari matapos gumamit nito nang paulit-ulit at sa tuloy-tuloy na pagkakataon.” (Agapay, 2007)

Ang pagkagumon sa ipinagbabawal na gamot ay nagdudulot ng masasamang epekto sa isip at katawan. Karamihan din ng mga krimen na nagaganap sa ating lipunan ay malaki ang kaugnayan sa paggamit ng droga.

Dahil sa droga, ang isip ng tao ay nagiging *blank spot*. Nahihirapan ang isip na iproseso ang iba’t ibang impormasyon na dumadaloy dito.

Sa kasalukuyan, may ilang mga tao na gumon sa ipinagbabawal na gamot. Ang ilan sa kanila ay naiimpluwensiyahan sa pamamagitan ng kanilang mga kaibigan o mga taong nakasalamuha sa kanilang paligid. Nakalulungkot isipin na ang mga ilang kabataang tulad mo ay kasama sa mga taong gumon dito. Ngunit bakit nga ba pati ang kabataan ay nagiging biktima ng masamang bisyong ito?

Karamihan sa mga kabataan ay nais mapabilang sa isang barkada o samahan (*peer group*). Kung hindi sila matalino sa pagpili ng sasamahang barkada, maaaring mapabilang sila sa mga gumagamit ng droga. Samantala, ang iba naman ay nais mag-eksperimento at subukin ang maraming bagay. Iniisip nila na sila ay bata pa at may lisensiya na gawin ito. Ang ilan pa sa kanila ay nagsasabing may mga problema sa kani-kanilang mga pamilya at nais magrebelde. Ginagamit nila ito upang makalimutan ang kahihyan at pagtakpan ang sakit na kanilang nadarama. Sang-ayon ka ba sa mga dahilang ito? Makatuwiran bang ibaling sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot kung sakaling may mga suliraning pinagdadaanan ang iyong pamilya? Hindi, sapagkat ito ay walang kabutihang maidudulot sa mga tao lalo na sa mga kabataan. Maaari itong makaapekto sa kanilang pag-aaral at personal na buhay. May tuwiran din itong epekto sa pag-iisip at damdamin ng isang tao. Dahil sa droga, ang isip ng tao ay nagiging *blank spot*. Nahihirapan ang isip na iproseso ang iba't ibang impormasyon na dumadaloy dito, na karaniwang nagiging sanhi ng maling pagpapasiya at pagkilos. Ito ay kadalasang nauwi sa paggawa ng mga di kanais-nais na bagay na higit na nakaaapekto sa ating pakikipagkapuwa tulad ng pagnanakaw at pagkitil ng buhay ng ibang tao. Bukod pa rito, nagpapabagal at nagpapahina rin ito sa isang tao na maaaring maging sanhi ng pagkakaroon ng maraming kabiguan sa buhay. Ang paggamit ng ipinagbabawal na gamot ay maaaring maghatid sa tao sa maling landas. Malaki ang nagiging epekto nito sa pagkamit natin ng tunay na kaganapan bilang tao. Nararapat na ang isang kabataang tulad mo ay magkaroon nang sapat na kaalaman ukol dito upang makaiwas sa mga taong maaaring makaimpluwensiya na gumamit nito.



Balikan natin ang halimbawa na ibinigay sa iyo sa Modyul 8 - Yugto ng Makataong Kilos:

Inalok ka ng iyong malalapit na kaibigan na sumama sa kanila at subuking gumamit ng ipinagbabawal na gamot. Ano ang iyong gagawin? Paano mo sila kukumbinsihin na huwag nang ituloy ang kanilang gagawin? Paano mo ipaliliwanag sa kanila na ito ay isang paglabag sa kasagraduhan ng buhay?

Alkoholismo

Let's drink all night! Alak pa!



Tulad ng paggamit ng ipinagbabawal na gamot, ang *alkoholismo* o labis na pagkonsumo ng alak ay may masasamang epekto sa tao. Ito ay unti-unting nagpapahina sa kaniyang enerhiya, nagpapabagal ng pag-iisip, at sumisira sa kaniyang kapasidad na maging malikhain. Dahil sa kaibahan ng kanilang pag-uugali at kawalan ng pokus, nababawasan ang kakayahan sa paglinang ng makabuluhang pakikipagkapuwa ang mga nagugumon sa alkohol. Ang ilan sa mga away at gulo na nasasaksihan natin sa loob at labas at ating mga tahanan ay may kinalaman sa labis na pag-inom ng alak. Kung minsan, nauwi pa ang mga away na ito sa iba't ibang krimen. Sa pagkakataong ito, masasabing naapektuhan ng alak o alkohol ang operasyon ng isip at kilos-loob ng tao na naging dahilan kung bakit nakagagawa siya ng mga bagay na hindi inaasahan katulad ng pakikipag-away sa kapuwa. Kung matatandaan mo, ayon sa Modyul 5, maaaring hindi siya masisi sa kaniyang ginawa dahil nasa ilalim siya ng impluwensiya ng alak at wala sa tamang pag-iisip, ngunit may pananagutan pa rin siya kung bakit siya uminom ng alak at gaano karami ang kaniyang nainom. Ang pag-inom ng alak ay hindi masama kung paiiralin lamang ang pagtitimpi at disiplina. Bukod sa epekto nito sa ating pag-iisip at pag-uugali, apektado rin ang ating kalusugan. Maraming sakit sa katawan ang kaugnay ng labis na pagkonsumo nito, tulad ng *cancer*, sakit sa atay at *kidney*. Kung hindi pagtutuunan ng pansin ang mga nabanggit na sakit, maaaring magresulta ito sa maagang pagkamatay ng isang tao. Bilang nilikha ng Diyos, inaasahan sa atin na isabuhay ang pagpapahalaga sa kalusugan ng ating katawan - tanda ng pagmamahal sa buhay na ipinagkaloob Niya sa atin.

Aborsiyon

Isa sa mga pinakamahahalagang isyu sa buhay ay ang *aborsiyon*. Ang isyung ito ay may mahabang kasaysayan at mabigat pa ring pinag-uusapan ng mga mananaliksik at ng publiko – higit lalo sa pagiging moral at legal nito. Ano ba ang aborsiyon? Bakit ito itinuturing na isyu sa buhay?

Ang *aborsiyon* o pagpapalaglag ay pag-alis ng isang *fetus* o sanggol sa sinapupunan ng ina. Sa ilang mga bansa, ang aborsiyon ay itinuturing na isang lehitimong paraan upang kontrolin o pigilin ang paglaki ng pamilya o populasyon, ngunit sa Pilipinas, itinuturing itong isang krimen. (Agapay, 2007)

Narito ang sumusunod na mga pangunahing katanungan ukol sa aborsiyon na nilalayong sagutin sa modyul na ito. Una, makatuwiran ba ang aborsiyon o pagpapalaglag? Ikalawa, maituturing na bang tao ang sanggol sa sinapupunan ng

ina? Siya ba ay nagtataglay na ng mga kapakanang moral at mga legal na karapatan na dapat pangalagaan? Paano naman ang kapakanang moral at karapatan ng ina? Ano-anong mga pamantayan ang maaaring sumuporta sa kasagutan sa mga tanong na ito?

Pro-life at Pro-Choice

Ang isyu sa aborsiyon ay nagbigay-daan upang magkaroon ng dalawang magkasalungat na posisyon ang publiko: ito ay ang *Pro-life at Pro-choice*.

1. *Pro-life*. Naniniwala ang mga tagapagtaguyod ng posisyong ito na:
 - a. Ang sanggol ay itinuturing na isang tao mula sa sandali ng paglilihi; ito ay nangangahulugang ang pagpapalaglag sa kaniya ay pagpatay, na tuwirang nilalabag ang mga pamantayang moral at batas positibo.
 - b. Kung ang pagbubuntis ay resulta ng kapabayaang ng ina (halimbawa, hindi niya ginawa ang tamang pag-iingat upang epektibong maiwasan ang hindi nilalayong pagbubuntis), dapat niyang harapin ang kahihinatnan nito. Tungkulin niya na iwasan ang pagbubuntis kung siya at ang kaniyang asawa ay hindi nais magkaanak.
 - c. Kung magiging katanggap-tanggap sa lipunan ang aborsiyon, maaaring gamitin ito ng mga tao bilang regular na paraan para hindi ituloy ang pagbubuntis.
 - d. Ang lahat ng sanggol ay may mahusay na potensiyal; bawat isa na ipinalalaglag ay maaaring lumaki at maging kapaki-pakinabang sa lipunan o sa buong mundo.
 - e. Maraming mga relihiyon ay hindi nag-eendorso ng pagpapalaglag o ilang mga paraan ng *birth control* dahil sa paniniwalang ang pakikipagtalik ay para sa layuning pagpaparami (*procreation*) lamang at ang sinumang batang nabubuhay ay mga anak ng Diyos. Ang pagkitil sa buhay ng isang anak ng Diyos ay masama.
2. *Pro-choice*. Ang mga tagapagsulong ng posisyong ito ay pinananatili na:
 - a. Ang bawat batang isinisilang sa mundo ay dapat mahalina at alagaan. Ang tamang pagpapalago sa pagkakaroon ng anak ay karaniwang nagbubunga ng mas magandang buhay para sa mga bata dahil may kakayahan ang mga magulang na suportahan ang kanilang mga anak sa pisikal, emosyonal, at pinansiyal na aspekto.
 - b. Ang *fetus* ay hindi pa maituturing na isang ganap na tao dahil wala pa itong kakayahang mabuhay sa labas ng bahay-bata ng kaniyang ina. Hindi maituturing na pagpatay ang pagpapalaglag ng isang *fetus* dahil umaasa pa rin ito sa katawan ng kaniyang ina upang mabuhay. Ang unang

Ang isyu sa aborsiyon ay nagbigay-daan upang magkaroon ng dalawang magkasalungat na posisyon ang publiko: ito ay ang *Pro-life at Pro-choice*.

prayoridad samakatuwid, ay ang katawan ng ina, at may karapatan siyang magpasiya para rito. Ang katawan ng isang babae ay bahagi ng kaniyang sarili, at nararapat siyang maging malaya na gawin kung ano sa palagay niya ang kinakailangan para sa kaniyang katawan at pangkalahatang kalusugan sa anumang sitwasyon.

- c. Sa mga kasong *rape* o *incest*, ang sanggol ay maaaring maging tagapagpaalala sa babae ng *trauma* na kaniyang naranasan. Ayon sa ilang pananaliksik, ang mga sanggol na ipinanganak bunga ng mga ganitong kaso ay nahaharap sa mataas na panganib ng kapabayaan o pang-aabuso mula sa kanilang mga ina.
- d. Kung sakaling ituloy ang pagbubuntis at magpasiya ang ina na dalhin sa bahay-ampunan ang sanggol pagkatapos, maraming bahay-ampunan ang kulang sa kapasidad na magbigay ng pangunahing pangangailangan ng mga bata.
- e. Ang aborsiyon, sa pangkalahatan ay ligtas na pamamaraan. Mas mababa pa sa 1% ng mga aborsiyon na ginawa bago ang ika-21 na linggo ng pagbubuntis ang nagresulta ng mga pangunahing komplikasyon tulad ng pagdurugo o impeksiyon. Habang itinuturing itong ilegal, tiyak na maraming babae ang patuloy na sasailalim nang palihim sa ganitong proseso at maglalagay sa kanilang kalusugan sa di-tiyak na sitwasyon at maaaring mauwi sa kamatayan.

Ang dalawang uri ng aborsiyon:

1. Kusa (*Miscarriage*). Ito ay ang pagkawala ng isang sanggol bago ang ika-20 linggo ng pagbubuntis. Ito ay tumutukoy sa natural na mga pangyayari, at hindi ginamitan ng medikal o artipisyal na pamamaraan.
2. Sapilitan (*Induced*). Ito ay ang pagwawakas ng pagbubuntis at pagpapaalis ng isang sanggol, sa pamamagitan ng pag-opera o pagpapainom ng mga gamot.

Suriin ang sitwasyon:

Isang ina na limang buwan nang nagdadalang-tao ang nagkaroon ng malubhang sakit. Sa pagsusuri ng mga doktor, nalaman niya na kailangang alisin ang kaniyang bahay-bata ngunit maaari itong magresulta sa pagkamatay ng sanggol sa kaniyang sinapupunan. Kung hindi naman ito isasagawa, maaaring magdulot ito ng mga komplikasyon at malagay sa panganib ang kaniyang buhay.



Ano ang nararapat niyang gawin sa sitwasyon na ito? Nararapat ba siyang bigyan ng pagkakataon na sagipin ang kaniyang sarili kahit maaari itong maging dahilan ng pagkamatay ng kaniyang anak? Maituturing ba itong isang halimbawa ng aborsiyon? Pangatwiran ang iyong sagot.

Sa sitwasyong ito, maaaring balikan ang aralin sa *Modyul 6: Ang Layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng kilos* upang mas maunawaan at mabigyang-katuwiran natin ang ating sagot sa sitwasyon sa pahina 268. Suriin ang talaan sa ibaba:

Layunin	Iligtas ang buhay ng ina.	Iligtas ang buhay ng sanggol sa sinapupunan ng ina.
Paraan	Gamutin ang mapanganib na sakit ng ina sa pamamagitan ng pag-alis ng bahay-bata.	Hindi itutuloy ang operasyon upang alisin ang bahay-bata ng ina.
Sirkumstansiya	Wala ng iba pang medikal na pamamaraan na maaaring gawin bukod sa alisin ang bahay-bata ng ina.	Makasasama ito sa kalusugan ng ina dahil maaaring mamatay ang sanggol sa sinapupunan ng ina.
Kahihinatnan	Masasagip ang buhay ng ina sa tiyak na kamatayan ngunit maaaring mamatay ang sanggol.	Maililigtas ang sanggol dahil hindi aalisin ang bahay-bata ngunit malalagay sa panganib ang buhay ng ina.

Sa pagkakataong ito, ano ang pipiliin mo?

Ang Prinsipyo ng *Double Effect*

Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, may mga oras kung kailan ang isang kilos na nararapat gawin ay maaaring magdala ng mabuti at masamang epekto. Bilang resulta, nagkakaroon ng isang problemang etikal. Ang isang halimbawa ay ang sitwasyon na inilahad sa itaas kung saan kinakailangang mamili kung aalisin ang bahay-bata ng ina upang malunasan ang kaniyang karamdaman, ngunit maaaring ikamatay ng sanggol sa kaniyang sinapupunan, o hindi ito aalisin subalit maaaring magkaroon ng komplikasyon at malagay sa panganib ang kaniyang buhay.

Kung gagamiting batayan ang Prinsipyo ng *Double Effect* sa sitwasyong ito, maaaring pumili ng isang kilos na magdudulot ng masamang epekto kung matutugunan ang sumusunod na apat na kondisyon.

Una, ang layunin ng kilos ay nararapat na mabuti. Kung iuugnay sa sitwasyon sa pahina 268, ang pagsagip ng buhay ng ina o ng sanggol ang nararapat na ilayon, at hindi ang pagkitil ng alinman sa dalawa. Samakatuwid, ang direkta at intensiyonal na pagpatay sa sanggol ay itinuturing na masama, kahit pa bunga ng masamang gawain o pagsasamantala ang pagbubuntis. Hindi kailanman magiging mabuti ang pumatay ng inosenteng sanggol. Gayunman, maaaring gamitin ang Prinsipyo ng *Double Effect* sa sitwasyon ng isang inang may karamdaman at nararapat alisin ang bahay-bata upang sagipin ang kaniyang buhay, kahit maaari itong maging dahilan ng pagkamatay ng kaniyang anak. Ngunit kinakailangan pa ring matugunan ang tatlo pang natitirang kondisyon ng Prinsipyo ng *Double Effect*.

Ikalawa, ang masamang epekto ay hindi dapat direktang nilayon ngunit bunga lamang ng naunang kilos na may layuning mabuti. Halimbawa, pinahihintulutan o hindi itinuturing na masama ang pagkamatay ng sanggol sa sinapupunan ng ina, kung hindi naman ito ang totoong layunin ng ina bagkus gamutin ang kaniyang karamdaman. Ang pagpanaw ng kaniyang anak ay epekto lamang ng isasagawang panggagamot at hindi tuwirang ginusto.

Ikatlo, ang mabuting layunin ay hindi dapat makuha sa pamamagitan ng masamang pamamaraan. Halimbawa, sa isyu ng aborsiyon, ang kamatayan ng hindi pa isinisilang na sanggol ay hindi maaaring gamitin bilang isang paraan ng paglilimita ng paglaki ng pamilya, pagpigil sa kapanganakan ng mga may depekto, o sa pagpapahusay ng karera ng mga magulang. Sa kabilang banda, ang paggamot sa nakamamatay na sakit ng ina sa pamamagitan ng pag-alis ng kaniyang bahay-bata ay katanggap-tanggap kahit pa maaaring ikamatay ito ng kaniyang anak.

Ikaapat, kinakailangan ang pagkakaroon ng mabigat at makatuwirang dahilan upang maging katanggap-tanggap ang masamang epekto. Sa kaso ng aborsiyon, hindi masasabing makatuwiran kung ang gagamiting dahilan sa pagsasagawa nito ay ang pagpapanatili ng hubog ng katawan, pigilin ang kapanganakan ng mga batang may depekto, o kahit pa para iwasan ang kahihyan dahil ang ipinagbubuntis ay bunga ng masamang gawain. Sa kabilang banda, magiging katanggap-tanggap ito kung dahil sa pagsagip ng buhay ng ina ay hindi maiwasan ang pagkamatay ng sanggol sa kaniyang sinapupunan. Sa huli, mas makabubuti pa rin kung makahahapan ng iba pang paraan (medikal o hindi) kung saan parehong maililigtas ang buhay ng ina at ng sanggol.

Pagpapatiwakal

Ano ang iyong naiisip at nararamdaman sa tuwing may mababalitaan kang nagpatiwakal? Napapanahong pag-usapan ang isyu ng pagpapatiwakal o *suicide* dahil may ilang kabataang tulad mo ang nagsagawa na nito, at patuloy pang nadaragdagan ang bilang nila.



Ano ba ang kahulugan ng pagpapatiwakal? Ito ay ang sadyang pagkitil ng isang tao sa sariling buhay at naaayon sa sariling kagustuhan. Dapat may maliwanag na intensiyon ang isang tao sa pagtatapos ng kaniyang buhay bago ito maituring na isang gawain ng pagpapatiwakal. Hindi na mahalaga kung anuman ang piniling paraan, hangga't naroroon ang motibo. Gayunpaman, may mga tao na kahit tuwirang inilalagay ang kanilang sarili sa panganib, ito ay hindi itinuturing na kilos ng pagpapatiwakal sapagkat inihahain nila ang kanilang mga sarili sa matinding panganib para sa isang mas mataas na dahilan. Masasabing magiting na pagkilos ang mawalan ng buhay sa pagtatangkang pangalagaan ang buhay ng iba. Ang magandang halimbawa nito, ay ang pagsasakripisyo ng ating mga sundalo at pulis, kung saan nalalagay ang kani-kanilang mga buhay sa alanganin sa pagtatanggol sa ating mga mamamayan mula sa mga masasamang loob.

Ngunit bakit nga ba may mga taong nagpapatiwakal? Ang kawalan ng pag-asa (*despair*) ay isa sa mga karaniwang dahilan kung bakit may ilang taong pinipiling kitlin ang sarili nilang buhay. Ito ay tumutukoy sa pagkawala ng tiwala sa sarili at kapuwa, gayundin ang pagkawala ng paniniwala na may mas magandang bukas pang darating. Marami sa mga nakararanas nito ay itinuturing ang kanilang sarili na wala nang halaga.

Ayon kay Eduardo A. Morato sa kaniyang aklat na *Self-Mastery* (2012), upang mapigilan ang kawalan ng pag-asa, kinakailangang mag-isip ang isang tao ng mga malalaking posibilidad at natatanging mga paraan upang harapin ang kaniyang kinabukasan. Ang pananatili sa isang mahirap na sitwasyon ay maaari lamang makaragdag sa kawalan ng pag-asa. Bukod pa rito, mahalagang maging positibo sa buhay upang mabawasan ang mabigat na dinadala ng isang tao. Sa kabilang banda, hindi nararapat husgahan ang mga taong nagpatiwakal. Maaaring sila ay wala sa tamang pag-iisip (halimbawa, *depresyon*) sa oras na ginawa nila iyon.

Kung ating babalikan, nabanggit sa Modyul 3 na may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay. Ang pagkain ng tama, pag-inom ng gamot sa tuwing may sakit, at pag-iingat sa sarili ay bahagi ng pagpapahalaga ng tao sa kaniyang buhay. Natural itong dumadaloy sa kaniyang mga gawain at kilos, kung kaya masasabing hindi likas sa tao ang kitlin ang sariling buhay. Hindi nararapat ilagay sa sarili nating mga kamay ang pagpapasiya kung dapat nang wakasan ang buhay na ipinagkaloob sa atin ng Diyos. Upang makaiwas sa depresyon at hindi mawalan ng pag-asa, mahalagang panatilihin abala ang sarili sa mga makabuluhang gawain tulad ng paglilingkod sa kapuwa at pamayanan. Makatutulong din nang malaki ang pagkakaroon ng matibay na *support system* na kinabibilangan ng ating pamilya at tunay na mga kaibigan na makapagbibigay ng saya at pagmamahal tuwing makararamdam tayo na walang halaga ang ating buhay.



Sa iyong palagay, may karapatan ba ang tao na maging *Diyos* ng sarili niyang buhay? Pangatwiran.

Euthanasia (*Mercy Killing*)

Isang lalaki ang may nakamamatay na sakit. Sa ospital kung saan siya namamalagi, makikitang maraming medikal na kagamitan ang nakakabit sa kaniya. Sa ganitong kalagayan, masasabi na hinihintay na lamang niya ang takdang oras. Isang araw, nakiusap siya na alisin ang lahat ng kagamitang medikal at payagan na siyang umuwi at mamatay sa kapayapaan. Ngunit tumanggi ang mga doktor, sa kadahilanang kapag ginawa nila iyon, tiyak na magresulta sa kaniyang agarang kamatayan. (Source: www.yahoo.com)



Ang *euthanasia* o *mercy killing* ay isang gawain kung saan napadadali ang kamatayan ng isang taong may matindi at wala nang lunas na karamdaman. Ito ay tumutukoy sa paggamit ng mga modernong medisina at kagamitan upang tapusin ang paghihirap ng isang maysakit.

Ang *euthanasia* kung minsan ay tinatawag ding *assisted suicide*, sa kadahilanang may pagnanais o motibo ang isang biktima na wakasan ang kaniyang buhay, ngunit isang tao na may kaalaman sa kaniyang sitwasyon ang gagawa nito para sa kaniya. Isang halimbawa nito ay maaaring ang isang maysakit ang humihiling sa isang taong may kaalaman sa mga gamot na bigyan siya ng isang labis na dosis ng pampawala ng sakit.

Ang sakit at paghihirap ay likas na kasama sa buhay ng tao. Ang pagtitiis sa harap ng mga pagsubok ay isang anyo ng pakikibahagi sa plano ng Diyos. Samakatuwid, hindi maaaring hilingin ng isang tao na tapusin ang kaniyang paghihirap sa pamamagitan ng kamatayan. Higit na mabuti kung pagmamahal at pag-aalala ang ibibigay sa kanila, hindi kamatayan.



Life Support Machine

Hindi ipinipilit ang paggamit ng mga hindi pangkaraniwang mga pamamaraan at mamahaling mga aparato upang pahabain ang buhay ng isang tao. Sa madaling salita, ang pagpapatigil sa paggamit ng mga *life support* ay hindi itinuturing na masamang gawain. Ito ay maliwanag na pagsunod lamang sa natural na proseso. Ang ipinagbabawal ay ang mga gawain na tuwirang naglalayon na mapadali ang buhay tulad ng pagbibigay ng lason o labis na dosis ng gamot.



Kung susuriin natin ang sitwasyon sa itaas, maituturing bang isang paglabag sa kasagraduhan ng buhay kung sakaling pumayag ang mga doktor na tanggalin ang mga kagamitang medikal? Bakit?

Paano ang buhay para sa mga Di-normal? (*Persons with Disabilities o PWD*)

Madalas nating marinig na ang buhay ng tao ay sagrado o banal. Naniniwala ka ba rito? Ang pahayag na ito ay karaniwang ginagamit bilang argumento sa mga isyu tulad ng paggamit ng ipinagbabawal na gamot at alak, aborsiyon, pagpapatiwakal, at *euthanasia*. Kung susuriin, bakit mas mataas ang pagpapahalagang ibinibigay sa buhay ng tao kung ikukumpara sa buhay ng ibang nilalang? May malalim bang dahilan ito? Ano-ano ang mga patunay na sumusuporta sa pahayag na “ang buhay ay sagrado?”

Ayon sa Bibliya, ang kabanalan ng buhay ay maiuugnay sa kapangyarihan ng Diyos bilang Dakilang Manlilikha. Ang tao ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos. Nangangahulugan ito na ang tao ay may mga ilang katangian na gaya ng katangian Niya. Ngunit hindi ito tumutukoy sa materyal na aspekto. Sinasabi ng Bibliya na ang Diyos ay *Espiritu* kaya Siya’y walang pisikal na katawan o anyo. Dahil dito, ang tao ay nilalang na may espiritu. Ito ang ipinagkaiba ng tao sa mga hayop at iba pang nilikha ng Diyos. Binigyan Niya tayo ng kakayahang mag-isip, pumili, magdesisyon at makisama. Lahat ng tao, anuman ang katayuan sa buhay ay pantay-pantay sa kakayahang ito.

“Ang buhay ng tao ay napakahalaga; kahit na ang mga pinakamahihina at madaling matukso, mga may sakit, matatanda, mga hindi pa isinisilang at mahihirap, ay mga obra ng Diyos na ginawa sa sarili Niyang imahe, laan upang mabuhay magpakailanman, at karapat-dapat ng mataas na paggalang at respeto.” – *Papa Francis ng Roma*

Sabi ni Papa Francis ng Roma, “Ang buhay ng tao ay napakahalaga; kahit na ang mga pinakamahihina at madaling matukso, mga may sakit, matatanda, mga hindi pa isinisilang at mahihirap, ay mga obra ng Diyos na ginawa sa sarili Niyang imahe, laan upang mabuhay magpakailanman, at karapat-dapat ng mataas na paggalang.”

Ang pahayag ni Papa Francis ay tumutukoy sa dignidad ng tao na nagmula sa Diyos. Ito ay likas sa tao. Ito ay umiiral sa pangkalahatan, samakatuwid taglay ng lahat ng tao. Dahil sa dignidad, nagiging karapat-dapat ang tao sa pagpapahalaga at paggalang mula sa kaniyang kapuwa. Lahat ng tao, anuman ang kanilang gulang, anyo, antas ng kalinangan, at kakayahan ay may dignidad.

Sa pananaw ng iba’t ibang mga relihiyon, ang buhay ay sagrado. Ito ay kaloob mula sa Diyos. Itinuturing na maling gawain ang hindi paggalang sa kabanalan ng buhay dahil ito ay indikasyon ng kawalan ng pasasalamat at pagkilala sa kapangyarihan ng Diyos.

Masasabing isang maliwanag na batayan ang pagkakaroon ng dignidad kung bakit obligasyon ng bawat tao ang igalang ang sariling buhay at ang buhay ng kaniyang kapuwa. Ang buhay ay ipinagkaloob sa atin ng Diyos upang gamitin natin sa mabuting paraan. Subalit hindi natin maitatangi na

marami sa mga gawain ng tao ngayon ay taliwas sa kabutihan at may tuwirang epekto sa ating dignidad. Hindi lahat ay naisasapuso at napaninindigan na sagrado ang buhay at nararapat itong pangalagaan.

Ngunit, paano ang buhay para sa mga taong di-normal? Halimbawa, ang isang mag-asawa ay nagkaroon ng anak na may *Down Syndrome*. Maaari ba nating sabihin na walang karapatan mabuhay ang bata dahil ang kalidad ng buhay na magkakaroon siya ay lubhang limitado? Kung susundan natin ang pahayag ni Papa Francis ng Roma, lahat ng tao, kahit iyong isinilang na may kapansanang pisikal o sa pag-iisip ay may karapatang mabuhay at bigyan ng paggalang. Nararapat nating isipin na bawat isa sa atin, normal man o hindi, ay maaaring makapagbigay ng kontribusyon at makapag-ambag sa pagbabago ng lipunan.

Sa pananaw ng iba't ibang mga relihiyon, ang buhay ay sagrado. Ito ay kaloob mula sa Diyos. Itinuturing na maling gawain ang hindi paggalang sa kabanalan ng buhay dahil ito ay indikasyon ng kawalan ng pasasalamat at pagkilala sa kapangyarihan ng Diyos.

Bukod pa rito, ang tao ay nilikha na may likas na pagkahilig sa kabutihan. Kahit pa sinasabing siya ay may kalayaang pumili para sa sarili, inaasahan pa rin na magiging mapanagutan siya sa bawat pagpapasiya at pagkilos na kaniyang isasagawa. Magkaroon man ng iba't ibang impluwensiya galing sa *media* at kapaligiran, nararapat lamang na gamitin niya ang kaniyang mapanuring pag-iisip upang makabuo ng mabuti at tamang posisyon tungkol sa iba't ibang isyung moral sa buhay.

Bilang isang sa mga kabataan, paano mo mapananatiling sagrado ang buhay?





Tayahin ang iyong pag-unawa

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang kahulugan ng *isyu*?
2. Paano naiiba ang buhay na ipinagkaloob sa tao kung ikukumpara sa buhay ng ibang nilikha ng Diyos?
3. Paano nakaaapekto sa ating isip at kilos-loob ang paggamit ng ipinagbabawal na gamot at alkoholismo?
4. May karapatan ba ang tao na maging *Diyos* ng sarili niyang buhay? Ipaliwanag ang iyong sagot.
5. Bakit sagrado ang buhay ng tao?
6. Paano natin mapananatili ang “kasagraduhan” ng buhay ng tao?

Paghinuha sa Batayang Konsepto

Panuto: Gamit ang *graphic organizer* ay buuin ang mahalagang konsepto na nahinuha mula sa mga nagdaang gawain at babasahin na binasa.

Ang pagbuo ng _____ tungkol sa mga isyung may kinalaman sa _____ ng  sa  niya sa  bilang kaloob ng Diyos ay kailangan upang _____ ang ating pagkilala sa Kaniyang _____ at _____ at kahalagahan ng  bilang _____ ng Diyos.

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 5

1. Sa pagkakataong ito ay napatunayan mo nang sagrado ang buhay na kaloob ng Diyos sa iyo. Balikan mo ang iba't ibang isyu tungkol sa buhay at pag-aralan ang mga argumento sa mga isyung ito na inilahad sa bahagi ng Pagpapalalim. Sumulat ng isang *position paper* na maglalahad ng iyong sariling pananaw sa mga gawaing taliwas sa batas ng Diyos at kasagraduhan ng buhay. Sundin ang pormat sa ibaba. Gawin ito sa malinis na papel. (*short bond paper*)

- I. *Title Page*
- II. Panimula
 - A. Pagpapakilala ng paksa
 - B. Ang sariling pananaw sa isyu
- III. Mga Argumento sa Isyu
 - A. Buod ng mga argumento
 - B. Mga impormasyong sumusuporta sa mga argumento
 - C. Mga ebidensiya para sa mga argumento
- IV. Ang Sariling Posisyon sa Isyu
 - A. Unang punto ng iyong posisyon
 1. Opinyon sa unang punto
 2. Mga ebidensiya
 - B. Ikalawang punto ng iyong posisyon
 1. Opinyon sa ikalawang punto
 2. Mga ebidensiya
 - C. Ikatlong punto ng iyong posisyon
 1. Opinyon sa ikatlong punto
 2. Mga ebidensiya
- IV. Konklusyon
 - A. Buod ng iyong posisyon
 - B. Plano ng pagkilos
- V. Sanggunian

Pagninilay

Gawain 6

Panuto: Sa iyong kuwaderno, isulat ang mga mahahalagang repleksiyong nakuha mula sa aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na tanong:

1. Bakit sinasabing ang buhay ng tao ay higit na sagrado kaysa sa iba pang uri ng buhay?
2. Bilang isang kabataan, paano mo mapananatili ang kasagraduhan ng buhay?

Pagsasabuhay

Gawain 7

Panuto:

1. Hahatiin ng guro ang klase sa apat na pangkat.
2. Maghanap at magtala ng mga organisasyon sa inyong lugar na nagsusulong ng kasagraduhan ng buhay.
3. Makipag-ugnayan sa mga ito at pumili ng isang samahan na ang itinataguyod na paniniwala ay katulad ng sa inyo. Alamin kung paano kayo makatutulong sa kanilang mga programa sa pamamagitan ng paglalaan ng inyong panahon at kakayahan (Halimbawa: paggawa at pamimigay ng mga *flyers* tungkol sa kasagraduhan ng buhay).
4. Maglaan ng isa o dalawang araw upang maisagawa ito. Lumikha ng isang *photo journal* bilang patunay ng inyong pagsasabuhay ng gawain.
5. Ang inyong *photo journal* ay nararapat na maglaman ng mga tala at larawan na nagdedetalye ng inyong mga naging karanasan sa gawain at nagpapakita ang iyong kaalaman tungkol sa mga isyu sa buhay.

Mga kakailangang kagamitan (website, software, mga aklat, worksheet)

Mga sanggunian:

Agapay, Ramon B. (2007) *Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Educators*. Mandaluyong City: National Bookstore Inc.

Goddard, Andrew. (2006) *A Pocket Guide to Ethical Issues*. England: Lion Hudson Plc

De Torre, Joseph M. et al. (1992) *Perspective: Current Issues in Values Education Book 4* (Values Education Series) Manila: Sinagtala Publishers Inc.

Esteban, Esther J. (1990) *Education in Values: What, Why and for Whom*. Manila: Sinag-tala Publishers Inc.

Morato, Eduardo Jr. A. (2007) *Self-Mastery*. Quezon City: Rex Printing Company Inc.

Pojman, Louis P. (1990) *Life and Death: Grappling with the Moral Dilemmas of our Time (Second Edition)* Canada: Wadsworth Publishing Company Publishers, Inc.

Punsalan, Twila G. et al. (2008) *Goodness in Spirit*. Makati: Salesiana Publishing House

Mula sa Internet:

Stewart (2010) *General Format for Position Paper*: 2010 Retrieved July 2, 2014 from <http://www.montana.edu/craigs/HDCF%20371%20POSITION%20PAPER%20FORMAT.html>

Arguments For and Against Abortion: 2013 Retrieved October 27, 2014 from <http://www.soc.ucsb.edu/sexinfo/article/arguments-and-against-abortion>

Irving, Dianne N. (2000) *Abortion: Correct Application of Natural Law Theory* Retrieved October 27, 2014 from http://www.lifeissues.net/writers/irv/irv_08natlaw.html

Mga larawan:

3d Illustration of Poison Bottle over White Background. Retrieved March 8, 2014 from www.shutterstock.com/pic-71...

Alcohol Abuse. Retrieved March 8 2014 from [blog-post-week-39-2.jpg](http://www.valiantrecovery.com/blog/category/alcohol-abuse-2)
www.valiantrecovery.com/blog/category/alcohol-abuse-2

Drunk Men. Retrieved March 8, 2014 from <http://shutterstock.7eer.net/c/77643/108110/1305?u=http%3A%2F%2Fwww.shutterstock.com%2Fpic-37922248%2Fstock-vector-drunk-men-vector.html%3Fsrc%3DPS5DwrRy6S3EBRIUs8iKRA-1-1>

Forceps. Retrieved March 8, 2014 from <http://foto.bilgibende.com/forceps>

I Quit. Retrieved March 8, 2014 from <http://www.istockphoto.com/photo/i-quit-9788923>

Marijuana Leaf. Retrieved March 8, 2014 from www.thirdage.com/news/test-strips-recall-blood-glucose-test-strips-recalled_1...

Medical Doctor. Retrieved March 8, 2014 from especialidade_medica_oncologia_7b193e... www.fotosefotos.com/category/Gifs%20e...

Silhouette-man health-care icon - hospital sick bed. Retrieved March 8, 2014 from www.shutterstock.com/pic-70...

White Wine Poured into Glass. Retrieved March 8, 2014 from <http://www.gettyimages.com/detail/photo/white-wine-poured-into-a-glass-royalty-free-image/med311053>

MODYUL 14: MGA ISYUNG MORAL TUNGKOL SA SEKSUWALIDAD



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

“Kung mahal mo ako, sumama ka sa akin ngayon at patunayan mo ito.”
Pamilyar ka ba sa mga katagang ito? Nasabi mo na ba ito o kaya’y sinabi na ito sa iyo? Ano ang nasa isip mo nang sabihin mo ito? Ano ang naisip mo nang ito’y sabihin sa iyo?

Ang mga katagang nabanggit ay may kaugnayan sa paggamit ng seksuwalidad ng tao. Ano ba ang kahalagahan ng seksuwalidad sa buhay? Ano ang nangyayari kapag ito ay naabusado?

Sa Baitang 8, natutuhan mo kung ano ang seksuwalidad. Nalaman mo rin na binibigyan tayo ng hamon na buuin at palaguin ito. Subalit sa panahon ngayon, marami tayong makikitang mga manipestasyon na hindi na ginagalang ang seksuwalidad. Marami tayong nakikitang mga isyu na hindi maintindihan at natutugunan.

Sa modyul na ito, inaasahang masagot mo ang **Mahalagang Tanong na: Bakit mahalagang magkaroon ng malinaw na posisyon sa mga isyu ng kawalan ng paggalang sa seksuwalidad?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- 14.1 Natutukoy ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad
- 14.2 Nasusuri ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad
- 14.3 Napatutunayan ang Batayang Konsepto ng aralin
- 14.4 Nakagagawa ng malinaw na posisyon tungkol sa isang isyu sa kawalan ng paggalang sa seksuwalidad

Naririto ang mga kraytirya ng pagtataya ng output sa Kakayahang Pampagkatuto 14.4:

Ang nabuong malinaw na posisyon o pagpapasiya tungkol sa isang isyu sa kawalan ng dignidad at seksuwalidad ay:

1. Nararapat na isang mabuting kilos
2. Sumusunod o naaayon sa batas
3. May mataas na pagpapahalaga
4. Paggalang sa sarili at sa iba

Bago magsimula ang pagtalakay sa mga paksang susunod, sagutin ang maikling pagtataya bilang sukatan ng iyong mga kaalaman at maging puhunan mo sa mga susunod pang talakayan. Handa ka na ba?



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang pinakatamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang gawaing pagtatalik bago ang kasal ay isyung may kinalaman sa
 - a. Pang-aabusong seksuwal
 - b. Pre-marital sex
 - c. Pornograpiya
 - d. Prostitusyon

2. Ang pang-seksuwal na kakayahang kaloob ng Diyos sa tao ay tumutugon sa mga layuning
 - a. Magkaroon ng anak at magkaisa.
 - b. Magkaisa at maipahayag ang pagnanasa.
 - c. Makadama ng kasiyahan at magkaroon ng anak.
 - d. Magkaroon ng trabaho at makadama ng kasiyahan.

3. Kailan masasabing ang paggamit sa seksuwalidad ng tao ay masama?
 - a. Kapag ang paggamit ay nagdadala sa kasiyahan.
 - b. Kapag ang paggamit nito ay nauuwi sa pang-aabuso.
 - c. Kapag ang paggamit ay hindi nagdadala sa tunay na layunin ng seksuwalidad.
 - d. Kapag ang paggamit ay nagdadala sa tao upang maging isang pakay o kasangkapan.

4. Alin sa sumusunod ang hindi tumutukoy sa mga isyung seksuwal?
 - a. Si Jessica ay araw-araw hinihipuan ng kaniyang amain sa maseselang bahagi ng kaniyang katawan.
 - b. Niyaya ni Noli ang matagal na niyang kasintahang si Malyn na magpakasal sapagkat gusto na nilang magtatag ng pamilya.
 - c. Dala ng kabataan at bugso ng damdamin, nagbunga ang isang gabing pagkalimot sa sarili ni Daisy at ng kaniyang *boyfriend* na si Ariel.
 - d. Maganda ang hubog ng katawan ni Ann kaya nagpasiya siyang magpaguhit nang nakahubad.

5. Alin sa sumusunod ang tamang pananaw sa pakikipagtalik?
- Ang pakikipagtalik ay isang karapatang makaranas ng kasiyahan.
 - Ang pakikipagtalik ay kailangan ng tao upang maging malusog at mabuhay.
 - Ang pakikipagtalik ay tama kapag parehong may pagsang-ayon ang gagawa nito.
 - Ang pakikipagtalik ay ang pagsasakatawan ng pagmamahal na ipinapahayag ng mag-asawa sa bawat isa.
6. Ang isang lalaki o babae ay nagkakaroon ng kakayahang makibahagi sa pagiging manlilikha ng Diyos kapag tumuntong na sa edad ng pagdadalaga o pagbibinata (*puberty*). Subalit kahit sila ay may kakayahang pisyolohikal na gamitin ito, hindi nangangahulugang maaari na silang makipagtalik at magkaroon ng anak. Hanggang wala sila sa wastong gulang at hindi pa tumatanggap ng sakramento ng kasal, hindi sila kailanman magkakaroon ng karapatang makipagtalik. Anong katotohanan ang ibinubuod ng pahayag na ito?
- Maaari nang makipagtalik ang kabataang nagdadalaga at nagbibinata na.
 - Maaari nang magkaroon ng anak ang kabataang nagtatalik.
 - Ang mga taong may kakayahang pisyolohikal ay maaari nang makipagtalik.
 - Ang mga taong nasa wastong gulang at ipinagbuklod ng kasal ang maaari lamang na makipagtalik.
7. Nag-iisa sa bahay si Arlyn at dumating ang kaniyang kasintahang si Jonel. Pinatuloy niya ito at sila'y nag-usap. Habang tumatagal ay nag-iba ang tema ng kanilang usapan. Naging agresibo si Jonel at sinimulan nitong halikan si Arlyn. Sabi pa ni Jonel, "tayo lang naman ang nandito." Kung ikaw si Arlyn, ano ang iyong gagawin?
- Magagalit kay Jonel at ito ay paaalisin sa kanilang bahay.
 - Magpapakipot muna pero sasang-ayon din sa kagustuhan ni Jonel.
 - Kakausapin si Jonel at sasabihing panagutan kung anuman ang mangyayari sa kanila.
 - Kakausapin si Jonel nang mahinahon at ipapaliwanag kung ano ang tama.

Para sa Bilang 8-10.

Panuto: Suriin ang sumusunod na sitwasyon at tukuyin kung nararapat o hindi ang pagpapasiyang ginawa ng mga tauhan sa kuwento. Isulat ang N kung ito ay nararapat at HN kung hindi marapat. Ipaliwanag ang iyong sagot.

8. Si Wilson ay nakatira sa kaniyang nanay at amain. Isang araw, pumasok ang kaniyang amain sa kuwento niya at nagpakita ng mga malalawang litrato. Hindi mapakali si Wilson at hindi niya alam ang kaniyang sasabihin. Sabi ng kaniyang amain, "Halika rito, anong klaseng lalaki ka?" Kinuha ni Wilson ang babasahin at ito'y kaniyang tiningnan at nagustuhan naman niya ito.


9. Hiniling ng isang kapitbahay ni Mela na kunan siya ng litrato na nakabikini. Sinabi sa kaniyang maaari itong ipagbili sa isang kompanya ng pagmomodelo at kumita ng malaking pera. Tumanggi si Mela at sinabing ang katawan niya ay hindi kailanman maaaring *i-display*.
10. Si Aileen ay 15 taong gulang at miyembro ng mahirap na pamilya. Wala na siyang interes na mag-aral mula ng paulit-ulit siyang pagsamantalahan ng kaniyang amain. Nakilala niya si Merly at niyaya siya nitong mamuhay sa lansangan at magbenta ng aliw. Sumama siya rito at nagsabing lubog na rin naman siya sa putik kung kaya't marapat lang na ito ang kaniyang gawin at kikita pa siya.



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1: Pag-isipan Mo

Panuto: Isulat mo ang sarili mong pagkaunawa sa salitang “Seksuwalidad”. Maglagay sa bilog ng mga salitang maiuugnay dito. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



Gawain 2: Mga Titik at Larawan

Panuto: Pag-aralan ang mga larawang ipamimigay ng guro at tukuyin kung anong isyu tungkol sa seksuwalidad ang tinutukoy ng mga ito. Buuin ang mga titik na angkop sa mga larawang ipinamahagi.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang iyong naging damdamin mula sa mga larawang nakita?
2. Anong mahahalagang katotohanan ang naiparating sa iyo ng mga larawan?
3. Ano kaya ang maaari mong gawin upang hindi maranasan o matulad sa mga taong kaugnay ng binuod mong balita? Bakit?

Gawain 3: Pag-usapan Natin

Panuto: Suriin ang sumusunod na pahayag. Pag-usapan sa klase kung ikaw ay sang-ayon o hindi sa mga pahayag na nabanggit batay sa konseptong napapaloob sa aralin. Magbigay ng dahilan o paliwanag kung bakit sang-ayon o hindi sang-ayon sa pahayag.

Pahayag	Sang-ayon o Hindi sang-ayon	Paliwanag o Dahilan
1. Ang pakikipagtalik ay normal para sa kabataang nagmamahalan.		
2. Ang pagtatalik ng magkasintahan ay kailangan upang makaranas ng kasiyahan.		
3. Tama lang na maghubad kung ito ay para sa sining.		
4. Ang pagtingin sa mga malalaswang babasahin o larawan ay walang epekto sa ikabubuti at ikasasama ng tao.		
5. Ang tao na nagiging kasangkapan ng pornograpiya ay nagiging isang bagay na may mababang pagpapahalaga.		
6. Ang pang-aabusong seksuwal ay taliwas sa tunay na esensiya ng seksuwalidad.		
7. Ang paggamit ng ating katawan para sa seksuwal na gawain ay mabuti ngunit maaari lamang gawin ng mga taong pinagbuklod ng kasal.		
8. Ang pagbebenta ng sarili ay tama kung may mabigat na pangangailangan sa pera.		
9. Ang pagkalulong sa prostitusyon ay nakaaapekto sa dignidad ng tao.		
10. Wala namang nawawala sa isang babae na nagpapakita ng kaniyang hubad na sarili sa <i>internet</i> . Nakikita lang naman ito at hindi nahahawakan.		

Matapos ang pagsusuri sa mga pahayag, subukin mo namang bigyang paliwanag ang sitwasyon. Pagpasiyahan mo kung sang-ayon ka o hindi sang-ayon gamit ang sumusunod na tanong.

1. Tama kaya ang naging mga kasagutan mo? Pangatwiran.
2. Ano ang mga batayan mo sa pagsang-ayon o hindi-pagsang-ayon sa mga pahayag na nabanggit?



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 4

Madalas tayong nagkakaroon ng pagkakataon para tulungan ang ating mga kaibigan lalo na kapag may problema sila.

Panuto: Basahin ang sitwasyon sa ibaba at magtala ng mga maaaring gawin upang ang suliranin sa kuwento ay malutas

Si Bing ay labis na nag-aalala sa kaniyang matalik na kaibigang si Clarissa. Wala silang lihim na itinatago sa isa't isa. Matapos ang tatlong araw na pagliban sa klase, nakita ni Bing si Clarissa na umiiyak. Niyaya ni Bing si Clarissa sa kantina ng paaralan upang mag-usap. Hinayaan lang ni Bing na magsalita si Clarissa. Sabi ni Clarissa, hindi niya nagugustuhan ngayon ang kaniyang hitsura at hindi siya maunawaan ng kaniyang ina ngayon. Naiisip ni Clarissa na maglayas. Nararamdaman ni Bing na may mas mabigat pang dahilan kung bakit ganoon si Clarissa.

Inamin ni Clarissa na hindi na siya masaya sa kanilang bahay. Dagdag pa niya, sa mga nagdaang buwan ay pinagsasabihan siya ng nobyo ng kaniyang ina ng malalasang salita at marami na ring beses na hinihipuan siya nito. Natatakot siyang sa mga susunod ay mas malala pa ang gawin nito sa kaniya.


Nararamdaman na ni Clarissa na siya ay unti-unting naaabuso ng nobyo ng kaniyang ina ngunit siya ay natatakot na sabihin ito sa kaniyang ina. Hinikayat siya ni Bing na gawin ang pagsabi sa kaniyang ina ng mga nararamdaman. Di nagtagal, nagkasarilinan ang mag-ina at sinabi ni Clarissa ang kaniyang mga naranasan sa nobyo nito. Subalit sinabi ng ina ni Clarissa na binibiro lang siya ng nobyo nito kaya huwag niyang masyadong seryosohin.

Mga Tanong:

1. Ano sa tingin ninyo ang dapat gawin ngayon ni Clarissa?
2. Tama kaya ang gagawin niyang pasiya? Ipaliwanag ang iyong sagot.
3. Bakit kailangan niyang gawin ang pasiyang naiisip niya? Ipaliwanag ang iyong sagot.

GAWAIN 5

Panuto: Gamit ang sitwasyong nabanggit sa Gawain 5, buuin ang pasiyang maaari mong gawin kung ikaw ay nasa parehong sitwasyon. Gabay mo ang *graphic organizer* sa ibaba, kopyahin ito sa iyong kuwaderno at ilagay dito ang iyong mga sagot.




Mga Tanong:

1. Ano ang naging posisyon mo sa suliranin ni Clarissa?
2. Ano ang naging batayan mo sa paggawa ng posisyon o paninindigan?
3. Tama at mabuti ba ang nagawa mong posisyon? Pangatuwiranan.



D. PAGPAPALALIM

Basahin ang sanaysay.



Natutuhan mo sa Baitang 8 na ang seksuwalidad ng tao ay kaugnay ng kaniyang pagiging ganap na babae o lalaki. Ito ay nangangahulugang magiging ganap kang tao at bukod-tangi sa pamamagitan ng iyong pagkalalaki o pagkababae. Bagama't nalalaman ang kasarian ng tao mula pa sa kaniyang pagsilang, malaya ang kaniyang pagtanggap at pagganap sa kaniyang seksuwalidad. Ito ay nararapat na naaayon sa tawag ng pagmamahal at batay sa kaniyang pagkatao sa kabuuan niya - ang pagkakaisa ng katawan at espiritu. Ang seksuwalidad samakatuwid ay isang malayang pagpili at personal na tungkulin na ginagampanan ng tao gamit ang kaniyang katawan at espiritu tungo sa kaniyang kaganapan kaisa ang Diyos.

Bawat isa sa atin ay hinahamon na buuin at linangin ang seksuwalidad upang maging ganap ang pagiging pagkababae o pagkalalaki.

Natutuhan mo rin sa Baitang 8 na bawat isa sa atin ay hinahamon na buuin at linangin ang seksuwalidad upang maging ganap ang pagiging pagkababae o pagkalalaki. Kung ang seksuwalidad at ang pagkatao ay hindi mapag-iisa habang nagdadalaga o nagbibinata, maaaring magkaroon ng kakulangan sa pagkatao sa pagsapit niya sa sapat na gulang o *adulthood*. Kapag nagkulang ang tao sa aspektong ito, maaari siyang magpakita ng mga manipestasyong magdadala sa kaniya sa mga isyung seksuwal. Sa panahon ngayon dumarami ang mga ito at kadalasan ay hindi natutugunan.

Ano-ano nga ba ang mga isyung seksuwal na palagi nating naririnig at nababalitaang madalas ay kinasasangkutan ng kabataan?

Ayon sa isang *survey* na ikinomiyon ng National Secretariat for Youth Apostolate (NSYA), ang kabataang Filipino ngayon ay patuloy na nakikibaka sa mga isyung may kinalaman sa seks at seksuwalidad. Kabilang sa mga ito ay pakikipagtalik nang hindi kasal (*pre-marital sex*), pornograpiya, pang-aabusong seksuwal, at prostitusyon. Isa-isahin nating tingnan ang mga isyung ito, ang mga dahilan kung bakit nangyayari ang mga ito at mga nagtutunggaliang pananaw kung tama o mali ang mga ito.

Pagtatalik bago ang kasal (*Pre-marital sex*)

Ang isang lalaki o babae ay nagkakaroon ng kakayahang makibahagi sa pagiging manlilikha ng Diyos kapag tumuntong na siya sa edad ng pagdadalaga o pagbibinata (*puberty*). Subalit kahit siya ay may kakayahang pisyolohikal na gamitin ito, hindi nangangahulugang maaari na siyang makipagtalik at magkaroon ng anak. Hanggang wala siya sa wastong gulang at hindi pa tumatanggap ng sakramento ng kasal, hindi siya kailanman magkakaroon ng karapatang makipagtalik.

Hanggang wala siya sa wastong gulang at hindi pa tumatanggap ng sakramento ng kasal, hindi siya kailanman magkakaroon ng karapatang makipagtalik.

Ano ba ang *pre-marital sex*? Ito ay gawaing pagtatalik ng isang babae at lalaki na wala pa sa wastong edad o nasa edad na subalit hindi pa kasal.

May iba't ibang pananaw na siyang dahilan kung bakit ang isang tao lalo na ang kabataan ay pumapasok sa maagang pakikipagtalik. Ito ay ang sumusunod:

1. Ito raw ay normal at likas na gampanin ng katawan ng tao upang maging malusog siya at matugunan ang pangangailangan ng katawan. Kapag hindi raw ito isinagawa hindi mararating ng tao ang kaganapan ng kaniyang buhay.
2. Maraming kabataan ang nag-iisip na maituturing na tama ang pakikipagtalik lalo na kapag ang mga gumagawa nito ay may pagsang-ayon. Karapatan ng tao na makipagtalik at malaya silang gawin ito.
3. Naniniwala ang mga gumagawa ng *pre-marital sex* na may karapatan silang makaranas ng kasiyahan.
4. Ang pakikipagtalik ay isang ekspresyon o pagpapahayag ng pagmamahal.

Kung iyong susuriin, batay sa mga natutuhan mo, tama ba ang mga pananaw na ito? Nararapat bang makipagtalik ang kabataan kahit hindi pa sila kasal?

Ang pakikipagtalik ay hindi pangangailangang biyolohikal tulad ng pagkain at hangin na ating hinihinga. Hindi kinakailangan ng tao ang makipagtalik upang mabuhay sa mundong ito. Ang pananaw na kailangan ang pagtatalik upang mabuhay ay isang mahinang pagkilala sa pagkatao ng tao dahil ipinagwawalang-bahala niya ang kakayahan ng taong ipahayag ang kaniyang tunay na pagkatao. Mayroon o walang pagtatalik, mananatiling buhay ang tao. Maraming mga taong nagpasiyang mabuhay nang walang asawa tulad ng mga pari, mga madre, at mga kasapi ng *3rd orders*, ang patuloy na nabubuhay nang maayos, malusog, at masaya. Samakatuwid, ang

seksuwal na pakikipagrelasyon lalo pa kung hindi pa kasal ang lalaki at babae, ay hindi kailanman pangunahing pangangailangan ng tao. Ang pakikipagtalik nang hindi kasal ay nagpapawalang-galang at nagpapababa sa dignidad at integridad ng pagkatao ng mga taong kasangkot sa gawaing ito. Hindi nagiging kapaki-pakinabang ang pagtatalik sa pagtungo sa kaganapan ng buhay na isa sa mga halaga ng seksuwalidad.

Ang pakikipagtalik at paggamit ng ating mga kakayahang seksuwal ay mabuti sapagkat ito ay kaloob sa atin ng Diyos. Ito ay isang regalo o banal na kaloob ngunit maaari lamang gawin ng mga taong pinagbuklod sa Sakramento ng Kasal.

Sa puntong malaya ang taong magpasiya kung gusto niyang makipagtalik o hindi, balikan natin ang inyong napag-aralan noong unang markahan tungkol sa kalayaan.

Bilang tao, tayo ay malaya. Ngunit ang ating kalayaan ay hindi nangangahulugang malaya tayong piliin kung ano ang gusto nating gawin. Ang ating kalayaan ay mapanagutan, malaya tayong pumili ngunit nararapat na ang pipiliin ay kung ano ang mabuti at tama. Ang paggamit ng ating mga kakayahang seksuwal ay mabuti ngunit maaari lamang gawin ang pakikipagtalik ng mga taong pinagbuklod ng kasal. Mahalaga ang sapat na kamalayan at maingat na paghuhusga bago gamitin ang mga kakayahang ito.

Subukin nating suriin ang *moral dilemma* na nasa kahon.

Isa kang lider sa inyong paaralan. Mahalaga sa iyo ang pag-aaral dahil naniniwala kang ito ang mag-aahon sa inyo sa kahirapan. Nagtutulong-tulong ang iyong pamilya upang makapagtapos ka ng pag-aaral. Mayroon ka ring kasintahan na mahal na mahal mo. Isang araw nagyaya siyang pumasok kayo sa *hotel* upang mapatunayan ang pagmamahal na iyon. Sabi niya, iiwanan ka niya at magpapakamatay siya kung hindi mo siya pagbibigyan. Ano ang iyong gagawin?

Karaniwang naririnig o kaya'y nababasa mo, "Kung mahal mo ako, papayag kang makipagtalik sa akin." Sa ganitong pananaw, masasabing ang pagmamahal na alam ng kabataan ay kondisyonal. Hindi ito tunay na pagmamahal. Ang pagmamahal kapag tunay ay hindi kailanman humihingi ng kapalit. Ayon kay Sta. Teresita, "*Ang mabuhay sa pag-ibig ay pagbibigay ng di nagtatantiya ng halaga at hindi naghihintay ng kapalit.*"



Ang tunay na pagmamahal na isinasakatawan sa pagtatalik ay bukas sa katotohanang dapat itong humantong sa pagbubuo ng pamilya. Kung kaya, bago ito gawin ng lalaki at babaeng nagmamahalan, kinakailangang ito'y binasbasan ng kasal. Sa konteksto ng pagbubuklod ng isang babae at isang lalaki, sila ay nangangakong magkaisa at maging mapanlikha, magkaroon ng anak at bumuo ng pamilya.

Ang pakikipagtalik nang hindi kasal ay nagpapahayag ng kawalan ng paggalang, komitment, at dedikasyon sa katapat na kasarian. Itinuturing ng taong nagsasagawa nito ang kaniyang kapareha bilang isang seksuwal na bagay na tutugon sa personal at sarili niyang kasiyahan. Kapag hindi na niya kailangan ang kaniyang kapareha, maaari na niya itong itapon at palitan. Nawawala ang komitment sa kaniyang kapareha at sa pamilya nito. Nakasisira ito hindi lamang sa kanilang dalawa kundi maging sa komunidad. Sa pakikipagtalik na walang kasal, napaglalaruan ng kabataan ang kanilang seksuwalidad. Sinasaliksik nila ito bunga ng kuryosidad at kasiyahan at hindi isinasaalang-alang ang maaaring maging bunga nito sa kanila. Dahil dito, napabababa nila ang kanilang pagkatao dahil sa kanilang pagtatalik. Ang sarili nila ay maaaring maging mga bagay lamang na tutugon sa kanilang makalupang pagnanasa. Ang seksuwalidad sa ganitong konteksto ay nagiging kasangkapan at hindi nadadala sa nararapat nitong kaganapan.

Dagdag pa rito, ang kabataang nagsasagawa ng *pre-marital sex* ay hindi pa handa sa mga maaaring maging bunga nito sa kanilang buhay. Hindi pa sila ganoon katatag upang harapin ang responsibilad na kaakibat ng pag-aasawa at pagkakaroon ng anak. Ang kabataan ay nasa panahong nagbubuo pa lamang ng kanilang sarili upang maging ganap at responsableng tao. Kung kaya hindi pa sila napapanahong magkaroon ng anak, na mangyayari iyon kapag nakipagtalik sila nang wala pa sa hustong gulang at hindi pa kasal.



Pornograpiya

Napag-aralan mo na kung ano ang pornograpiya sa mga araling nakapaloob sa Modyul 13 noong ikaw ay nasa Baitang 8. Ang pornograpiya ay nanggaling sa dalawang salitang Griyego, “porne,” na may kahulugang *prostitute* o taong nagbebenta ng panandaliang aliw, at “graphos” na nangangahulugang pagsulat o paglalarawan. Samakatuwid, ang pornograpiya ay mga mahahalay na paglalarawan (babasahin, larawan, o palabas) na may layuning pukawin ang seksuwal na pagnanasa ng nanonood o nagbabasa.

Balikan natin ang mga epekto ng pornograpiya sa isang tao. Ito ay ang sumusunod:

1. Ang maagang pagkahumaling sa pornograpiya ay nagkakaroon ng kaugnayan sa pakikibahagi ng tao o paggawa ng mga abnormal na gawaing seksuwal, lalong-lalo na ang panghahalay.
2. May mga kalalakihan at kababaihan ding dahil sa pagkasugapa sa pornograpiya ay nahihirapang magkaroon ng malusog na pakikipag-ugnayan sa kanilang asawa. Nakararanas sila ng seksuwal na kasiyahan sa panonood at pagbabasa ng pornograpiya, at pang-aabuso sa sarili at hindi sa normal na pakikipagtalik.
3. Ito rin ay ginagamit ng mga *pedophiles* sa *internet* upang makuha ang kanilang mga bibiktimahin.

Ang mga mahahalay na eksenang ipinakikita ng pornograpiya ay pumupukaw ng mga damdaming seksuwal ng kabataang wala pang kahandaan para rito. Nagdudulot ito nang labis na pagkalito sa kanilang murang edad.

Ano ba ang masama sa pornograpiya?

Dahil sa pornograpiya, ang tao ay maaaring mag-iba ng asal. Ang mga seksuwal na damdamin na ipinagkaloob ng Diyos sa tao, na maganda at mabuti, ay nagiging makamundo at mapagnasa. Ayon kay Immanuel Kant, nauwi sa kawalang-dangal o nagpapababa sa kalikasan ng tao ang mga makamundong pagnanasa. Kapag ang tao ay nagiging kasangkapan sa seksuwal na pangangailangan at pagkahumaling, lahat ng mabuting layunin sa pakikipagkapuwa ay maaaring hindi na makamit. Ang tao na nagiging kasangkapan ng mga pagnanasa ay hindi na nagpapakatao; bagkus, tinatrato ang sarili o ang kapuwa bilang isang bagay o kasangkapan. Sa ganitong paraan, ibinababa ng tao ang pagkatao o ang kaniyang dignidad bilang tao. Hindi rin naisasagawa ang pagbibigay ng preperensiya sa kabutihan.

Kapag ang tao ay nagiging kasangkapan sa seksuwal na pangangailangan at pagkahumaling, lahat ng mabuting layunin sa pakikipagkapuwa ay maaaring hindi na matupad.

Isang pananaw tungkol sa pornograpiya na lumalaganap ngayon ay ang pagtingin dito bilang isang sining.

Sa palagay mo, kailan ba sining ang pornograpiya at kailan pornograpiya ang sining?



Ang sining ay nagpapahayag ng kagandahan at ang pagkaranas ng kagandahan ay nakapagbibigay ng kasiyahan, pagkalugod at pagtanggap sa isang magandang nagawa. Ito rin ay humihikayat na makalinang ng mga kilos at kalooban patungo sa kung anong ipinapakahulugan sa ipinakikita. Isang halimbawa nito ay ang estatwa ng “oblation” na nasa bungad ng Pamantasan ng Pilipinas sa Diliman. Ang estatwang hubad ay sumisimbolo sa ganap na pag-aalay ng sarili sa Diyos, hindi nagsasaalang-alang sa anupamang mga bagay at kahubarang nagnanais na mabihisan ng kaalaman. Ilan pang halimbawa ng sining na nagpapakita ng kahubaran ay ang estatwa ni Venus de Milo at ni Haring David na pawang mga nilikha ni Michaelangelo. Maaari kaya natin itong uriin bilang halimbawa ng pornograpiya? Dapat nating tandaan na hindi lahat ng hubad na larawan ay halimbawa ng pornograpiya.

Ang pornograpiya ay nagpapakita ng mga larawang hubad o mga kilos seksuwal na kadalasan ay *suggestive* at *provocative*. Hinihikayat nito ang taong tumitingin na mag-isip ng masama at magkaroon ng hindi magandang pagtingin sa katawan ng taong nasa larawan. Ang anggulo ng isang babae na nasa mga babasahin, kalendaryo, patalastas, at mga pelikula ay nagpapakita ng inklinasyon sa seks. Sabi nga, ang mga larawan ay “hindi na nagtitira sa imahinasyon.” Ang katawang sagrado, gayundin ang mga gawaing angkop lang na makita, madama, at maipahayag ng mga mag-asawa ay lubusang ipinapakita. Nawawala na ang *propriety* at *decency* na dapat sana ay kaakibat ng makabuluhang pagtingin sa katawan ng tao. Dahil dito, ang mga larawang hubo’t hubad, gayundin ang pagpapakita ng aktong seksuwal ay nagiging daan upang ang taong nahuhumaling dito ay magnasa at pairalin ang kaniyang mga makamundong damdamin. Ilan sa mga maaari niyang maisip ay ang pagsasakatuparan ng mga isiping tumutugon sa seksuwal na maaaring mauwi sa pang-aabuso, panghahalay, at sa iba pang epekto na nabanggit na. Ito ang mga dahilan kung bakit hindi dapat ituring na sining ang pornograpiya.

Mga Pang-aabusong Seksuwal

Walang pangkalahatang pagpapakahulugan ang maaaring ibigay sa pang-aabusong seksuwal. Sa gitna ng mga pang-aabusong ito, ang nangingibabaw na posisyon ay ang pang-aabuso ay isinasagawa ng isang nakatatanda na siyang pumupuwera sa isang nakababata upang gawin ang isang gawaing seksuwal. Ang pang-aabusong seksuwal ay maaaring paglalaro sa maseselang bahagi ng sariling katawan o katawan ng iba, paggamit ng ibang bahagi ng katawan para sa seksuwal na gawain at *sexual harassment*. Maaari rin itong hindi pisikal tulad ng paglalantad ng sarili na gumagawa ng seksuwal na gawain at pagkakaroon ng kaligayahang seksuwal sa pamamagitan ng pagtingin sa mga hubad na katawan, seksuwal na pag-aari o kaya’y panonood ng pagtatalik na isinasagawa ng iba.

Bakit nga ba nangyayari ang mga pang-aabusong seksuwal? Ano ang karaniwang nagtutulak sa mga kabataan na gawin ito o pumayag sa ganitong uri ng pagsasamantala?



Karamihan sa mga nagiging biktima ng pang-aabusong seksuwal ay ang mga bata o kabataang may mahihinang kalooban, madaling madala, may kapusukan at kadalasan, iyong mga nabibilang sa mahihirap at pamilyang hiwalay ang mga magulang. Sa gitna ng kanilang pagiging mahina, pumapasok ang mga taong nagsasamantala, tulad ng mga *pedophile* na tumutulong sa mga batang may mahinang kalooban subalit ang layunin pala ay maisakatuparan ang pagnanasa. Dagdag pa rito, may mga magulang din na sila mismo ang nanghihikayat sa kanilang mga

anak na gawin ito upang magkapera. Ilan sa mga ito ay sila mismo ang umaabuso sa kanilang mga anak.

Kung susuriin natin, bakit ang mga gawaing seksuwal na nabanggit sa itaas ay itinuturing na pang-aabuso? Bakit hindi ka dapat magpabuyo sa mga ito?

Ang mga kadahilanan ng mga taong nagsasagawa ng mga pang-aabusong seksuwal na ating binanggit ay taliwas sa tunay na esensiya ng seksuwalidad. Ang gawaing paglalaro ng sariling pag-aari at ng kapuwa, panood ng mga gawaing seksuwal, pagpapakita ng ginagawang paglalaro sa sariling ari at paghihikayat sa

mga bata na makipagtalik o mapagsamantalahan ay maituturing na pang-aabusong seksuwal. Hindi nito ipinapahayag ang tunay na mithiin ng seksuwalidad. Ang paggamit ng kasarian ay para lamang sa pagtatalik ng mag-asawa na naglalayong ipadama ang pagmamahal at bukas sa tunguhing magkaroon ng anak upang bumuo ng pamilya. Ito ang esensiya ng seksuwalidad.

Ang paggamit ng kasarian ay para lamang sa pagtatalik ng mag-asawa na naglalayong ipadama ang pagmamahal at bukas sa tunguhing magkaroon ng anak upang bumuo ng pamilya. Ito ang esensiya ng seksuwalidad.


Prostitusyon

Ang prostitusyon na sinasabing siyang pinakamatandang propesyon o gawain ay ang pagbibigay ng panandaliang-aliw kapalit ng pera. Dito, binabayaran ang pakikipagtalik upang ang taong umupa ay makadama ng kasiyahang seksuwal.

Bakit ba ang tao ay nasasangkot sa ganitong gawain? Ano kaya ang kanilang mga dahilan upang gawin ito?

Ayon sa mga pag-aaral, karamihan sa mga taong nasasangkot sa ganitong gawain ay iyong mga nakararanas ng hirap, hindi nakapag-aral, at walang muwang

kung kaya't madali silang makontrol. Mayroon din namang may maayos na pamumuhay, nakapag-aral ngunit marahil ay naabuso noong bata pa. Dahil dito nawala ang kanilang paggalang sa sarili at tamang pagkilala kung kaya't minabuti na lang nilang ipagpatuloy ang kanilang masamang karanasan. Dahil nasanay na, hindi na nila magawang tumanggi kung kaya't naging tuloy-tuloy na ang kanilang pagpagamit sa masamang gawaing ito.



Masama o mali nga ba ang prostitusyon? Ayon sa mga peminista, marapat lamang ang prostitusyon sapagkat ito ay nakapagbibigay ng gawain sa mga taong walang trabaho lalo na sa mga kababaihan. Ang pagbebenta ng sarili ng isang *prostitute* ay maiihalintulad sa isang manunulat na ibenebenta ang kaniyang isip sa pamamagitan ng pagsusulat. Bukod pa rito, kapag ang prostitusyon daw ay isinagawa ng isang tao na may pagkagusto o konsento, maaaring sabihin na hindi ito masama. Ito ay sa kadahilanang alam niya ang kaniyang ginagawa at nagpasiya siya na ibigay ang kaniyang sarili sa pakikipagtalik kapalit ng pera o halaga.

Dapat kaya natin itong paniwalaan? Ano ba ang katotohanan sa prostitusyon?

Gaya ng nabanggit sa itaas, ang pakikipagtalik na may kapalit na halaga o ang prostitusyon ay isang pang-aabusong seksuwal na nakapagpapababa sa pagkatao ng taong sangkot dito. Sa paanong paraan napabababa ng prostitusyon ang dignidad ng tao? Una ang mga taong sangkot dito, ang bumibili at nagpapabili ng aliw, ay nawawalan ng paggalang sa pagkatao ng tao. Naituturing ang taong gumagawa nito (na kadalasan ay babae), na isang bagay na lamang kung tratuhin at hindi napakikitaan ng halaga bilang isang tao.

Mapagsamantala ang prostitusyon. Sinasamantala ng mga taong “bumibili” ang kahinaan ng babae o lalaking sangkot dito. Nagsisilbi ang babae o lalaki sa pamamagitan ng paggamit sa kanila bilang isang kasangkapan na magbibigay ng kasiyahan seksuwal. Sinasamantala naman ng tagapamagitan ang babae o lalaking sangkot sa pamamagitan ng hindi pagbabayad o panloloko rito. Ito ang mga dahilan kung kaya't ang prostitusyon ay nagiging pugad ng pamumuwersa at pananamantala.

Sa prostitusyon, naaabuso ng tao ang kaloob na handog ng Diyos na seksuwalidad. Isa sa mga halaga ng seksuwalidad ay ang pagkakaranas ng kasiyahan seksuwal mula sa pakikipagtalik sa taong pinakasalan. Nakararanas ng kasiyahan ang taong nasasangkot sa prostitusyon ngunit hindi ito angkop sa tunay na layunin ng pakikipagtalik. Sa prostitusyon, ang kaligayahan ay nadarama at ipinadarama dahil sa

perang ibinabayad at tinatanggap. Mahalagang maunawaan na ang pakikipagtalik ay hindi lamang para makadama ng kasiyahang sensuwal. Hindi ito isang paraan para makadama ng kaligayahan, kundi ito ay isang paraan na naglalayong pag-isahin ang isang babae at lalaki sa diwa ng pagmamahal.

Ang konsento o pagsang-ayon na ipinapahayag ng taong nagbebenta ng kaniyang sarili ay hindi nagpapabuti sa kaniyang kilos. Malaya ang tao na gumawa ng pasiya na sumailalim sa prostitusyon, ngunit makabubuti kaya ito sa kaniya? Maaaring gamitin ng tao ang kaniyang kalayaan bilang dahilan sa pagpasok sa prostitusyon, ngunit laging tandaan na ang kalayaan ay may kaakibat na pananagutan sa paggawa ng mabuti.


Mahalagang maunawaan na ang pakikipagtalik ay hindi lamang para makadama ng kaligayahang sensuwal. Hindi ito isang paraan para makadama ng kaligayan, kundi ito ay isang paraan na naglalayong pag-isahin ang isang babae at lalaki sa diwa ng pagmamahal.

Pagbubuo

Natukoy natin at nasuri ang iba't ibang isyu tungkol sa seksuwalidad. Nalaman natin ang iba't ibang epekto sa mga taong sangkot sa mga ito gayundin ang iba't ibang pananaw na kaugnay ng mga isyung ito. Mahihinuha rin natin sa mga paglalahad na ang mga isyung seksuwal na mga ito ay hindi nararapat gawin lalo na ng kabataan pa lamang. Ano ba ang katotohanang ipinapahayag ng mga isyung ito? Sa malalim na pagtingin, ano ang epekto ng mga isyung nabanggit sa pagkatao ng tao o sa dignidad ng tao?

Ang pagpayag, pagsasagawa, at pagiging kaugnay sa mga isyung panseksuwalidad ay nagsasawalang-bahala sa sumusunod na katotohanan:

1. Nilikha ng Diyos ang tao na mabuti at tumutungo sa sariling kaganapan, at ang pagtungo sa kaganapang ito ay malaya at may kamalayan.
2. Ang tao ay may espiritwal na kaluluwa (porma) at katawan (materya) na kumikilos na magkatugma tungo sa isang *telos* o layunin.
3. Upang marating ang kaniyang *telos* o layunin, kailangang gamitin ng tao ang kaniyang isip at kilos-loob na siyang magpapasiya kung ang kilos at pamamaraan ay mabuti o masama.



lugnay natin ngayon ang mga katotohanang ito sa mga isyung seksuwal na ating tinukoy at inunawa.

Ang seksuwalidad ay kaloob sa atin ng Diyos. Ito ay mabuti at magdadala sa bawat isa sa atin sa layuning makamit at madama ang tunay na pagmamahal na siya namang dahilan kung bakit nilalang tayo ng Diyos. Ang

paggamit sa mga kakayahang seksuwal kabilang na ang katawan bilang ekspresyon ng pagmamahal ay mabuti, ngunit nararapat itong gawin sa tamang panahon. Ang mga seksuwal na facultad o kakayahan ng tao ay tumutukoy sa dala

wang layuning maaari lamang gawin ng isang babae at lalaki na pinagbuklod ng kasal. Ito ay tumutugon sa layuning magkaroon ng anak (*procreative*) at mapag-isa (*unitive*). Anumang layuning taliwas sa dalawang nabanggit ay magdadala sa atin sa katotohanang mali ang ating kilos sa paggamit ng ating seksuwalidad. Halimbawa na rito ay ang pakikipagtalik kahit hindi pa kasal, prostitusyon, pornograpiya, at pang-aabusong seksuwal. Ang mga isyung ito ay humaharap sa maling paggamit ng ating seksuwalidad na nauuwi sa kawalan ng paggalang sa dignidad ng tao.

Ang mga seksuwal na facultad o kakayahan ng tao ay tumutukoy sa dalawang layuning maaari lamang gawin ng isang babae at lalaki na pinagbuklod ng kasal o pag-iisang dibdib – ang magkaroon ng anak (*procreative*) at mapag-isa (*unitive*).

Malaya tayo na gamitin ang ating mga kakayahang seksuwal, ngunit ang ating kalayaan ay mapanagutan at nauukol sa paggawa lamang ng mabuti. Ang pakikipagtalik nang walang kasal, pagbebenta ng sarili sa prostitusyon, pagbabasa at pagtingin sa mga seksuwal na babasahin ay malaya nating magagawa, ngunit mabuti ba ang mga kilos na ito? Kaakibat ng malayang kilos ay ang pananagutan na alamin kung ang mga ito ay mali at kung may naapektuhan ba o wala. Nararapat na tingnan ng tao kung ano ang kalalabasan nito sa kaniyang sarili at sa iba kapag ito ay isinagawa.

Sa pagsasagawa ng mga isyung seksuwal na nabanggit, marapat ding alamin ng tao lalo na ng kabataan kung ano ang layunin nila sa pagsasagawa nito. Ang layunin ba nila ay mabuti? Paano naman ang kanilang paraan? Ang paraan ba ay mabuti? Sa ganito dapat maintindihan na ang paraan sa paghantong sa layunin ay dapat na magkatugma. Layunin mong ipahayag ang iyong pagkatao o kaya'y pagmamahal. Ngunit kung sa pagpapahayag nito, ang pamamaraan ay hindi mabuti, hindi rin maituturing na mabuti ang kilos. Dagdag pa rito, nararapat ding tingnan sa ating pagpapasiya kung ang pinipili ba natin ay may mas mataas o mababang pagpapahalaga. Sa paghusga ay nararapat na piliin ang mga kilos na may mas mataas na halaga. Maaari mong pagpasiyahang gamitin ang mga seksuwal mong kakayahan ngunit nararapat mong isipin kung ano ang tunay na halaga at layunin ng paggamit mo nito. Ito ang dahilan kung kaya't ang mga isyung seksuwal ay hindi nararapat na kasangkutan ng kabataang katulad mo.

Upang magbunga ng mabuti ang iyong pagpapasiya, dapat na maging bukas ang



isang kabataang katulad mo tungkol sa pinagdaraan mo. Huwag mo itong itago o ilihim. Maghanap at paligiran mo ang iyong sarili ng mga kapamilya at kaibigang iyong mapagkakatiwalaan. Magbibigay sila sa iyo ng suporta at magkakaloob sa iyo ng lakas na labanan ang mga tukso. Maaari ka ring maghanap ng propesyonal na tulong kung sakaling ikaw ay lulong na sa mga pang-aabusong ito.

Kung ikaw ay mahaharap sa ganitong sitwasyon, ano kaya ang magiging posisyon o pananaw mo? Ano ang maaari mong maging paninindigan ukol sa paggamit ng iyong seksuwalidad? Ano ang mga natatangi mong gagawin?


Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Mula sa iyong nabasa, subukin natin ang iyong pagkaunawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa ibaba at isulat ito sa iyong dyornal o kuwaderno.

1. Ano ang mga maling pananaw ng kabataan sa mga isyung seksuwalidad na kanilang kinakaharap ngayon? Ipaliwanang ang bawat isa.
2. Ano-ano ang mga katotohanan ukol sa dignidad ng tao na nababalewala sa mga isyung tungkol sa seksuwalidad? Pangatwiranan.
3. Bilang kabataan, anong posisyon o mabuting pasiya ang maaari mong gawin bilang paggalang sa seksuwalidad?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Anong konsepto ang naunawaan mo sa tinalakay na mga isyu tungkol sa seksuwalidad?. Punan ang *graphic organizer*.



Batayang Konsepto: _____

Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?
3. Bakit kinakailangan ko ng malawak na pang-unawa sa mga isyung may kinalaman sa seksuwalidad?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 6

Panuto: Pag-aralan ang mga sitwasyon sa ibaba. Pag-usapan sa inyong pangkat kung ano ang tamang gawin sa mga sitwasyon o isyung nabanggit. Pangatwiranan ang bawat sagot.

1. Maysakit ang nanay mo at di siya makapagtrabaho. Wala kayong pambili ng gamot at pagkain. Nagugutom na ang maliliit mong mga kapatid. Nakita ng kapitbahay ninyong lalaki ang inyong sitwasyon. Inalok ka niya na makipagtalik sa kaniya kapalit ng perang pambili ng gamot at pagkain.
2. Isang araw, umuwi ang nanay mo na may kasamang lalaki. Ipinakilala niya ito sa inyong magkakapatid bilang kaniyang kasintahan. Sa bahay din ninyo na tumira ang lalaki. Mahal na mahal niya ito at sinusunod lahat ng gusto nito. Binilinan kayo ng inyong ina na sumunod at paglingkuran ang kaniyang kasintahan. Sa isang gabing wala ang inyong ina, pumasok ang kasintahan ng inyong ina sa iyong kuwarto at hinipuan ka sa maseselang bahagi ng iyong katawan. Sinabi niyang huwag kang magsusumbong dahil pag ginawa mo iyon, papatayin niya ang inyong ina.

Talakayin ang inyong mga sagot. Buuin ang mga kasagutan ng bawat miyembro ng grupo at gumawa ng isang posisyon tungkol sa mga isyung nabanggit sa itaas. Maghandang ibahagi ito sa klase.

Gawain 7

Panuto: Punan o sagutin mo ang mga hanay at tanong na nakapaloob sa gawaing nasa ibaba.

Planuhin Mo ang Iyong Kinabukasan

1. Ano ang ninanais mong makamit o layunin sa sumusunod na aspekto ng buhay?
 - a. Edukasyon _____
 - b. Kasal _____
 - c. Anak _____
 - d. Libangan _____
 - e. Pagreretiro _____
 - f. Iba pang Aspekto ng Buhay _____
2. Sa gulang na 30, alin sa mga aspekto/layuning ito ang sa palagay mo ay nakamit mo na?
3. Sa gulang na 40, alin sa mga aspekto/layuning ito ang sa palagay mo ay nakamit mo na?
4. Sa iyong buhay ngayon, ano kaya ang maaari mong gawin upang makatiyak na ang iyong mga layunin ay makamit o maisakatuparan?
5. Ano kayang pagbabago ang maaaring mangyari sa mga plano mo sa buhay kung ikaw ay mabuntis? Maging batang ama o ina? Masangkot sa prostitusyon, at iba pa?
6. Magsulat ng isang maikling essay tungkol sa isang tanong na nabanggit sa itaas. Iugnay ito sa iyong buhay.

Isinalin mula sa My Life, My Choices: Key Issues for Young Adults ni Mary Ann Burkley Wojno, 2004, pp. 113-127

Pagninilay Gawain 9

Panuto: Pagnilayan ang sumusunod. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

1. Bakit mahalagang magkaroon ka ng tamang posisyon tungkol sa mga isyung tungkol sa seksuwalidad?
2. Ano ang kahalagahan ng tamang paggamit ng seksuwalidad bilang tao? Ipaliwanag

Pagsasabuhay

Bumuo ng isang grupo na magsasagawa ng *Advocacy Campaign* laban sa pang-aabusong seksuwal. Ito ay gagawin sa pamamagitan ng paggawa at pag-aayos ng isang *bulletin board* na magpapakita ng mga masasamang epekto ng seksuwalidad at ng mga nararapat gawin upang makaiwas. Maaari rin silang gumawa ng isang *video presentation* na may kaparehong layunin na nabanggit. Isasabay sa pag-aayos ng *bulletin board* o paggawa ng *video* ang paglalagay ng mga prinsipyo o *quotations* na nagpapahayag ng dignidad at seksuwalidad. Halimbawa: “*Ang pag-aasawa ay hindi isang kaning mainit, na maaaring iluwa kapag napaso.*” Ang grupong nabanggit ay makikipag-ugnayan sa mga samahan ng mag-aaral sa paaralan katulad ng *Student Council*, samahan ng mga mag-aaral sa Edukasyon sa Pagpapakatao, at iba pa para sa *Advocacy campaign* na ito. Maaari ding isama ng mga mag-aaral ang mga opisyal ng GPTA o iba pang magulang para sa pagbubuo ng *Bulletin Board* o kaya ay pagbibigay ng pondo para sa mga materyal na kanilang gagamitin.

Mga kakailanganing kagamitan (website, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Bautista, Ma. Socorro L. (2002). *Questions and Answers on The Truth and Meaning of Human Sexuality*.

De Torre, Joseph. (1988). *Sexuality and Sanctity*. Sinag-Tala Publishers, Inc. Manila. p. 46-49

Finley, James and Pennock, Michael. (1977). *Christian Morality and You*. Ave Maria Press, New York, USA. p 123-138.

Jason , Joel O. (2007). *Free Love True Love*. Shepherds Voice Publication, Quezon City, Philippines.

Pontifical Council for the Family. (1996). *The Truth and Meaning of Human Sexuality: Guidelines for the Education within the Family*. Word and Life Publications, Makati, Philippines.

Soria, Jose Luis. (1975). *Is Purity Possible? A Better Understanding of the 6th and 9th Commandment*. Sinag-Tala Publishers, Manila.

Torralba, Antonio N. et. Al. (2013) *Sexuality Education 101(Education in Love, Sex and Life*. Phil. ISBN978-971-95729-0-9. p. 17-20

Wojno, Mary Ann Burkley. (2004). *My Life, My Choices. Key Issues for Young Adults*. Claretian Publications. Diliman, Quezon City, Philippines. p. 113-127

Mula sa Internet:

Adam Lee. (2007). *Morality of Prostitution*. Retrieved from <http://www.patheos.com/blogs/daylightatheism/2007/11/prostitution> on March 1, 2014

Flaman, Paul. (1999). *Premarital Sex and Love: In the Light of Human Experience and Following Jesus*. St. Joseph's College, University of Alberta, Edmonton, Canada. Retrieved from <http://www.ualberta.ca/~pflaman/PSAL/Contents&Introduction.pdf> on March 1, 2014

Life Planning Education. (2007) Washington, DC: Advocates for Youth. Retrieved from <http://www.advocatesforyouth.org/for-professionals/lesson-plans-professionals/200-lessons> on March 6, 2014

Williams, Jarrod. (1995) *Pornography in Art Right or Wrong?* Retrieved from <http://www.kc-cofc.org/39th/IBS/Tracts/pornogra.htm> on March 3, 2014

<http://philippines.ucanews.com/2012/05/28/%E2%80%98sex-issues%E2%80%99-top-youth-problem-%E2%80%93-survey/>. Retrieved on February 27, 2014


MODYUL 15: MGA ISYUNG MORAL TUNGKOL SA KAWALAN NG PAGGALANG SA KATOTOHANAN



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa natapos na Modyul 14, nabigyang-diin ang kaganapan ng pagiging tao at pagkabukod-tangi sa pamamagitan ng pagiging ganap na babae at lalaki. Dito mo rin natutuhan ang mga mahahalagang gampanin ng tao sa kaniyang halaga bilang tao. Ang pagganap sa mga inaasahang tungkulin ay hudyat na ikaw ay nasa hustong kamalayan at sumasakilos ayon sa iyong kalikasan. Bilang kabataan, paano mo gagamitin ang mga kakayahan at pagkakataon na ipinagkaloob iyo sa pag-unlad ng iyong pagkatao? Ano ang mga katibayan na tunay na nagagamit ang mga ito? Sa mga nagdaan na dilemang moral na iyong kinaharap sa naunang modyul, paano hinamon ang iyong kakayahan sa pagpili ng tama at mabuti? Ano ang mga nakatulong na kaalaman sa iyo na nagpatatag ng pagkilala mo sa tunay na kabuluhan ng iyong pagkatao sa pagsasabuhay ng mga inaasahan sa iyo?

Sa modyul na ito, tatalakayin naman ang mga isyung moral tungkol sa kawalan ng paggalang sa katotohanan. Bilang tao, inaasahang maging matapat at gawing makabuluhan ang buhay sa abot ng ating pagsisikap na makamit ito. Ito rin ay hakbang tungo sa maayos at mabuting pamumuhay na may pagmamahal sa katotohanan. Mahirap nga ba o madali ang manindigan sa katotohanan? Paano ba ang maging totoo na hindi isinasantabi ang kahihinatnan o epekto ng pinanindigang pasiya at ang kalakip na obligasyon bilang tao? Bibigyan ka ng babasahing ito ng pagkakataon na maging bukas, mapanindigan, at hayag sa iyong saloobin na mahalín at igalang ang katotohanan.



Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, inaasahang masasagot mo ang Mahalagang Tanong: **Bakit mahalaga na maging mulat sa mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa katotohanan?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- 15.1 Natutukoy ang mga isyung kaugnay sa kawalan ng paggalang sa katotohanan
- 15.2 Nasusuri ang mga isyung may kinalaman sa kawalan ng paggalang sa katotohanan
- 15.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
- 15.4 Nakabubuo ng mga hakbang upang maisabuhay ang paggalang sa katotohanan

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng output sa Kakayahang Pampagkatuto 15.4:

- a. Nakapagpasiya ng posisyon sa paninindigan sa katotohanan
- b. Nakapagbigay ng tiyak na mga hakbang sa pagsasabuhay ng katotohanan
- c. Nakapaglunsad ng isang *symposium* bilang pandagdag kaalaman sa katotohanan
- d. May kalakip na mga paliwanag at patunay ng pagsasabuhay

Bago magsimula ang pagtalakay sa mga paksang susunod, mabuting sagutin ang mga maikling pagtataya bilang sukatan ng iyong mga kaalaman. Handa ka na ba?



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ang pagsisinungaling ay ang hindi pagkiling o pagsang-ayon sa katotohanan. Itinuturing ding isang lason na humahadlang sa kaliwanagan ng isang bagay o sitwasyon. Anong patunay na ito'y natural na masama?
 - a. Sapagkat ipinagkakait ang tunay na pangyayari.
 - b. Sapagkat inililihis ang katotohanan.
 - c. Sapagkat ito ay isang uri ng pandaraya.
 - d. Sapagkat sinasang-ayunan ang mali.
2. Ang sumusunod ay mga gawain na lumalabag sa karapatan sa pag-aari. Ang ilan sa mga ito ay ang karapatan sa pagpaparami, pagpapakalat, pagbabahagi, at panggagaya upang makabuo ng bagong likha, maliban sa isa:
 - a. Intellectual piracy
 - b. Copyright infringement
 - c. Theft
 - d. Whistleblowing

3. Alin sa sumusunod ang tamang pahayag tungkol sa *mental reservation*?
 - a. Maingat na ibinibigay ang mga impormasyon sa tamang tao lamang.
 - b. May karapatan ang naglalahad na manahimik at kimkimin ang mga impormasyon.
 - c. Walang paghahayag at di mapipilit para sa kapakanan ng taong pinoprotektahan.
 - d. Nagbibigay nang malawak na paliwanag at kahulugan sa maraming bagay upang ilayo ang tunay na katotohanan.

4. Si Lando ay dating bilanggo. Bahagi ng kaniyang pagbabagong-buhay ay ang kalimutan ang madilim niyang nakaraan. Dahil dito, itinago niya ang karanasang ito sa kompanyang kaniyang pinaglilingkuran sa kasalukuyan. Sa iyong palagay, may karapatan ba siyang itago ang katotohanan?
 - a. Mayroon, dahil siya ay responsable rito.
 - b. Mayroon, dahil may alam siya rito.
 - c. Mayroon, dahil sa kahihiyang ibibigay nito sa kaniya.
 - d. Mayroon, dahil lahat ay may karapatang magbago.

5. Ayon sa isang *whistleblower*, "*Hindi naman sa gusto ko, pero kailangan eh. Ayaw na ng pamilya ko, at ayaw ko na rin sana, pero itutuloy ko na rin.*" Paano pinanindigan ng *whistleblower* ang kaniyang pakikibaka para sa katotohanan?
 - a. Mula sa suporta ng mga nagtitiwala sa kaniya.
 - b. Mula sa dikta ng kaniyang konsensiya.
 - c. Mula sa kaniyang tungkulin at obligasyon sa pamilya at bayan.
 - d. Mula sa di-makatotohanang akusasyon sa kaniya.

6. Sa pangkalahatan, ang katotohanan ay dapat mapanindigan at ipahayag nang may katapangan sa lahat ng pagkakataon sapagkat ito ang nararapat gawin ng isang matapat at mabuting tao. Bakit mahalagang matandaan ang pahayag na mapanindigan at ipahayag sa lahat ng pagkakataon?
 - a. Dahil ito ang katotohanan.
 - b. Dahil ito ang nararapat gawin ng isang tapat at mabuting tao.
 - c. Dahil ito ang maghahatid sa tao ng paghanga at paggalang.
 - d. Dahil ito ay para sa kabutihang panlahat.

7. Ang sumusunod ay mga dahilan ng isang tao kung bakit mas nahihikayat na gawin ang pagnanakaw sa gawa ng iba kaysa sa lumikha ng sarili at paulit-ulit na pagsasagawa nito, maliban sa isa:
 - a. Mababang presyo
 - b. *Anonymity*
 - c. Madaling transaksyon
 - d. Hindi sistematiko

8. Ang katotohanan ang nagsisilbing ilaw ng tao sa paghahanap ng kaalaman at layunin niya sa buhay. Sa bawat tao na naghahanap nito, masusumpungan lamang niya ang katotohanan kung siya ay naninindigan at walang pag-aalinlangan na ito ay sundin, ingatan at pagyamanin. Ano ang kalakip nitong kaluwagan sa buhay ng tao?
- Kaligayahan at karangyaan
 - Kapayapaan at kaligtasan
 - Kaligtasan at katiwasayan
 - Katahimikan at kasiguruhan
9. Si Tony ay naparatangan ng *plagiarism* sa kanilang paaralan. Siya ay kasama sa mga magagaling na manunulat sa kanilang *journalism class*. May mga katibayan na nagpapatunay na ito ay intensiyunal. Anong prinsipyo ang nalabag niya?
- Prinsipyo ng *Confidentiality*
 - Prinsipyo ng *Intellectuality*
 - Prinsipyo ng *Intellectual Honesty*
 - Prinsipyo ng Katapatan
10. Matagal nang napapansin ni Celso ang mga maling gawi ng kaniyang kaklase sa pagpapasa ng proyekto. Alam niya ang mga batas ng karapatang-ari (*copyright*), dahil dito, nais niya itong kausapin upang mabigyan ng babala sa kung ano ang katapat na parusa sa paglabag dito. Tama ba ang kaniyang gagawing desisyon?
- Tama, sapagkat ito ay nasa batas at may parusa sa sinumang lumabag dito.
 - Tama, sapagkat ito ay para sa ikabubuti ng kaniyang kaklase.
 - Tama, sapagkat ito ay karapatan din ng taong sumulat o may-ari ng katha.
 - Tama, sapagkat ito ay kaniyang obligasyon sa kapuwa.



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Papangkatin ng guro ang klase sa lima na binubuo ng anim hanggang pitong miyembro. Sa pangkatang gawain ay pag-uusapan ang iba't ibang isyu sa lipunan na nagpakita ng kawalan ng paggalang sa katotohanan. Bibigyan ng guro ang bawat pangkat ng 10 hanggang 15 minuto para sa paglilikom ng mga sagot mula sa miyembro nito. Pagkatapos nito, malayang ipasulat ng guro sa pisara ang mga isyu tungkol sa katotohanan.

Mga Tanong:

1. Ano-ano ang mga nailista sa pisara na mga isyu tungkol sa kawalan ng paggalang sa katotohanan?
2. Sang-ayon ka ba sa mga nailista? Bakit?
3. Ano sa iyong palagay ang mga dahilan ng pagkakaroon ng ganitong mga isyu sa ating lipunan? Ipaliwanag.
4. Paano nakaapekto ang mga isyung ito sa tunay na kahulugan ng katotohanan?
5. Posible pa ba itong masolusyunan sa kabila ng marami ang gumagawa nito?

Gawain 2 - Think Pair Share

Panuto: Basahin at timbangin ang sumusunod na mga pahayag. Lagyan ng tsek ang kahon ng S kung ikaw ay sumasang-ayon sa pahayag, DS kung di-sumasang-ayon at DT kung di ka tiyak sa iyong palagay at saloobin. Malayang magbigay ng sariling opinyon ayon sa pasiyang napili. Hinihingi ang pagiging bukas na isip at malawak na pananaw mula sa mga tatalakaying isyu. Humanap ng kapareha at magkaroon ng maikling talakayan sa mga sagot. Ilagay ang mga ito sa iyong kuwaderno.

S DS DT

1. Ang sinuman ay may karapatan na itago ang katotohanan.

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
--------------------------	--------------------------	--------------------------

2. Ang isang guro ay nagbigay ng mga *special assignment* sa kaniyang mga mag-aaral upang magamit sa tinatapos niyang *term paper* sa Masteral. Tulong na rin para sa kaniya na mabawasan ang hirap sa paggawa nito ngunit lingid ito sa kaalaman ng mag-aaral niya.

<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>
--------------------------	--------------------------	--------------------------

3. Ang mga sensitibong usapin tulad ng pagbubunyag ng mga lihim ay nararapat na pag-usapan nang bukas, may paggalang, at pagmamalasakit sa nagpapahayag nito.
4. Ang mga tagapagturo ay may moral na obligasyon na ingatan ang mga dokumento tulad ng kanilang *academic records*. Gayunpaman, maaari niya itong ipakita sa mga magulang kahit pa walang pahintulot sa anak nito.
5. Marapat na gawing pribado ang anumang pag-uusap lalo na kung nakasalalay ang kapakanan ng nakararami sa mga anomalyang nangyayari sa loob ng samahan o organisasyon.

Mga tanong:

1. Ano ang iyong masasabi sa mga sitwasyon sa itaas? Bakit?
2. Alin sa mga sitwasyon ang lubha kang nahirapang sagutin? Ipaliwanag.
3. Bilang nasa Baitang 10, paano ka dapat tumugon sa tawag ng katotohanan lalo na sa panahong kailangan itong ipahayag? Ipaliwanag.



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 3 – Pagsusuri ng kaso

Panuto: Hatiin ang klase sa limang grupo na may anim na miyembro. Pag-aralan ng grupo ang mga kaso at ibigay ang mga resolusyon dito. Pagkatapos, magkaroon ng pagbabahaginan at mungkahi ang bawat isa. Maglaan ng 30 minuto para sa pangkatang talakayan.

Unang kaso

Dahil sa takot na maparusahan ng kaniyang ama, ang isang mag-aaral sa kolehiyo na nakakuha ng lagpak na marka sa isa niyang asignatura, ay gumawa ng isang pandaraya na gawin itong mga pasado.

Tanong:

- a. Nabigyan ba ng sapat na katuwiran ng mag-aaral ang kaniyang ginawang pandaraya? Bakit?
- b. Sa iyong palagay, ano ang nararapat gawin? Ipaliwanag.

Mungkahing resolusyon sa kaso

A.

B.

Ikalawang kaso

Dahil sa mababang presyo ng mga *pirated cd*, mas gusto pa ng ilan na tangkilikin ito kaysa sa bumili ng orihinal o di kaya ay pumila pa at manood sa mga *cinema theater*.

Tanong:

- a. Makatuwiran ba ang pahayag sa itaas? Paano ito nakaapekto sa taong lumikha nito?
- b. May posibilidad bang gawin mo rin ito? Bakit?

Mungkahing resolusyon sa kaso

A.

B.

Ikatlong kaso

Dahil sa kakulangan ng mapagkukunang datos sa pananaliksik na ginagawa ng isang gurong-mananaliksik sa kaniyang pag-aaral, minabuti ng guro na gamitin ang isang pribadong dokumento nang walang pahintulot sa gumawa.

Tanong:

Mayroon bang sapat na kondisyon na makalilimita sa paggamit ng lihim na dokumento tulad ng kaso sa itaas na maging katuwiran sa paggamit ng pribadong pag-aari ng isang tao? Pangatuwiran.

Mungkahing resolusyon sa kaso

A.

B.

Gawain 4 – Pagsusuri ng mga piling dokumentaryo

May alam ba kayong dokumentaryo mula sa *youtube.com* na may kaugnayan sa pagsisiwalat ng katotohanan na nakapamumulat, o di kaya naman ay nagkaroon ng paglabag sa kasagraduhan ng katotohanan at hindi nagkaroon ng kakayahang mapanindigan ito ng may prinsipyo at pamantayan? Tingnan ang mga mungkahing panoorin:

- Punto por punto Sen. Sotto, dapat bang managot sa isyu ng plagiarism? - <https://www.youtube.com/watch?v=ilUpTniccF0> (Published on November 14, 2012 and viewed at Umagang Kay Ganda on November 15, 2014)
- Philippine Optical Media Board Raided Pirated DVD den in QUIAPO – July 1, 2011 - <https://www.youtube.com/watch?v=9JOqiOk9rfQ> (Published on March 24, 2013 and viewed at 24 Oras Channel 7 by Ms. Mel Tiangco)
- ANC Talkback: Protecting Whistleblowers 1/5 – <https://www.youtube.com/watch?v=5GlfR0yz4bA> (Uploaded on February 13, 2011 and viewed at ANC hosted by Tina Monzon-Palma)

Mga tanong:

1. Ano ang iyong naging reaksiyon sa iba't ibang mga isyu kaugnay ng paninindigan na isiwalat ang katotohanan?
2. Paano nakaapekto ang mga dokumentaryo sa mga taong nakaalam nito? Sa taong nagsiwalat nito?
3. Bilang kabataan, ano ang hamon na ipinararating sa iyo ng mga reyalidad na ito sa ating lipunan?

Gawain 5 - Pagsusuri ng mga siping lathalain (*Clippings*)

Bukod sa napanood na mga napapanahong dokumentaryo mula sa *youtube.com* kaugnay ng pagsisiwalat ng katotohanan at kabutihan nito para sa bawat isa, mabuting suriin ang apat na mga halimbawa ng lathalaing sinipi mula sa *Google*. Malayang talakayin ang mga ito sa pamamagitan ng pangkatang gawain. Maaaring magbigay ng iba pang napapanahong lathalain na makatutulong sa bawat isa na maging aktibo at magkaroon ng kamalayan sa mga usaping may kaugnayan sa pagsisiwalat ng katotohanan at pagsasabi ng totoo para sa kabutihan. Basahin at suriin ang sumusunod na mga lathalain at pagkatapos ay sagutin ang bawat katanungan.



Bakit legal ang ilegal?

Batid ng mga tindera na ilegal ang pagbebenta ng piniratang DVD. Pero ani Michael, wala siyang magagawa dahil mahirap maka-kuha ng lehitimong trabaho lalo na kung ang aplikante ay Muslim.



Isa sa kaniya si "Abet" (hindi niya tunay na pangalanna ilang taon ding nagtrabaho sa Saudi Arabia. Pero pagbalik niya sa Pilipinas, walang kompanya na nais tumanggap sa kaniya sa kabila ng pagiging edukado niya.

Matapos ang isang taon na pagiging bakante sa trabaho, pinasok ni Abet ang hanapbuhay ng pagbebenta ng piniratang DVD.

Aminado si Abet na trabaho ang hinahanap ng liibo-libong mga Muslim na nagtutungo sa Maynila. Noong mabalitaan ng mga Muslim sa Mindanao na malaki ang kinikita ng kanilang mga kababayan sa pagbebenta ng piniratang DVD, gumaya na siya.

Ngunit mayroon ding mga Muslim na bumiyahé sa Maynila dahil nagsawa na siya sa giyera sa Mindanao.

Sa kuento ni Abet, sinabi ng binata na dati siyang rebelde sa Mindanao. Pero kung titingnan ay wala sa animo ni Abet ang dating mandirigma.

Maporma siya, mapagbiro at magaling makipag-usap at mang-engganyo ng kostumer.

Sa edad na 25 anyos, hindi na nakayanan ni Abet ang buhay-rebelde kaya kahit gipit ang pamilya ay ibinenta ang kaisa-isa nilang kalabaw upang makapunta siya sa Maynila.

Ngayon, tagumpay na si Abet sa kanyang negosyo at nabibili na niya ang lahat ng kailangan gayundin ng kanyang pamilya.

Sipi mula sa (<http://www.abs-cbnnews.com/image/News/microsites/TheCorrespondents/tc11292004dvd.htm>)



Tanong:

Paano dapat harapin ng isang tao ang hamon para sa marangal na hanapbuhay sa kabila ng matinding kahirapan?

Del Castillo: Kasong *Plagiarism*, mahina

Posted by Online Balita on Jan 16th, 2012



Habang hinihiling ang pagbasura ng impeachment complaint sa Mababang Kapulungan, pinabulaanan ni Supreme Court Associate Justice C. Del Castillo ang mga kasong *plagiarism* at *betrayal of public trust* na inihain laban sa kanya.



Sa 30-pahinang tugon niya sa Kongreso, sinabi ng Mahistrado na walang legal na basehan ang *impeachment complaint* laban sa kanya dahil nabigo ang mga nagre-reklamo na pagtibayin ang kanilang mga alegasyon sa *betrayal of public trust* sa ilalim ng Article XI, Section 2 ng Constitution.



Ang reklamo ay bunso ng isyu ng *plagiarism* sa ipinalabas na desisyon hinggil sa mga *comfort woman*. Pinangunahan ni Isabelita Vinuya ang mahigit 70 miyembro ng Malaya Lolos Organization nang ihain ang reklamo laban kay De Castillo noong Disyembre 14, 2011.

Labing-isang mambabatas ang tumatayong *complainant-endorsers* sa reklamo laban kay Del Castillo. *"In this case, the alleged improper citation of certain works by foreign authors lacks both elements because the non-attribution was through inadvertence or honest mistake, without malice or bad faith, and no prejudice resulted because what were cited in the said works were mere background information. Further, if we assume that it is possible to have judicial plagiarism, it does not have the extreme gravity requirement under Article XI, Section 2 of the Constitution,"* ani del Castillo.

Nakasaad sa Article XI, Section 2 ng 1987 Constitution, *"The President, Vice President, the members of the Supreme Court, the members of the Constitutional Commissions and the Ombudsman may be removed from office, on impeachment for, and conviction of, culpable violation of the Constitution, treason, bribery, graft and corruption, other crimes or betrayal of public trust."* Ipinaliwanag din ni Castillo sa House Committee on Justice, na nagdeklara nitong nakaraang taon na ang reklamo ay kulang sa "substance and form", na hindi niya binaluktot ang isinulat ng mga foreign author at hindi rin nilinlang ang iba pang mahistrado ng Korte Suprema na sumang-ayon sa desisyon sa kaso ni Vinuya.

– Charissa M. Luci/ Manila Bulletin

Sipi mula sa <http://www.balita.net.ph/2012/01/16/del-castillo-kasong-plagiarism-mahina/>

Tanong:

Paano nakaapekto sa reputasyon ng isang tao ang kaniyang pangongopya?

Lathalain # 3

Napoles, itinangging sangkot siya sa Pork Barrel scam
November 7, 2013 5:45pm

Sa pagharap sa Senado nitong Huwebes, itinanggi ng negosyanteng si Janet Lim-Napoles ang mga paratang ng kaniyang mga dating empleyado na sangkot siya sa P10-bilyon pork barrel scandal.

Paliwanag ni Napoles, hindi niya inutusan ang kaniyang mga dating kawani na gumawa ng mga pekeng non-government organization o NGO. Pinasinungalingan naman ni Benhuy Luy, whistleblower sa kaso, ang ginawang pagtangi ni Napoles. "She's lying," ani Luy sa mga sagot ni Napoles.



Bukod kay Luy, naroon din sa pagding ng Senate blue ribbon committee ang iba pang whistleblowers na sina Gertrudes Luy, Marina Sula, Merlina Suñas, Simonette Briones, at Mary Arlene Baltazar. Bukod sa pagtangi sa mga paratang laban sa kanya, umiwas din si Napoles sa mga tanong kaugnay sa kaniyang kompanya na JLN.

"May kaso na po sa BIR [Bureau of Internal Revenue]. Dun na lang sasagutin kung ano yung tine-trade namin," sagot ni Napoles nang tanungin siya Senador Teofisto Guingona III kaugnay sa trading business nito. Ayon sa whistleblower na si Sula, pinagawa siya ni Napoles ng 20 NGOs at isang foundation na nakapangalan sa nanay ni Janet. Tanging ang Madalena Luy Lim Foundation ang NGO na inamin ni Napoles na hawak niya.

"Yan totoo dahil outreach namin yan sa Boys Town, Girls Town, Golden Heart, sa kaparian," paliwanag ni Napoles.

Inamin naman ni Napoles na kilala niya ang mga whistleblower na sina Benhur at Gertrudes Luy, Sula, at Baltazar, subalit itinanggi niyang kilala niya si Suñas. "Hindi ko alam. Hindi ko alam kung ano ang gusto nila sabihin. Tatal nademanda na nila 'yan sa Ombudsman,'" ani Napoles sa mga patutsada ng mga whistleblower laban sa kanya.

Pinabulaanan din ni Napoles na may suhol siyang ibinigay sa mga mambabatas kaugnay sa nasabing scam. "Nakakaawa yung mga senador na nada-drag ang pangalan dito e hindi naman totoo," aniya.

Mahigpit naman itong tinutulan ni Luy. Aniya, bago pa man siya magtrabaho sa JLN Corporation na pagmamay-ari ni Napoles, may mga kontrata na ito sa gobyerno. "Nakikita ko na sa ledger may nakalagay na mga porsyento doon," giit ni Luy. Dagdag pa ni Luy, makikitang totoo ang sinasabi niya sa mga dokumento sa bangko na may mga endorsement letter pa mula sa mga pulitiko. Ngunit, inamin niya na wala sa kaniya ang mga dokumento. "Hindi naman ako magkakaroon ng record kung hindi na-assign sa akin. Hindi ako magkakaroon ng record ng bank accounts kung hindi niya ibinigay sa akin," patuloy ni Luy.

Nang tanungin si Napoles kung kilala niya ang mga pulitiko na nasangkot sa P10 bilyon pork barrel scam, sinabi ng negosyante na kilala niya ang mga ito bilang mga kilalang personalidad pero hindi sa personal. Itinanggi rin niya ang pagbibigay ng voucher bilang kickback sa mga mambabatas. "Sa tingin niyo kung may ganoong kickback, do you think isang mambabatas at chief of staff ay pipirma ng voucher? Wala pong ganyang voucher at bigayan ng pera," depensa ni Napoles.

Kinontra naman ito ng mga whistleblowers. Ayon kay Luy at Suñas, inutusan sila ni Napoles na gutay-gutayin o i-shred ang mga voucher. "Ako nagpa-file ng vouchers mula pa nang ako ay magtrabaho kay Napoles hanggang nitong Aug 2013, pero itong January 2013, pina-shred niya sa Pacific Plaza," ani Suñas. Idinagdag niya na may biniling heavy duty shredder sa dami ng mga dokumento na kailangan nilang sirain.

"Sabi niya, kailangan i-shred lahat ng evidence para in case magka-search warrant wala po makikita na [kunekta sa] NGO at sa legislators," ani Baltazar. Pahayag naman ni Luy, ilang beses niyang nakita na bumisita ang mga mambabatas o ang chief of staff ng mga ito sa kanilang opisina sa Discovery Suites. Kung minsan ay siya pa umano ang personal na nagdadala ng pera sa mga kawani ng gobyerno.

"Nakikita ko lawmakers at sinasabi sa akin ni madame [Napoles]. May pagkakataon [din] na inutusan ako ni madame at ihahatid ko po sa bahay," aniya.

Banat naman ni Napoles, hindi opisyal kung hindi empleyado lamang ng kanilang opisina si Luy. "Lagi siyang may religious ... kaya bihira siya sa office. Siya may gawa niyan kaya hindi ko alam," pahayag niya.

Ilan pa sa mga alegasyong pinabulaanan ni Napoles ay ang pagbili niya umano ng dolyar sa black market na idinedeposito nito sa mga bank account niya sa Amerika; pag-uutos sa mga empleyado niya na pekein ang pirma ng mga benepisyaryo ng mga proyekto ng gobyerno. -- Rouchelle R. Dinglasan/FRJ, GMA News

Sipi mula sa: <http://www.gmanetwork.com/news/story/334454/ulatfilipino/balitangpinoy/napoles-itinangging-sangkot-siya-sa-pork-barrel-scam>

Tanong:

Paano pinatunayan ng mga *whistleblower* ang kanilang paninindigan sa pagsisiwalat ng katotohanan?

Lathalain # 4

Ang 'Think Before You Click' campaign ng GMA Network

July 16, 2011 12:07am

Tags: Facebook

Dahil sa mabilis na pagdami ng mga Pinoy na nahuhumaling sa mga social networking site gaya ng Facebook at Twitter, inilunsad ng GMA Network ang kampanyang, 'Think Before You Click.'

Sa ulat ng GMA News TV State of the Nation nitong Biyernes, sinabing pampito na ngayon ang Pilipinas sa buong mundo na may pinakamaraming gumagamit



Sa ulat ng GMA News TV State of the Nation nitong Biyernes, sinabing pampito na ngayon ang Pilipinas sa buong mundo na may pinakamaraming gumagamit ng Facebook. Bukod dito, mabilis din ang pagdami ng mga Pinoy na nagbubukas ng kanilang mga Twitter account.

Kaya naman bilang bahagi ng "Serbisyong Totoo" ng GMA Network, inilunsad ang kampanyang 'Think Before You Click,' para paalalahanan ang mga Kapusong Pinoy tungkol sa responsabilidad sa paggamit ng mga social networking site.

"Sometime we forget what we posts online stays there forever. Hindi 'yan parang, I can delete it tapos mawawala na, hindi ganun ang Internet di ba?" pahayag ni Sheila Paras, News Creative Imaging Head, GMA Network, sa ulat ni GMA news reporter Dano Tingcungco.

Dagdag pa ni Paras, kahit "anonymous" o hindi tunay na pangalan ang ginamit sa binuksang account, hindi ito dahilan para manira at manakit ng kapwa sa mga social networking site.

"Just because meron silang mga account they're anonymous so to speak, pwede na silang basta-basta na lang manira ng ibang tao. Hindi nila nalalaman na yung taong sinisiraan nila, totoong tao 'to, merong personality outside the Internet; totoong buhay 'yon na naapektuhan," paliwanag niya.

Kabilang sa mga magbibigay ng tips tungkol sa responsableng paggamit ng mga social networking site ay ang mga Kapuso stars na sina Iza Calzado, Maxene Magalona, Moymoy at Palaboy, Ramon Bautista, at German "Kuya Germs" Moreno.

Nandiyan din sina Howie Severino, news anchor at Editor in Chief ng GMA News Online; Gang Badoy, founder RockEd Philippines; Carlos Celdran, Manila tourist guide at si Secretary Mario Montejo, Department of Science and Technology.

Ang 'Think B4 U Click' campaign ng Kapuso ang kauna-unahang social media awareness campaign ng isang media organization sa bansa.

Ayon kay Maxene, siya man ay ilang beses nang napagsabihan ng masama, napadalhan ng mga negative comments at nabastos sa mga social networking site.

"Ang gusto ko lang ipaalala na sana matuto pa rin tayong rumespeto ng kapwa," ayon sa young actress.

Samantala si Iza, natuto raw na i-censor ang sarili sa mga ipino-post sa kanyang mga social networking site.

Ang simpleng paalala naman ni Howie, " Dapat lagi mong iniisip na ang social media ay isang public space, kung ano ang ayaw mong gawin sa publiko dapat hindi mo gagawin dito."

Mapapanood ang "Think Before You Click" campaign sa lahat ng platform ng GMA Network kasama na ang GMA 7, GMA News TV 11 at GMA News Online. Abangan din ito sa Twitter at Facebook account GMA News. – FRJimenez, GMA News

More from: <http://www.gmanetwork.com/news/story/226458/showbiz/chikaminute/ang-think-before-you-click-campaign-ng-gma-network>

Tanong:

Paano nagagamit ang social media network sa pansariling kapakanan at kapahamakan ng iba?



D. PAGPAPALALIM

Paninindigan Para sa Katotohanan at Pagsasabi ng Totoo Para sa Kabutihan

Pamilyar ka ba sa mga pahayag sa ibaba?

Totoo bang kinopya lamang ni Lina ang kaniyang proyekto kay Ramon? Bakit kaya?

May palagay akong siya ang kumuha ng orihinal na *manuscript* ng kaniyang *boss* para makagawa ng isang artikulo!

Maiging manahimik kaysa sa magkamali ng mga sasabihin. Hindi na lamang ako kikibo!

Mabuti na ang mangupit kaysa sa magnakaw ng malaking halaga...

Kung ikaw ang nakikinig sa bawat pahayag, maniniwala ka ba agad, sasang-ayon o maghahanap ng katibayan bago maniwala? Umaasa ka lamang ba sa obserbasyon at sa sarili mong kutob o pakiramdam ngunit wala namang matibay na paninindigan? Paano mo gagamitin ang iyong maingat na paghuhusga na napagaralan mo sa Modyul 9 sa pagtukoy mo ng katotohanan at sa pagkilatis mo ng mabuting opsyon sa mga isyung etikal at mabuting pagsuri sa mga dilemang moral? Ibabahagi sa iyo ng babasahing ito kung paano maging bukas sa katotohanan na taglay ang matalinong pag-iisip at wastong pangangatuwiran.

Ang Misyon ng Katotohanan

Ang katotohanan ang nagsisilbing ilaw ng tao sa paghahanap ng kaalaman at layunin niya sa buhay. Ang pagsukat ng kaniyang katapatan ay nangangailangan ng pagsisikap na alamin ang katotohanan. Sa bawat tao na naghahanap nito, masusumpungan lamang niya ang katotohanan kung siya ay naninindigan at walang pag-aalinlangan na sundin, ingatan, at pagyamanin. Ang sinumang sumusunod dito ay nagkakamit ng kaluwagan ng buhay (*comfort of life*) na may kalakip na kaligtasan, katiwasayan, at pananampalataya.



Sa Modyul 2 inilarawan dito ang pahayag ni Fr. Roque Ferriols tungkol sa “tahanan ng mga katoto,” (Dy, Manuel Jr.). Ibig sabihin, may *kasama ako na makakita o may katoto ako na makakita sa katotohanan*. Mahalaga na makita ng bawat tao ang katotohanan mula sa pagkakakubli na lumilitaw mula sa pagsisikap niya na mahanap ito. Kung hindi, magiging bulag siya sa mga bagay o isyu sa lipunan na makakaapekto sa kaniyang isip upang magsuri at makaalam. Hindi ito maipagkakait sa kaniya dahil bilang tao siya ay may kakayahan na kumuha ng buod o esensiya sa mga bagay na umiiral.

Ang katotohanan din ay ang kalagayan o kondisyon ng pagiging totoo. Upang matamo ito, inaasahan na maging mapagpahayag ang bawat isa sa kung ano ang totoo sa simple at tapat na paraan. Dahil dito, malaya ang isang tao na gamitin ang wika sa maraming paraan lalo na sa pakikipagtalastasan. Higit pa rito, nagagamit ito bilang instrumento sa pag-alam ng katotohanan.

Magpahayag sa
simple at tapat na
paraan

Ang pagsasabi ng totoo ay mahalaga sa paninindigan ng katotohanan. Ang tunay nitong halaga ay ang pagiging isa at matatag na ugnayan sa pagitan ng wika at kaalaman. Maipakikita ito sa paglilipat ng kaalaman patungo sa pagsasawika nito. Ito ay malayang pagpapahayag sa kung ano ang nasa isip. Ipinahihiwatig na kung ano ang wala sa isip ay hindi dapat isawika. Sa ganitong paraan, ang pagsisinungaling o hindi pagkiling sa katotohanan ay magaganap.

Sa Modyul 7, inilatag sa iyo ang pagiging mapanagutan sa kilos. Kabilang dito ang pagkakaroon ng kamalayan at kaalaman tungo sa makataong kilos. Dito magbubukas ang isip ng tao na magkaroon ng paninindigan sa kabutihan tungo sa pagyakap sa katotohanan. Mula sa Kautusang Walang Pasubali (*Categorical Imperative*) ni Immanuel Kant na nagsasabi na isang obligasyon ang pagtupad ng tao sa kaniyang tungkulin at mga gawain. Kung mapaninindigan ng tao ang kaniyang

kilos at reaksiyon sa isang sitwasyon, matatamo niya ang mataas na pagpapahalaga dahil mas higit ang pagpili niya na umanib sa katotohanan at maging mapanagutan sa aspektong ito.

Ang imoralidad ng pagsisinungaling

Mula sa paglawak ng iyong kaalaman sa halaga ng katotohanan at mga kaakibat na pananagutan dito, hindi pa rin maipagkakaila na ang sinuman

Tanong:

Nakagawa ka na ba ng isang pagsisinungaling para mapagtakpan ang pagkakamali at maging malinis ang imahe sa mata ng iba?

ay may kakayahan na makalikha ng isang kasinungalingan upang pagtakpan ang pagkakamali at maging malinis ang imahe sa mata ng iba. Nagawa mo na ba ito? Ilang beses na? Kung maraming beses na, paano mo ito aaminin at pananagutan? Sa pagbabalik-tanaw noong ikaw ay nasa Baitang 8, naliwanagan ka tungkol sa katapatan sa salita at sa gawa sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga kabutihang dulot nito tungo sa mabuti at malusog na pakikipagkapuwa. Higit pa rito ay makakukuha rin ng paggalang at tiwala mula sa iba dahil sa ipinamalas na pagiging totoo sa lahat ng pagkakataon. Ikaw ngayon na nasa Baitang 10, anu-ano ang iyong mga paninindigan sa pagsasabi ng totoo laban sa pagsisinungaling? Ayon kay Sambajon Jr. et.al (2011), ang *pagsisinungaling* ay ang hindi pagkiling at pagsang-ayon sa katotohanan. Ito ay isang lason na humahadlang sa bukas at kaliwanagan ng isang bagay o sitwasyon na nararapat na mangibabaw sa pagitan ng mga tao sa isang grupo o lipunan.

Ang kasinungalingan ay may tatlong uri:

1. *Jocose lies* – isang uri na kung saan sinasabi o sinasambit para maghatid ng kasiyahan lamang. Ipinapahayag ito upang magbigay-aliw ngunit hindi sadya ang pagsisinungaling.

Halimbawa: Pagkukuwento ng isang nanay tungkol sa Santa Klaus na nagbigay ng regalo sa isang bata dahil sa pagiging masunurin at mabait nito. Gayundin, ang isang guro na magbibigay sa kaniyang klase ng dagdag na puntos mula sa ipinakita nitong katahimikan ngunit hindi naman niya ito tutuparin.

2. *Officious lie* – tawag sa isang nagpapahayag upang maipagtanggol ang kaniyang sarili o di kaya ay paglikha ng isang usaping kahiya-hiya upang dito maibaling. Ito ay isang tunay na kasinungalingan, kahit na gaano pa ang ibinigay nitong mabigat na dahilan.

Halimbawa: Pagtanggap niya sa pagkain ng hita ng pritong manok na nasa malaking pinggan, na ang totoo ay kinain naman niya. At ang isang mag-aaral na idinahilan ang kaniyang pagliban sa klase nang nakaraang araw dahil sa pagkamatay ng kaniyang ama, na ang totoo'y noong nakaraang taon pa yumao. O kaya ay isang

empleado na may dalawang magkasabay na komitment o napangakuang trabaho sa magkaibang lugar, kung kaya napilitan siyang pumili sa dalawa at umisip nang mabigat na dahilan upang iwasan ang anumang di inaasahang alitan o diskusyon.

3. *Pernicious lie* – ay nagaganap kapag ito ay sumisira ng reputasyon ng isang tao na pumapabor sa interes o kapakanan ng iba.

Halimbawa: Pagkakalat ng maling bintang kay Pedro ng pagnanakaw niya sa *wallet* ng kaniyang kaklase na hindi naman siya ang kumuha nito, na kung saan siya ay kinuhaan din. Gayundin, ang paghinhinala kay Lyn na isa siyang *call girl* dahil sa inggit sa kaniyang karisma at sa maraming humahangang kalalakihan sa ganda niya.

Ang Kahulugan ng Lihim, *Mental Reservation*, at Prinsipyo ng *Confidentiality*

Ikaw ba ay malihim na tao? May mga itinatago sa malalim na dahilan? Ito ay *masama* dahil ang pagtatago ng lihim ay isang uri na rin ng pagsisinungaling o *mabuti* upang hindi na lumaki ang isyu at maiwasan ang eskandalo o anumang hindi mabuting kahihinatnan.


Ang lihim ay pagtatago ng mga impormasyon na hindi pa naibubunyag o naisisiwalat.

Unahin natin ang kahulugan nito. Ang *lihim* ay pagtatago ng mga impormasyon na hindi pa naibubunyag o naisisiwalat. Ito ay pag-angkin ng tao sa tunay na pangyayari o kuwentong kaniyang nalalaman at hindi kailanman maaaring ihayag sa maraming pagkakataon nang walang pahintulot ng taong may-alam dito. Ang sumusunod ay mga lihim na hindi basta-basta maaaring ihayag:




Natural secrets – ay mga sikreto na nakaugat mula sa Likas na Batas Moral. Ang mga katotohanan na nakasulat dito ay magdudulot sa tao ng matinding hinagpis at sakit sa isa't isa. Ang bigat ng ginawang kamalian (*guilt*) ay nakasalalay kung ano ang bigat ng kapabayaang ginawa.

Halimbawa: Ang pagtatago ng isang maambisyong babae na isa siyang ampon na pinipilit pagtakpan ang kaniyang nakaraan. Ito ay maaaring magdulot ng kahihyan sa kaniyang pagkatao. At ang isang dating bilanggo na nagsisikap makapagbagong-buhay sa ibang lugar upang itago ang kaniyang dating buhay.



Promised secrets – ito ay mga lihim na ipinangako ng taong pinagkatiwalaan nito. Nangyari ang pangako pagkatapos na ang mga lihim ay nabunyag na.

Halimbawa: Paglihim sa isang sinisimulang magandang negosyo hangga't hindi pa ito nagtatagumpay.



Cross my heart
and hope to die.

Hindi rin sinasabi ang mga mahahalagang detalye at impormasyon kahit sa mga kasamahan at kaibigan man.



Committed or entrusted secrets – naging lihim bago ang mga impormasyon at kaalaman sa isang bagay ay nabunyag. Ang mga kasunduan upang ito ay mailihim ay maaaring:

- a. Hayag. Kung ang lihim ay ipinangako o kaya ay sinabi ng pasalita o kahit pasulat.

Halimbawa: Ang isang sekretarya ng doktor, na inililihim ang mga *medical records* ng isang pasyente.

- b. Di hayag. Ito ay nangyayari kapag walang tiyak na pangakong sinabi ngunit inililihim ng taong may alam dahil sa kaniyang posisyon sa isang kompanya o institusyon. Madalas ito ay pang propesyonal at opisyal na usapin. Mga halimbawa nito ay mga impormasyon na natatanggap ng mga doktor at nars mula sa kanilang mga pasyente, mga *facts* na nasa pangangalaga ng *government intelligence men*,



mga pambahirang kaalaman (*priviledge knowledge*) na nakuha ng mga abogado, *social workers*, mga pari (at iba pang mga lihim sa kumpisalan na binigyan ng ganap na kapatawaran at iba pang di ginagawa ng hayagan), at iba pang mga tungkulin na binigyan ng tiwala upang humawak ng mga lihim. Ang mga doktor at espesyalista sa pag-oopera at mga katulong nitong mga nars ay may karapatang magtago ng lihim mula sa mga personal na impormasyon ng kanilang pasyente na nasa ilalim ng *anesthesia*, ayon ito kay Papa Pius XII. Ang pagtatago ng mga lihim na propesyonal ay isang *grave moral obligation*.

Ang mga lihim ay maaaring ihayag o itago lalo't higit kung may matinding dahilan upang gawin ito. Sa kabilang banda, ang paglililihim ay maaaring magbunga ng malaking sakit at panganib sa taong nagtatago nito, sa ibang taong may kaugnayan rito maging sa kaniyang lipunan ginagalawan. Maaaring itago ang katotohanan gamit ang *mental reservation*. Ito ay ang maingat na paggamit ng mga salita sa pagpapaliwanag na kung saan ay walang ibinibigay na tiyak na impormasyon sa nakikinig kung may katotohanan nga ito.

Ang *mental reservation* ay ang maingat na paggamit ng mga salita sa pagpapaliwanag na kung saan ay walang ibinibigay na tiyak na impormasyon sa nakikinig kung may katotohanan nga ito.

Ito ay ang maingat na paggamit ng mga salita sa pagpapaliwanag na kung saan ay walang ibinibigay na tiyak na impormasyon sa nakikinig kung may katotohanan nga ito. Ito ay paraan ng paggawa ng kasinungalingan. Halimbawa nito ay ang pahayag na, “Ang sabi ko ay pupunta ako sa isang *excursion* na ang totoo ay wala naman talaga akong planong gawin iyon.”

Pangalawa ay ang pagbibigay nang malawak na paliwanag at kahulugan sa maraming aspekto at anggulo ng mga isyu upang ang nakikinig ay makakuha ng impormasyon sa isang pahayag na walang katotohanan. May mga kondisyon sa paggamit nito, ang ilan ay ang sumusunod:

1. Walang panganib sa tao na siyang may karapatan na malaman ang totoo – ang magulang at mga tagagabay ay may karapatan na malaman ang katotohanan tungkol sa kanilang mga anak at maging sa kanilang pinangangasiwaan.
2. Magandang intensiyon sa paglilihim dito – hindi man matatawag na tunay na makatarungan ang pagprotekta sa kaalaman ng tao sa pagtatago ng mga lihim gaya ng edad, tirahan, o personal na impormasyon gaya ng isang *charitable institution* na humahawak sa talaan nito upang masagip ang reputasyon mula sa kahihyan sa mga taong mapanghusga. Ang kaligtasan ng buhay ng isang tao mula sa kamay ng mga *hoodlums* o sa kamay ng kaniyang mga kaaway.

Ang iba pang mga paraan sa pagtago ng katotohanan ay sa pamamagitan ng pag-iwas (*evasion*) at paglilihis ng mga maling kaalaman (*equivocation*). Makatutulong ito kung ang isyu o problema ay hindi lubhang mahalaga at ang isang partido ay may pahintulot dito.

Sa iyong palagay, mas mabuti ba manahimik na lamang upang hindi na magkaroon ng isyung pag-uusapan at ikubli na lamang kung ano ang nasa likod ng katotohanan? Sa prinsipyo ng *Confidentiality*, ang pagsasabi ng totoo ay hindi lamang pagpapahayag nang ayon sa nasa isip, ito rin ay maipahayag sa mas malalim na pag-iisip, pananalita, at

Sa iyong palagay, mas mabuti ba manahimik na lamang upang hindi na magkaroon ng isyung pag-uusapan at ikubli na lamang kung ano ang nasa likod ng katotohanan?

May sitwasyon ka ba na hindi mo masabi ang nasa isip mo?

May agam-agam ba kung bakit hindi mo ito maipahayag?

pagkilos bilang isang taong nagpapahalaga sa katotohanan. Mula sa matalinong pag-iisip at pagpili, ang *pagiging totoo* ay solusyon sa mga posibleng hidwaan, mga pagkakaiba-iba sa pananaw at opinyon, hindi pag-uunawaan, mga sakit ng kalooban at kahihyan at nakababawas ng pagkakaiba-hiwalay sa pagitan ng bawat isa tungo sa pagkamit ng kapayapaan at maayos na samahan. Ilang mga sitwasyon na ba tulad ng di pag-uunawaan at matinding pagtatalo sa mga magkakaibigan ang naayos dahil sa bukas na pagsasabi ng totoo

kaakibat ng pagmamahal at pagmamalasakit sa iba? At ilang relasyon at magandang samahan ang tuluyang nasira dahil sa walang puso at walang pagmamalasakit na pagbubunyag ng katotohanan?

Sa ating lipunan na talamak ang pandaraya at kawalan ng galang sa tunay na halaga ng katotohanan, may paraan pa ba upang ito ay maituwid? Ano-ano ang mga isyu sa ating kapaligiran ang humahamon sa kasagraduhan ng katotohanan? Ano ang

mga itinuturing na paglabag sa intelektuwal na gawain at pag-aari ng tao? Paano na kaya ang mga taong tila bulag na sa katotohanan? May ideya ka ba kung paano ito nakasisira sa halaga ng pangkaisipan at moral na paglago ng isang tao mula sa mga pinaghirapan niya at bunga ng kaniyang pagpupunyagi? Umpisahan natin sa isyu ng *plagiarism*.

Plagiarism

Ang *plagiarism* ay isang paglabag sa *Intellectual Honesty* (Artikulo, A. et al, 2003). Ito ay isyu na may kaugnayan sa pananagutan sa pagpahayag ng katotohanan at katapatan sa mga datos, mga ideya, mga pangungusap, buod at balangkas ng isang akda, programa, himig, at iba pa ngunit hindi kinilala ang pinagmulan bagkus, nabuo lamang dahil sa ilegal na pangongopya. Ito ay maituturing na pagnanakaw at pagsisinungaling dahil inaangkin ang hindi iyo (Atienza, et al, 1996). Lahat ng mga naisulat na babasahin o hindi man naitala, maging *manuscript* (mga sulat-kamay na hindi nalimbag), mga nailimbag o kaya sa paraang elektroniko ay sakop nito. Ang pagbubunyag sa lihim na kasunduan sa pagitan ng dalawa o grupo ng mga tao upang magtagumpay ang proyekto ay *plagiarism*.



Sumasailalim sa prinsipyo ng *Intellectual Honesty* ang lahat ng mga orihinal na ideya, mga salita, at mga datos na nakuha at nahiram na dapat bigyan ng kredito o pagkilala sa may-akda o pinagmulan. Ang pag-angkin sa gawa ng iba ay hindi lamang indikasyon ng mababang uri ng kaalaman at kakayahan, kundi isang kahinaan sa kabuuan ng pagkatuto ng tao. Paano ito maiiwasan?

1. Magpahayag sa sariling paraan. Magagawa ito sa pamamagitan ng malayang pagpapahayag ng kaisipan sa pagpapaliwanag o pagbuo ng ideya at konsepto.
2. Mahalaga rin na magkaroon ng kakayahan na makapagbigay ng sariling posisyon o *stand* sa anumang argumento o pagtatalo.
3. Ang tamang pagsusuri sa gawa ng iba, pagtimbang sa bawat argumento at pagbuo ng sariling konklusyon o pagbubuod ay makatutulong sa sarili na magpahayag.

Mahalaga na matutuhan, hindi lamang ang kasanayan at teknik ng pagsusulat at iba pang katulad nito kundi ang pagpapamalas ng pagkilala sa kredibilidad at impluwensiya sa iyo ng taong tumulong upang makabuo ka ng iyong likha. At pagpapakita rin ito ng iyong komitment sa prinsipyo ng *Intellectual Honesty*.

Nakalulungkot ngunit maraming tao ang gumagawa ng pangongopya lalo na sa paaralan na siyang inaasahang tagapagturo ng katapatan at kasipagan pangalawa sa pamilya . Suriin natin ang isang dilemang moral at ang mga opsiyong mapamimilian:

Isang pangkat ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng isang kilalang pamantasan ang pinatawag ng *Disciplinary Committee*. Ito ay dahil sa natuklasang pagkopya sa isang pomosong artikulo ng sikat na manunulat para sa kanilang *thesis*, isang *major requirement* sa kinuhang kurso. Hindi nila binigyan ng tamang pagkilala ang pinagkunang sanggunian bagama't nagawa nilang ilagay ang ibang sanggunian bilang etika sa prinsipyo ng *Intellectual Honesty*. Magtatapos sana sila sa Marso ngunit may takot silang hindi mangyayari ito. Humingi sila ng konsiderasyon at bagong pagkakataon upang maituwid ang kanilang ginawang pagkakamali sa pamamagitan ng paglalagay nito sa talaan ng sanggunian. Kung ikaw ang isa sa miyembro ng *panel* ng *thesis*, ano ang magiging pasiya at kilos mo?

Isa-isahin natin ang mga opsiyon na maaaring piliin ng *panel* ng *thesis*.

Talaan	Opsiyon 1	Opsiyon 2
Layunin	Maturuan ng leksiyon ang mga mag-aaral na mali ang pangongopya	Mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral para sila ay makapagtapos sa Marso
Mga Pagpipilian / Paraan	Ihain ang kaso sa <i>disciplinary committee</i> ng unibersidad upang mabigyan ng kaukulang pansin ang ginawang maling aksiyon	Gawin ang nararapat sa pamamagitan ng paglalagay ng pangalan ng manunulat sa kanilang sanggunian
Sirkumstansiya	Hindi papayagan ang mga mag-aaral na makatapos hanggat hindi tapos ang kasong <i>plagiarism</i>	Bigyan ng palugit ang mga mag-aaral na maitama ang mga detalye sa sanggunian bago dumating ang <i>graduation</i>
Kahihinatnan	<ul style="list-style-type: none"> • Magkakaroon sila ng kasong <i>plagiarism</i> • Hindi makatapos sa takdang araw na dapat sana ay makahahapan ng trabaho 	<ul style="list-style-type: none"> • Makatatapos sa araw ng <i>graduation</i> • Magkakaroon ng kamalayan at aral sa halaga ng <i>Intellectual Rights</i>

Bakit kaya may mga taong tila nahihirapan na kilalanin at ipagbigay-alam ang pinanggalingan ng kaalamang ginamit? May takot bang mapulaan ng katamaran o isang kahihyan na mabansagan na mangmang? Kung magagawa ng tao na mapanindigan ang kaniyang likha mula sa tulong at gawa ng iba, ito ay magbubunga ng patas, tapat,

at proteksiyon sa sariling gawa. Kung wala ang proteksiyong ito, ang tao ay hindi na magaganyak pang gumawa, lumikha at mag-isip ng magagandang ideya at konsepto na magagamit para sa kapakinabangan ng kaalamang pantao (*human knowledge*).

Ang *panel* ng *thesis* bilang isang tao na sapat ang kaalaman at kakayahan sa pagpili ng tama at tuwid na katuwiran ay dapat na kilalanin ang halaga ng katotohanan na siyang magiging direksiyon sa pagbibigay ng tamang katuwiran. Ang tao ayon sa paliwanag mula sa Modyul 2 ay nilalang na may likas na kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Kung kaya sa dilemang moral, mabuting piliin ay ang opsiyon 2. Ang pagbigay ng pagkakataon sa pagkakamali ng iba at pagpapaunawa sa ginawang kasalanan ay isang halimbawa ng kilos ng pagmamahal.

Ang ikalawang isyu na ating pag-uusapan ay may kinalaman sa *intellectual piracy*.

Intellectual piracy

Ang paglabag sa karapatang-ari (*copyright infringement*) ay naipakikita sa paggamit nang walang pahintulot sa mga orihinal na gawa ng isang taong pinoprotektahan ng *Law on Copyright* mula sa Intellectual Property Code of the Philippines 1987. Ang paglabag ay sa paraan ng pagpaparami, pagpapakalat, pagbabahagi, at panggagaya sa pagbuo ng bagong likha. *Copyright holder* ang tawag sa taong may orihinal na gawa o ang may ambag sa anumang bahagi at iba pang mga komersiyo.



Ang *piracy* ayon sa *Dictionary.com website* ay isang uri ng pagnanakaw o ilegal na pang-aabuso sa mga barko na naglalayag sa karagatan. Malinaw na uri ito ng paglabag dahil may intensiyon para sa pinansiyal na dahilan. Gayunpaman, ang salitang ito ay may kilos ng paglabag sa karapatang-ari para sa isang napakahalagang bagay at pagkakataon. Ang *theft* ay hindi lamang literal na pagnanakaw o pagkuha nang walang pakundangan kundi lubusang pag-angkin sa pag-aari nang iba na walang paggalang sa karapatang nakapaloob dito. Ito ay matatawag na isang krimen tulad ng pagpatay, *kidnapping*, at iba pang uri ng kriminal na gawain sa ating lipunan. Ngunit kahit pa ipinagbabawal ang mga ito at may mga pinagtibay na batas, bakit may mga tao pa ring *nahihikayat* na gawin o di kaya ay *paulit-ulit* na pagsasagawa nito? Tingnan natin ang iba't ibang dahilan:

Presyo. Kawalan ng kakayahan na makabili dahil sa mataas na presyo mula sa mga legal na establisimiyento, kung kaya mas praktikal na ito ay *i-pirate* na lamang o tahasang kopyahin sa pamamagitan ng *downloading*.

Kawalan ng mapagkukunan. Kung ang produkto ay limitado sa mga pamilihan at may kahirapang hanapin, maiisipan na mas madali itong maangkat sa ibang paraan tulad ng pag-access sa *internet* o ibang *website address*.

Kahusayan ng produkto. Kung ang produkto ay napakinabangan ng lahat at nakatutulong sa iba, ito ay magandang oportunidad upang tangkilikin ng lahat. Dahil ito ay madaling makita o mahanap sa *internet*, hindi maiiwasan na marami ang tumangkilik at ibahagi ito sa ibang taong may kaparehong pangangailangan.

Sistema/paraan ng pamimili. Ang sistemang ito ang nagbibigay sa mamimili ng komportableng paraan na mapadali ang mga transaksyon gamit ang *online orders*. Dahil sa sistemang ito, ang mamimili ay nakatitipid ng oras gayundin sa paraan ng pagbabayad sa nagustuhang produkto.

Anonymity. Dahil sa napakadali ng *access* sa *internet*, hindi na rin mahirap ang mag *download* o makakuha ng mga impormasyon at detalye mula sa nais na *website* ng isang *copyright owner* na hindi na kailangan pa ng anumang pagkakakilanlan o *identification*.

Sa mga nabanggit sa itaas, masasabing tunay na naghahatid ng kaluwagan at kaginhawaan sa mga konsyumer ang ganitong paraan ng pagbili at pag-angkat ng produkto. Nakalulungkot ngunit hindi sa taong lumikha nito. Bagaman pinahihintulutan ang mga ito, masasabi pa ring ilegal at walang hatid na proteksyon at pagkilala sa taong nagbahagi at nag-ambag nito. Samakatuwid, anuman ang maging dahilan sa pagkuha ng mga *files* sa *net*, ito ay isa pa ring maituturing na paglabag sa karapatang-ari ng taong nararapat na tumanggap ng pagkilala at paggalang.

Karapatang-ari at ang Prinsipyo ng *Fair Use*

Kinikilala ng ating batas ang prinsipyo ng *Fair Use* na magkaroon ng limitasyon sa pagkuha ng anumang bahagi ng likha o kabuuang gawa ng awtor o manunulat sa kaniyang pag-aari upang mapanatili ang kaniyang karapatan at tamsahin ito. Ang sumusunod ay ilan lamang sa pangunahing eksepsyon sa karapatang-ari:

1. Ang pagsasapubliko ng anumang likha o gawa, maging ito man ay personal na kopya o sipi at walang bayad (*free of charge*) o di kaya ay mahigpit na patnubay ng mga nasa mapagkawanggawa at panrelihiyosong institusyon o samahan. (Sek.184. 1 Talata a)
2. Ang paggamit ng mga *quotation* o pahayag mula sa mga gawang nailimbag kung magtutugma sa prinsipyo ng *Fair Use* at may makatuwirang dahilan sa paggamit nito. Halimbawa nito ay mga sipi at artikulo mula sa diyaryo at iba pang uri ng pahayagan. Sa ganitong pagkakataon, *mahalagang banggitin ang mga pinagkunan at ang pangalan ng awtor, kung ang kaniyang gawa ay gagamitin.* (Sek. 184.1 Talata b)

3. Ang paglalangkap ng mga gawa sa paglalathala, pagbabalita, at iba pang uri ng komunikasyon upang isapubliko ito, *sound recording* o anumang pelikula, kung ang mga ito ay gagamitin sa pagpapakita ng halimbawa ng pagtuturo sa silid-aralan at ibang pang-akademikong layunin at magtutugma sa prinsipyo ng *Fair Use* at may makatuwirang dahilan sa paggamit nito, sa ganitong pagkakataon, *mahalagang banggitin ang mga pinagkunan at ang pangalan ng awtor, kung ang kaniyang gawa ay gagamitin.* (Sek. 184.1 Talata e)

Sa patakaran ng *Fair Use* sa ilalim ng *Copyright Law*, ang mga awtor ay maaaring magtakda ng paggamit sa gawa ng ibang kapuwa awtor kahit hindi pa humingi ng pahintulot dito. Ang *fair use* ay mula sa paniniwala na ang publiko ay may karapatan sa malayang paggamit ng mga bahagi ng inilathalang babasahin para sa pagbibigay-puna at komentaryo. Ang pribilehiyong ito marahil ang pinakamakabuluhang limitasyon sa isang awtor sa kaniyang karapatan sa pag-aari.

Ang susunod na isyu ay may malaking kinalaman sa katapangan sa pagpapahayag ng katotohanan. Hindi man madali ang pag-amin gayundin ang pag-akusa sa maling gawain ng iba; mahalaga ang pagsaalang-alang ng personal na obligasyon na ituwid ang baluktot na gawi at isakripisyo ang sariling reputasyon o imahe kapalit ng pagsunod sa mabuti at totoo. Ang isyung tinutukoy dito ay ang *whistleblowing*.

Whistleblowing

Ano ang reaksiyon mo sa isang *news flash* sa *radio* o telebisyon tungkol sa rebelasyon na may kinalaman sa napapanahong isyu sa lipunan – ang korapsiyon? Sa ganitong sitwasyon pumapasok ang isyu ng lantarang pagbunyag ng isang taong naging susi para malaman ang katotohanan at ang seguridad na para sa pagkamit ng kabutihang panlahat.

Ang *whistleblowing* ay isang akto o hayagang kilos ng pagsisiwalat mula sa tao na karaniwan ay empleyado ng gobyerno o pribadong organisasyon/korporasyon. *Whistleblower* naman ang tawag sa taong naging daan ng pagbubunyag o pagsisiwalat ng mga maling asal, hayagang pagsisinungaling, mga immoral o ilegal na gawain na naganap sa loob ng isang samahan o organisasyon. Nangyayari ito mula sa hindi patas o pantay na pamamalakad, korapsiyon at iba pang ilegal na gawaing sumasalungat sa batas.

Hindi madali para sa isang simpleng empleyado ang lumantad at mag-akusa laban sa kaniyang amo o *boss* na pinaglingkuran. Maaaring ang mabigat na kapalit nito ay ang sapilitang pagkatanggal sa trabaho o pagkabagsak ng kabuhayan. Ngunit sa panahong tulad nito, hindi na ang usapin ay kung tama ang hayagang pagbunyag sa publiko, ang mahalaga ay kailan at paano ilalahad o ipapaalam ang lahat sa mga tao.

Subukin nating suriin ang isa pang dilemang moral na ito:

Malaki ang utang na loob ni Rudy sa kaniyang Ate Cecil na isang *Head Nurse* sa malaking ospital sa Maynila. Dahil sa paghanga rito, kumuha rin siya ng kursong *Nursing*. Nang siya ay nakatapos, tinulungan siya ng kaniyang ate na makapasok at mapabilang sa ospital na pinapasukan nito. Lalo siyang nagkaroon ng mataas na pagtingin at respeto sa kaniyang kapatid dahil sa laki ng naitulong nito sa kaniya. Nagkaroon ng pagkakataon at nagkasama sila sa isang *department* sa pareho ding *shift*, ang *night shift*. Sa mga pang-araw-araw na *routine* sa ospital, napapansin niya na sa kanilang pag-uwi ay laging may uwing *bag* ng mga gamot ang kaniyang ate. Lingid sa kaalaman niya, matagal na palang ginagawa ni Cecil mula pa noong siya ay nag-aaral pa lamang. Ibinebenta ito ni Cecil sa isang maliit na *pharmacy* malapit sa pamilihan sa kanilang lungsod. Dumating ang pagkakataon at nalaman niya ang maling gawaing ito ng kaniyang ate. Nang minsan silang nagharap tungkol sa isyung ito, umamin si Cecil sa kaniya na totoong nagpupuslit ito ng mga gamot at ito rin ang naging daan at paraan upang makatapos siya ng pag-aaral sa kolehiyo. Dapat bang isiwalat ni Rudy ang maling gawain ng kaniyang kapatid?

Suriin natin ang mga talaan sa ibaba:

Talaan	Opsiyon 1	Opsiyon 2	Opsiyon 3
Layunin	Ikondena ang kapatid na mali ang gawaing pagpupuslit at may responsibilidad kang iparating ito sa <i>management</i> ng ospital.	Protektahan ang kapatid bilang kadugo at tanawin ang mga naitulong noong ikaw ay nag-aaral pa.	Lihim na ipaalam sa mga pasyente ang maling gawaing ito ng kapatid.
Mga Pagpipilian / Paraan	Ilatag sa kapatid ang mabuti at di mabuting dulot ng pagpupuslit at maging bukas na may kaso siyang dapat harapin.	Manahimik at huwag ipagsabi sa iba ang nalalaman upang protektahan ang kapatid.	Payuhan ang mga pasyente na magsampa ng kaukulang kaso laban sa mga nagpupuslit na ito kabilang na ang kapatid.
Sirkumstansiya	Mabibigyan ng pagkakataon ang kapatid na maitama at maituwid ang maling gawa.	Magpapatuloy ang masamang gawain at posibleng mas lumala ang pagnanakaw.	Mabibigyang hustisya o katarungan ang mga pasyente na niloko gayundin upang hindi na matularan ng iba pa.
Kahihinatnan	Maaaring masira ang inyong magandang ugnayan bilang magkapatid.	Magpapatuloy ang magandang ugnayan sa pagitan ninyong magkapatid.	Maaaring masira ang inyong magandang ugnayan bilang magkapatid.

Ang pagpapahayag ng katotohanan ay tunay na mabuti at matuwid na gawain at walang pasubali na isa itong *moral na obligasyon* ng bawat tao. Ngunit kung iuugnay sa tunay na mga kaso o tiyak na sitwasyong moral, may mga bagay na dapat bigyang-pansin at hindi dapat balewalain bago magpahayag o magsiwalat ng katotohanan. Kung magkaroon man ng problema sa lugar na pinagtatrabahuan, makatuwiran lamang na malaman ito ng amo o “boss” upang magkaroon ng isang mainam na solusyon o pag-aayos sa loob ng kaniyang nasasakupang organisasyon o korporasyon. Kung mabibigong gawin ito, saka pa lamang magiging makatuwiran ang *whistleblowing*.


Naririto ang ilang hakbang bago isiwalat ang katotohanan mula sa kompanyang pinagtatrabahuan:

1. Siguraduhin na ang kilos o piniling pasiya ay ayon sa batas moral. Isiping mabuti kung kapakanan ito ng nakararami. Magkalap ng impormasyon tulad ng kasalukuyang mga batas kaugnay ng sitwasyong kinakaharap - halimbawa ang karapatang nilabag sa iyo, mga posibleng multa sa ginawang paglabag at iba pang mga katibayan o impormasyon na maaaring gamitin.
2. Harapin nang buong tapang ang taong nakatataas sa iyo na gawin ang isang bagay na hindi mo ginawa - halimbawa, pagtatapon sa nakalalasang kemikal o pandaraya sa mga dokumento atbp. at ipagbigay-alam ito sa kaniya. Kung mabibigong gawin ito, maaaring idulog ito sa may awtoridad at ipaliwanag na ang kilos ay mali at masama. Maaring hindi alam ng kompanya o organisasyon ang ganitong kalakaran o sistema, ngunit may pagnanais silang bigyang-solusyon ang isyu o problema sakaling ipaalam sa kanila ito nang maayos at malinaw.
3. Kung ang lahat ng paraan ay ginawa na ngunit nabigong isakatuparan ang mga ito, isiping maigi kung *dapat* na ba itong ihayag sa publiko o midya. Sa ganitong sitwasyon, maaring piliing manahimik at magtrabaho na lamang.
4. Kung ilalantad ang isyu sa publiko, dapat na ito ay gawin at isakatuparan nang buong tapang. Ngunit mas higit na dapat mangibabaw ang interes at kabutihan ng nakararami kaysa sa pansariling interes lamang.

Sa modernong panahon kasabay ng mabilis na pag-unlad hatid ng makabagong teknolohiya, tila nakakaapekto sa pananaw at pag-uugali ng kabataan na maagang namulat sa malaking impluwensiya nito. Bagamat malaki ang kontribusyon sa paglago ng kaalaman ngunit nagkukulang sa aspektong moral at etikal ng kabataang nasa henerasyong kung tawagin ay *Generation Z*. Sa iyong personal na pagsusuri, ano ang mga pagbabagong iyong napapansin sa kapuwa mo kabataan na lubhang umakap sa napakagandang alok na kasiyahan at kaaliwan ng *internet* at *social media*? Paano nito naapektuhan ang katapatan pagdating sa katarungan at halaga ng katotohanan sa *impormasyon* at orihinalidad ng isang obra? Talakayin natin at pag-usapan ito.

Ang gampanin ng *Social Media* sa paglinang ng kaalaman at kamulatan ng tao sa pagpapasiya patungo sa kaliwanagan at katotohanan

Hindi maipagkakaila ang laki at lawak ng impluwensiya ng *social media* sa ating kasalukuyang panahon. Ang mga impormasyong nakapaloob dito ay magbibigay sa bawat tao nang sapat na kaalaman na kailangan niya sa aspekto ng edukasyon, kabuhayan, at maging sa pagpapasiya at pagpili ng mga bagay na nakaaapekto sa kaniyang pagkatao at mga mahalagang gampanin niya sa araw-araw na pagganap ng tungkulin sa sarili, tahanan, paaralan, at hanapbuhay.



Si Jasmine ay isang tipikal na tinedyer sa Baitang 10 na maagang namulat sa mundo ng *social media*. Sa edad na 12 ay may *Facebook account* na siya. Ang *minimum age restriction* sa pagkakaroon ng sariling *account* sa *Facebook*, *Twitter*, *Instagram*, *Pinterest*, *Tumblr*, *Kik*, and *Snapchat* ay edad 13. Ang *Youtube account holders* ay kailangang tumuntong sa edad na 18 ngunit kung may permiso at patnubay ng magulang, maaari na ang edad na 13. Kahit malinaw pa ang paalala sa kabataan tungkol sa limitasyon sa paggamit ng mga *social media*, patuloy pa ring lumalaki ang bilang ng mga batang nasa gulang na 12 pababa kahit pa may permiso ng kanilang magulang.

Paano nakakaapekto ang ganitong mga gawi sa aspeto ng mapanuri at kritikal na pag-iisip sa kalayaan ng tao na humusga at mag-isip para sa kabutihan ng kaniyang sarili?

Ayon sa “The Social Age Study” ng *knowthenet.org.uk*, tinatayang 59 porsiyento ng mga bata sa edad na 10 ay maagang gumagamit ng *social network*. Mas marami ang tumatangkilik at naaalih sa *Facebook* sa edad na 13, 52 porsiyento naman sa edad na walo hanggang labing-anim ay umamin na hindi nila sinunod ang edad na kailangan bago magkaroon ng *Facebook account*. Ayon sa pag-aaral, kailangang tumuntong ang isang bata sa edad na 12 bago mahubog ang kaniyang kagalingang kognitibo upang maabot niya ang mapanuri at kritikal na pag-iisip tungo sa etikal na pamantayan. Posible sa isang kabataan na dayain ang petsa ng kaniyang kapanganakan bagama’t may nagpapalagay na isa itong mababaw na kasinungalingan lamang, isa pa rin itong maituturing na pandaraya. Posible na sa simpleng gawaing ito ay maging biktima ang sinuman ng panggigipit (*harassment*), pangingikil at ng *cyber-bullying* sa kanilang sobrang pagkahumaling at maagang pagsali sa mga *social networking sites*.

Paano nakaaapekto ang ganitong mga gawi sa paghubog ng mapanuri at kritikal na pag-iisip ng isang bata? Kung maaga siyang nahumaling sa kakaibang aliw na naibibigay ng *social media*, may malaking epekto kaya ito sa kaniyang mga tungkulin sa sarili, tahanan, at pagkamamamayan? Kung hindi niya pagsusumikapan na matamo at mahasa ang kasanayan sa pagiging mapanuring pag-iisip, may kalayaan pa kaya siya? O tuluyan siyang mapaglalamangan?

Ayon kay Manuel Dy, “hindi natin maipagkakaila na marami sa ating kabataan at mga bata ngayon ay *nalilito* sa harap ng maraming pagbabago sa lipunan at kapaligiran: ang mabilis na pag-unlad ng *information technology* katulad ng *internet* at *cell phones* kasama na ang *mass media*, na kung minsan ay nag-aambag patungo sa kakulangan ng kritikong pag-iisip at pagpapasiya, pagmamahal sa sambayanan at pakikiisa sa sangkatauhan at kalikasan. (“Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao.” Kaisipan Vol. 1 No. 1, May 2013: pp 18-19, El Bulakeño Printing House). Kaakibat nito na maisaayos ang mga pagpapahalagang Filipino tungo sa kabutihang panlahat (*common good*).

Sa pangkalahatan, ang katotohanan ay dapat mapanindigan at ipahayag nang may katapangan sa angkop na pagkakataon dahil ito ang nararapat gawin ng isang matapat at mabuting tao. Ang pagsasabi ng totoo ay pagpapairal ng kung ano ang inaasahan sa atin bilang tao at mapanagutang mamamayan sa lipunan. Ito rin ay pagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa dignidad ng sarili at ng kapuwa. Maraming mga pagkakataon na ang tao ay nakapagsisinungaling, at hindi katanggap-tanggap ang gawi na ito dahil isa itong panloloko sa ibang tao. Kung ang dahilan ng pagsisinungaling ay upang makapag-abot ng kasiyahan sa ibang tao, maprotektahan o mapangalagaan ang dignidad at kaligtasan ng iba ay maaaring hindi natin hayagang sabihin ang totoo. Ngunit kung darating sa mga sitwasyon o pagkakataon na kailangan nating ihayag at sabihin ang totoo para sa kabutihang panlahat dapat ay mangibabaw ang katotohanan.

Sa ating lipunan, nakikita natin ang kawalan ng paggalang sa katotohanan dahil sa mga isyu sa *plagiarism*, *intellectual piracy*, *whistleblowing*, at gampanin ng *social media* sa usapin ng katotohanan. Nilalabag ng *plagiarism* at *intellectual piracy* ang mga karapatang pantao at kawalan ng pagkilala at paggalang sa pagkatao ng tunay na may-akda. Samantala, masasabing gawaing mabuti naman *whistleblowing* dahil naibubunyag ang katotohanan at naisisiwalat ang gawaing masama. Hindi rin maihihiwalay ang impluwensiya ng *social media* na tila nagpapahina o nagpapalakas sa kaisipan ng mga *netizens* na maging mapanagutan sa mga kaakibat na obligasyon sa paggamit dito. Ang obligasyong ito ay mula sa kampanyang “*Think before you click*” ng isang *media outlet*.

Ang pagmamahal sa katotohanan o ang pagiging makatotohanan ay dapat maisabuhay at mapagsikapang mapairal sa lahat ng pagkakataon. Ito ay napakahirap maisagawa at sa maraming dahilan, tinatanggap na lamang sa paggabay kung ano ang hindi makatotohanan. Dahil sa kawalan ng paghahanap ng katotohanan, ang kasinungalingan ang nangingibabaw. Ito ngayon ang hamon sa bawat tao na maging instrumento tungo sa katotohanan at magsikap na mapanindigan nang may katuwiran ang piniling pasiya at mga pagpapahalaga. Para sa iyo, gaano na ang impluwensiya sa iyo ng mga sitwasyon sa araw-araw na maipakita ang esensiya ng katotohanan?


Para sa iyo, gaano na ang impluwensiya sa iyo ng mga sitwasyon sa araw-araw na maipakita ang esensiya ng katotohanan?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Ano ang katotohanan para sa iyo?
2. Bakit dapat panindigan ang katotohanan?
3. Ano ang *mental reservation*? Anong kabutihan ang hatid nito sa taong may hawak ng katotohanan at sa taong pinoprotektahan nito?
4. Ano-anong mga balakid o hadlang ang maaaring mangyari sa paninindigan sa katotohanan?
5. Ano-ano ang mga isyung may kinalaman sa katotohanan? Isa-isahin ang mga ito at ipaliwanag kung paano mo maisusulong ang pagiging mapanagutan at tapat na nilalang sa bawat isyu.
6. Paano maisasabuhay ng isang tao ang kaniyang pagmamahal at pagpapahalaga sa katotohanan?

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Ano ang naunawaan mong mahalagang konsepto sa babasahin? Isulat ito sa iyong kuwaderno gamit ang kasunod na *graphic organizer*.



Pag-uugnay ng batayang konsepto sa pag-unlad ko bilang tao

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 6

Ikaw ngayon ay bibigyan ng pagkakataon na makabuo ng mga hakbang sa paninindigan at paggalang sa katotohanan sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na sitwasyon.

Mga sitwasyon	Ang gagawin ko	Paliwanag
1. Gahol na ako sa oras upang magkalap ng mga impormasyon tungkol sa aking <i>action research</i> . Nakatakda itong ipasa ikatlong araw mula ngayon. Sa isang <i>site</i> ng <i>internet</i> ay may nakita akong kahawig ng aking <i>research</i> . Makatutulong ba ito para sa akin?		
2. May paborito kang <i>movie title</i> na kasama ang hinahangaan mong artista. Matagal mo na itong nais panoorin. May isang nag-alok sa iyo sa murang halaga at may libre pa itong kasamang dalawa pang panoorin sa P200 na halaga nito. Kasama ka sa adbokasiya ng kampanya sa <i>Anti Piracy</i> sa inyong paaralan. Mahikayat ka kayang bumili nito?		
3. May isa kang ka-opisina na madalas dumaraing ng tungkol sa ugali at sistema ng pamumuno ng inyong boss. Nagdedetalye na rin siya ng mga anomalyang ginagawa nito at nagbabanta na rin ng kaniyang plano na gumawa ng isang <i>anonymous letter</i> bilang ganti sa kalupitan nito sa kaniya. Pipigilan mo ba siya sa kaniyang balak na magreklamo?		

Gawain 7

Kung ikaw ay bibigyan ng isang posisyon sa pamahalaan o maging kinatawan ng isang samahan o organisasyon na maging bahagi sa paggawa ng isang batas tungkol sa mga gawaing intelektuwal at etikal na isyu upang makapagbigay ng paninindigan sa pagpapahalaga sa gawa at likha ng iba, ano ang nais mong ipanukala? Kung ikaw ay isang....

1. Pangulo ng “Student Council Government”
2. Abogado
3. Awtor ng libro
4. Opisyal ng gobyerno
5. *Non-government organization*

Pagninilay

Gawain 8

Panuto: Pagnilayan ang mga tanong para sa pagninilay.

Mga tanong:

1. Sa paanong paraan ako makatutulong sa pagpapanatili ng kasagraduhan ng katotohanan bilang bahagi ko sa aking lipunan?
2. Sa mga pang-araw-araw kong gawain, ano-anong patunay na niyayakap ko ang katotohanan bilang tugon ko sa tawag ng aking konsensiya?

Pagsasabuhay

Gawain 9

Panuto:

Maglunsad ng isang *symposium* sa pamumuno ng lider ng inyong klase sa tulong at gabay ng guro sa EsP. Sundan ang mga pamamaraan.

1. Bumuo ng limang grupo na siyang kakatawan sa bawat komite.
 - a. Komite para sa Programa
 - Imbitasyon
 - *Poster*
 - b. Komite para sa dokumentasyon
 - c. Komite para sa pagkain (*refreshments*)

- d. Komite para sa pasilidad
- Lugar na pagdarausan
 - Mga bilang at ayos ng upuan
 - *Backdraft*
- e. Komite para sa *sound system*
- *Amplifier/speaker*
 - Mikropono
 - *Extension wires*
2. Pumili ng isang prominenteng tao na siyang magiging *resource speaker* para sa pinaplanong programa.
 3. Makipag-ugnayan sa opisyal ng inyong Parent-Teachers Organization (PTA) at ang suporta ng mga magulang ng bawat baitang/grado.
 4. Hikayatin ang mga magulang sa bawat baitang/grado na makipagtulungan sa mga imbitasyon gayundin sa lugar na pagdarausan ng programa. Mas mainam din kung may magulang na kasama sa bawat komiteng pamumunuan.
 5. Ang guro ng EsP at ang Pangulo ng PTA ang siyang magiging punong-abala para sa makabuluhang programang ito.

Mga kakailanganing kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga sanggunian:

Articulo, Archimedes C. et.al. (2003.) *Values and Work Ethics*. Trinita Publishing, Inc. Meycauyan, Bulacan

Quito, Emerita S. 1989. *Fundamentals of Ethics*. De La Salle University Press. pp. 72-185

Sambajon Jr., Marvin Julian L., (2011.) *Ethics for Educators: A College Textbook for Teacher Education and Educators in All Areas of Discipline*. C&E Publishing, Inc. pp. 252-273

Timbreza, Florentino T. et.al. (1982.) *Pilosopiyang Pilipino*. Rex Bookstore, Recto Avenue, Manila

Intellectual Property Code of the Philippines and Related Laws. 27th Edition. (1998.) Central Book Supply, Inc. Manila Phils.

Perspective: Current Issues in Values Education Book 4 Values Education Series for Fourth Year High School. (1992.) Sinag-Tala Publishers, Inc., Manila

KAISIPAN (Ang Opisyal na Dyornal ng Isabuhay, Saliksikin, Ibigin ang Pilosopiya o ISIP)

Vol. 1 No. 1 ISSN-2350-6601 pp. 18-19

Mula sa Internet:

_____. *The 'Fair Use' Rule: When Use of Copyrighted Material is Acceptable*. Retrieved from <http://www.nolo.com/legal-encyclopedia/fair-use-rule-copyright-material-30100.html> on August 20, 2014

_____. *Why You Should Avoid Plagiarism*. Retrieved from <http://www.ox.ac.uk/students/academic/goodpractice/about/> on February 10, 2014

_____. *What Are Some Examples of Cheating and Plagiarism*. Retrieved from <http://www.niles-hs.k12.il.us/district/academic-integrity/examples-cheating-and-plagiarism> on March 15, 2014

_____. *6 Consequences of Plagiarism*. Retrieved from <http://www.ithenticate.com/resources/6-consequences-of-plagiarism> on March 15, 2014

_____. *What is a Whistleblowing/ Whistleblower?* Retrieved from <http://wbhelpline.org.uk/about-us/what-is-whistleblowing> on March 18, 2014

Philippine Daily Inquirer 3:43, Saturday, August 18, 2012. Retrieved from <http://newsinfo.inquirer.net/252074/whistle-blower-jun-lozada-welcomes-graft-probe> on April 20, 2014

Araullo, Atom, ABS-CBN News posted at 2/23/2011 3:46 PM. COA Whistleblower Heidi Mendoza named Woman of Courage. Retrieved from <http://www.abs-cbnnews.com/lifestyle/02/23/11/coa-whistleblower-heidi-mendoza-named-woman-courage> on April 20, 2014

_____.

MODYUL 16: MGA ISYUNG MORAL TUNGKOL SA PAGGAWA AT PAGGAMIT NG KAPANGYARIHAN



A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Sa Modyul 15, binigyang-diin ang mga isyu sa kawalan ng paggalang sa katotohanan at ang mabuting kahihinatnan ng mga paraang pinili kung gagamitin ng tao ang kaniyang mapanuring pag-iisip at tamang katuwiran sa pagpapahayag nito. Ang pagkakaroon ng kamalayan sa sarili na alamin ang totoo at ang kakayahang tumugon dito ay nakatutulong sa tao na gampanan ang obligasyong ipinagkatiwala sa kaniya.

Ikaw ay mahalagang bahagi ng lipunan at may tungkulin na maging instrumento ng pagbabago na magsimula sa sarili patungo sa kagapanan ng iyong pagkatao. Hindi man madali ang mga ito, ikaw naman ay biniyayaan ng sapat na kakayahan upang mapatunayan ang iyong kabutihan bilang nilalang na katangi-tangi sa ibang nilikha ng Diyos.

Tatalakayin sa modyul na ito ang mga isyu tungkol sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan. Ang pag-aaral ng mga isyung ito ay magbibigay sa iyo ng kahusayan sa pagsusuri ng mga moral na pagpapahalaga na nilabag sa bawat panig ng isyu at maging mapanindigan sa piniling pasiya tungo sa pagiging mapanagutang nilalang. Magiging sandata mo ang mga ito sa pagharap sa mga sitwasyong hahamon sa iyong pagsisikap tungo sa pagpapakatao.



Bilang mag-aaral sa Baitang 10, handa ka na bang maging kabilang sa mga manggagawang Pilipino ilang taon mula ngayon? Ano-anong katangian ang nais mong taglayin sa pagpapamalas mo ng iyong mga kakayahan at galing? Marangal at maipagmamalaki ang anumang gawain kung ito ay ginagawa nang may katapatan. Sa pamamagitan ng mga gawain sa modyul na ito, inaasahang matututuhan mong bigyang pagpapahalaga ang paggawa at ang paggamit ng kapangyarihan.

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, inaasahang masasagot mo ang Mahalagang Tanong: **Paano magiging daan sa mapanagutang paglilingkod ang paggawa at paggamit ng kapangyarihan?**

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- 16.1 Natutukoy ang mga isyung kaugnay sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan
- 16.2 Nasusuri ang mga isyung kaugnay sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan
- 16.3 Naipaliliwanag ang batayang konsepto ng aralin
- 16.4 Nakabubuo ng matatag na posisyon tungkol sa mga isyu sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan

Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa kakayahang pampagkatuto 16.4:

- a. Malinaw at makatotohanan ang pagkakagawa ng panayam
- b. Naisagawa ang gawain ayon sa mga katanungan at impormasyon na dapat alamin
- c. May mga patunay na kinikilalang organisasyon sa paaralan ang kinapanayam
- d. May kalakip na pagninilay tungkol sa iyong karanasan nang araw na kinapanayam mo ang lider ng organisasyon

Bago magsimula ang pagtalakay sa mga paksang susunod, mabuting sagutan ang mga paunang pagtataya sa pagsukat ng iyong kaalaman sa paghahanda para sa susunod pang talakayan.



Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Isulat ang titik ng pinakata-mang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sa simula ng paglikha ng Diyos, inilaan na siya upang gumawa ng mga katangi-tanging gawain, at siya lamang ang binigyan ng natatanging talino.
 - a. Hayop
 - b. Halaman
 - c. Kalikasan
 - d. Tao
2. Ang moral na obligasyon sa paggawa ay malinaw na nakasaad sa Banal na kasulatan sa Genesis 3:19, “Ang lupaing ito para pag-anihan, pagpapawisan mo habang nabubuhay,” at sa Exodo 20:9, “Anim na araw kayong gagawa ng

- inyong gawain,” na kung saan ang tao ay inatasan ng Diyos na gumawa at magtrabaho. Ano ang ibig ipahiwatig ng mga pahayag na ito?
- Isang panlipunang proseso na ang layunin ay mapangalagaan ng tao ang lipunan.
 - Nilikha ang tao upang maging kabahagi ng Diyos sa Kaniyang gawain sa pamamagitan ng paggawa.
 - Ipinakikita na ang anumang bagay na nais tamasahin ng tao ay kailangan niyang paghirapan.
 - Ang paggawang ito ang siyang batayan ng ating pagkilos upang ituloy at kumpletuhin ang sinimulan Niyang paglikha.
3. Ayon sa Panlipunang turo ng simbahan, Rerum Novarum ni Blessed Paul II, *“Work bears a particular mark of man and of humanity, the mark of a person operating within a community of persons.”* Paano naipakikita dito kung ano ang paggawa?
- Ang paggawa ay pagmamahal sa isang gawain na nagiging katulong ang Diyos sa pagbubunsod ng paggawa.
 - Ang paggawa ay isang gawain ng tao na nangangailangan ng orihinalidad, pagkukusa, at obligasyong pagkamalikhain.
 - Ang paggawa ay nagbibigay sa atin ng kahulugan, at tinuturuan tayong makilahok sa ating mundong ginagalawan upang ipagpatuloy ang paglikha ng Panginoon.
 - Ang paggawa ay anumang gawaing pangkaisipan man ito o manwal, anuman ang kaniyang kalikasan o kalagayan na makatao, nararapat para sa tao ang gumawa bilang anak ng Diyos.
4. Ang sumusunod ay nagpapakita ng ilang halimbawa kung paano ginagamit ng kabataan ang kanilang mga oras. Sa anong sitwasyon sa ibaba hindi naipakikita ang paggamit ng wastong oras?
- Si Sassy Nichole ay laging maagap sa pagpasok sa kaniyang trabaho.
 - Si Catherine Kate ay may listahan ng mga gawain na kaniyang gagawin sa bawat araw.
 - Si Genrich ay laging pinapaalalahanan ng kaniyang mga guro para magpasa ng kaniyang mga proyekto.
 - Si Cristina Karylle ay naglalaba at naglilinis ng kanilang bahay tuwing sabado at linggo.
5. Ayon kay Karl Marx, ang kabihasan ng tao ay naaayon sa pagkamasalimuot ng mga kagamitan. Ano ang ibig sabihin nito?
- Ang kagamitan natin sa kasalukuyan ay bunga ng lipunan, iniwan ng naunang henerasyon
 - Ang mga kagamitan ay produkto ng kapuwa at ginagamit niya upang makalikha ng bagay para sa kapuwa

- c. Ang lahat ng bagay ay yaong nasa ating pananagutan, lahat ng may kinalaman sa pagpapaunlad ng sarili.
 - d. Naiiba ang tao sa hayop sa paggamit ng kagamitan at sa pagkamalay niya sa kaniyang ginagawa.
6. Ito ay uri ng korapsiyon, paglalagay ng mga kamag-anak na may katungkulan sa ahensiya ng pamahalaan.
 - a. Korapsiyon
 - b. Kolusyon
 - c. Nepotismo
 - d. Suhol
 7. Ano ang tamang kahulugan ng kapangyarihan?
 - a. Ang kapangyarihan ay pagkontrol sa batas.
 - b. Ang kapangyarihan ay nakikita sa kaisipan, kilos, pananalita, lakas, at tatag ng kalooban.
 - c. Ang kapangyarihan ay tumutukoy sa proseso o pamamaraan sa pagpapalakad ng isang pinuno.
 - d. Ang kapangyarihan ay tumutukoy sa pagkaka-impluwensiya ng pinuno sa kaniyang nasasakupan.
 8. Alin sa sumusunod na pagpapahalaga ang susi sa pagbuwag ng *Graft and Corruption*?
 - a. Integridad
 - b. Katapatan at pagkatakot sa Diyos
 - c. Kabaitan at pagkamasunurin
 - d. Pagtitimpi
 9. Paano ang dapat gawin upang matigil ang pagkawala ng pondo ng pamahalaan?
 - a. Mahigpit na pagpapatupad ng parusa sa mga nagkasala.
 - b. Pagbabantay sa mga tiwaling empleyado ng pamahalaan.
 - c. Pagbatikos sa mga maanomalyang gawain ng mga nanunungkulan.
 - d. Pagbubulgar ng mga pandarayang nagaganap sa ahensiya ng pamahalaan.
 10. Si Jonathan ay nahuli ng pulis trapiko sa kadahilanan paglabag sa batas trapiko. Kinuha ang kaniyang lisensya ngunit hindi niya ito ibinigay bagkus inabutan niya na lamang ng pangmeryenda ang nakahuli sa kaniya. Ang pagtanggap ba ng pulis sa pangmeryenda ay nagpapakikita ng katiwalian?
 - a. Opo, dahil ang pagtanggap ng meryenda ay pagtanggap ng suhol.
 - b. Opo, dahil ang pulis ay hindi nagpakita ng katapatan sa kaniyang tungkulin.
 - c. Hindi po, dahil ang pagmeryenda ay napakaliit lamang na halaga.
 - d. Hindi po, dahil nakagawian nang nakararami ang magbigay kapalit ng kaparusahan.



B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

Gawain 1

Panuto: Tukuyin ang mga maling gawi o kasanayan na ipinakikita ng mga manggagawa sa bawat sitwasyon. Isulat ang mga ito sa kahon.

Si Leo ay isang *program organizer* ng kanilang organisasyon. Naghain siya ng *project proposal* kasama ang budget na kinakailangan at ito ay inaprubahan. Siya na rin ang naatasang bumili ng mga kagamitan para sa programa. May lugar pamilihan na kung saan may mga mabibiling murang gamit na kailangan niya para sa kaniyang programa. Laking gulat niya dahil halos kalahati ang kaniyang natipid. Dahil dito, ang kaniyang natipid na pera ay pinambili niya ng kaniyang pansariling kagamitan. Ano ang maling kasanayan ang ipinakikita ni Leo?

Ang isang sekretarya na madalas na nag-uuwi ng mga *supplies* gaya ng *ballpen*, mga *bondpapers*, at minsan ay *folders*. Ang katuwiran niya ay mga sobra naman iyon sa kanilang mga kagamitan at bilang nasa *admin*, ito ay pribilehiyo. Gayundin ang paggamit ng telepono at kompyuter sa opisina ay malaya niyang nagagamit sa kaniyang mga personal na pangangailangan. At may pagkakataon na tumatanggap siya ng mga regalo kapalit ng binigay niyang pabor sa ibang humihingi ng tulong sa kaniya. Paano naabuso ng sekretarya ang kaniyang posisyon?

Mga Tanong:


1. Ano-ano ang nailistang mga maling kasanayan sa paggawa?
2. Sang-ayon ka ba sa mga katuwiran at pananaw ng mga opisyal sa kanilang paggamit ng posisyon o kapangyarihan? Bakit? Bakit hindi?
3. Sa iyong palagay, ano ang posibleng pinag-ugatan ng mga maling kasanayan na ito? Ipaliwanag.
4. Paano nakakasagabal ang mga kasanayang ito sa tunay na kahulugan ng hanap-buhay? Sa tunay na kahulugan ng paglilingkod at pagiging mapanagutan?
5. Bilang manggagawa sa hinaharap, ano-anong katangian ang inaasahan sa iyo na dapat mong ipamalas?

Gawain 2

Panuto: Basahin ang bawat *speech balloon*. Buuin ang usapan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pahayag kung ikaw ay mahaharap sa ganitong usapan. Isulat ang iyong sagot sa kuwarderno.

A.

Dahil sa nakaraang bagyo kaya nasira ang tulay sa amin. Sa ginagawang bagong tulay nakasulat PROYEKTO ni



B.

Sir. lisensya po ...
Bawal po pumarada rito.



Matapos na masagutan, ibahagi ang mga sinulat sa *speech balloon* sa klase. Ano ang kadalasang sagot mo sa sumusunod kapag narinig mo ang mga usapan?

Mga Tanong:

1. Ano ang mga reaksiyon mo batay sa mga naging sagot ng inyong klase?
2. Sang-ayon ka ba sa mga napag-usapan? Bakit? Bakit hindi?
3. Kung ikaw ang nasa sitwasyon, ano ang nararapat na maging tugon at kilos mo rito?



C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

Gawain 3: Panonod ng video

Panuto: Panoorin ang *video* na may pamagat na “What is corruption” sa *youtube*. Pagkatapos, pangkatin ang klase sa lima at sagutin ang mga tanong para sa pangkatang gawain.

- a. <http://www.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DnpNF9ByzIsE&h=YAQE8cu-C>
- b. <http://www.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3D19IPyWdC7Sg&h=BAQFhHfNz>

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano-ano ang kilos na nagpakita ng korapsiyon?
2. Sa iyong palagay, bakit may korapsiyon sa ating mga kumpanya o lugar na pinagtatrabahuan?
3. May solusyon pa kaya sa mga ito?
4. Bakit dapat pagtuunan ng pansin ang mga isyu tungkol sa paggawa? Sa paggamit ng kapangyarihan?
5. Paano nakaaapekto ang mga isyung ito sa pagkatao ng isang tao?



D. PAGPAPALALIM

Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay.

Mapanagutang Paglilingkod at Matatag na Paninindigan sa Tungkuling Sinumpaan

“At your service.” Ito ang magiliw na sinabi ng isang *crew* pagkatapos niyang pagsilbihan ang isang kliyente. Kapansin-pansin ang kaniyang kakaibang sigla, maaliwalas na mukha, at magiliw na pagbati habang nagbibigay ng serbisyo sa bawat kliyente. Kung ikaw ang kliyente, ano ang mararamdaman mo? At kung ikaw naman ang *crew*, ano naman ang pakiramdam matapos na makapagbigay ka ng ganitong serbisyo para sa iba? Gaano ang naibibigay ng isang maayos at mabuting paggawa sa lipunan kung ang pananaw o *mindset* ay makapaglingkod at maging mapanagutan dito? Hindi ba’t magiging makabuluhan ang anumang bunga ng paggawa na kalakip ay ang pagbibigay ng bahagi ng sarili para sa iba?

Napapanood mo sa telebisyon araw-araw ang laman ng mga balita tungkol sa mga isyung may kaugnayan sa paggawa. Ilang halimbawa ang mga manggagawang humihingi ng dagdag na suweldo at mga benepisyo, mga suliranin sa kawalan ng trabaho, mga minaltrato ng amo, at mga OFW na kailangang pauwiin dahil sa isyung pangkaligtasan. Ang mga ito lang ba ang problema kung isyu ng paggawa ang pag-uusapan? Kung susuriin, mas napapanahon na pag-aralan ang mga isyu na may kaugnayan sa mismong manggagawa at ang walang katapusang problema sa maling paggamit ng kapangyarihan sa ating lipunan. lisa-isahin natin ang mga ito.

Mga isyu sa paggawa: Paano malulunasan?

Basahin at suriin ang maikling kaso ni Mylene.

Si Mylene ay nagtatrabaho sa isang kompanya. Binigyan siya ng pribilehiyo na gumamit ng mga kagamitan sa opisina tulad ng *LCD Projector* at *laptop*. Dahil sa pribilehiyong ito na nasa kaniya, naisip niyang gamitin itong para sa kaniyang *sideline*. Pinarentahan niya ito sa nagdaraos ng mga seminar o *workshop* na hindi ipinapaalam sa kaniyang boss.

May karapatan ba si Mylene na gamitin at pagkakitaan ang *hindi* naman sa kaniya?


Bawat kagamitan sa paggawa ay kailangang gamitin nang may katapatan dahil ito ang inaasahan at tungkulin ng isang matapat at mabuting manggagawa. Maliwanag na inilahad ito noong ikaw ay nasa Baitang 9 na nilikha ang tao upang makabahagi ng Diyos sa Kaniyang gawain sa pamamagitan ng paggawa. Ang lakas, isip, at damdamin

ng tao ang mga biyayang kaloob upang mapabuti nito ang kalagayang pansarili at kapuwa. Ito ang angkop na pamamaraan upang mapangalagaan ang mga bagay na ipinagkatiwala ng Diyos sa kaniya.

Ano-ano ang mga gawain at isyung kaugnay ng paggawa na sumasalungat sa mga prinsipyo ng matatag na paninindigan at mapanagutang paglilingkod?

1. *Paggamit ng kagamitan.* Katuwang ng tao sa paggawa

ang mga kagamitan upang mapadali at mapagaan ang anumang trabaho. Ang mga ito ay produkto mismo ng kaniyang talento na ipinagkaloob ng Diyos. Ayon nga ni Karl Marx, ang kabihasan ng tao ay naaayon sa pagkamasalimuot ng mga kagamitan at sa pagkamulat niya sa kaniyang ginagawa.



Pinatutunayan ito na ang paggamit ng mga kagamitan sa paggawa (tulad ng *computer, printer, fax machine*) ay napakahalaga sa pagpapabilis ng gawain ng tao. Napakahalaga ng mga ito sa maayos at mabilis na trabaho lalo na sa panahon ng mga *deadline*. Ngunit ito ba ay pinapahalagahan at ginagamit nang maayos ayon sa gamit nito?

Suriin natin ang dilemang moral sa kahon.

Si Tony ay bagong miyembro ng *Student Government*. Naobserbahan niya ang kanilang tagapangasiwa na si Dina na matagal nang miyembro ng kanilang samahan. Madalas itong gumamit ng *computer, printer*, at iba pang kagamitan sa opisina sa paggawa nito ng mga takdang-aralin. Sa pagkaalam ni Tony, malaking bahagi ng kanilang *budget* ay inilaan para sa mga kagamitan sa opisina.

Patuloy pa rin sa ganitong gawain si Dina. May mga miyembro na tahasan ang reaksiyon tungkol sa laki ng gastos na pagbili ng *ink* ng *printer* sa kanilang opisina. Dahil dito, naglakas-loob si Tony na kausapin si Dina tungkol dito. Ikinatwiran ni Dina na ang lahat ng ito ay bilang konsuwelo lamang sa kaniyang mga *overtime work* kapag may programa sila at iba pang gawain ng samahan.

Hindi sigurado si Tony sa kaniyang dapat gawin. Kaiba sa ibang mga miyembro, malaki ang oras na binibigay ni Dina sa samahan lalo na kapag mayroon silang mga proyekto. Isa si Dina sa mahuhusay na miyembro ng *Student Government* at may malaking ambag sa tagumpay ng organisasyon. Ayaw ni Tony na masira ang kanilang ugnayan, ngunit may pakiramdam siyang mali ang gawi at katuwiran ni Dina at hindi na dapat ipagpatuloy ito.

Ano ang gagawin ni Tony? Lubos ba talaga ang karapatan at pribilehiyo ni Dina dahil sa mahabang oras niyang paglilingkod sa samahan sa bawat araw? Ang mga kagamitan ba sa trabaho ay para sa personal na paggamit ng bawat miyembro nito? Paano dapat lutasin ang ganitong isyu sa loob ng samahan?

Tingnan natin ang mga talaan sa ibaba.

	Opsiyon 1	Opsiyon 2	Opsiyon 3
Layunin	Ipaalam sa Pangulo ng <i>Student Government</i> ang maling kasanayan ni Dina.	Maipaalam kay Dina ang mga maling paraan niya ng paggamit sa kagamitan sa opisina.	Maghain ng isang reklamo para kay Dina dahil sa maling gawain niyang ito.
Mga Pagpipilian/ Paraan	Ihain sa <i>Grievance Committee</i> ang mga maling kilos at gawi ni Dina sa paggamit ng mga kagamitan sa opisina.	Kausapin si Dina at ipahatid sa kaniya ang maling paggamit ng mga kagamitan sa opisina.	Ipetisyon si Dina at magkalap ng matibay na ebidensiya sa kaniya.
Sirkumstansiya	Hindi na siya pahintulutan na mabigyang ng isa pang termino para sa kaniyang panunungkulan bilang miyembro.	Limitahan ang oras ng mga gawain sa loob ng samahan lalo na ang mahabang pananatili sa opisina.	Mag <i>file</i> ng <i>forced resignation</i> si Dina upang hindi tularan ng iba pang kasamahan lalo na ang mga baguhang miyembro.
Kahihinatnan	Matututo ang iba na gamitin sa tama ang mga kagamitan at maiiwasan ang pag-abuso sa binigay na pribilehiyo bilang kasapi ng samahan.	Madidisciplina ang lahat na gamitin nang tama ang mga <i>supplies</i> gayundin ang mga pasilidad para lamang sa mga gawain ng samahan.	Maging aral sa iba ang ganitong kaso at mahigpit na sundin ang <i>By Laws</i> ng oraganisasyon sa lahat ng pagkakataon.

May mga manggagawa na naniniwala na ang paggamit ng mga kagamitan sa sariling kapakanan ay isang *pribiliheyo*. Ngunit limitado lamang ito dahil hindi lahat ay nabibigyan ng kalayaan sa paggamit nito. Makatuwiran ba ang paggamit ng telepono para makipagkuwentuhan sa oras ng trabaho o kaya laging hawak ang *cell phone* para sa pagtetest at paglalaro? Kung pag-aaralan hindi mainam na gawin ito at makita sa pang-araw-araw na gawain sa loob ng kompanya o establisimyento. Maaaring hindi saklaw ng kaisipan ng ibang manggagawa na ang mga kagamitang ito ay inilaan para sa ikagaganda at ikadadali ng trabaho at hindi para sa pansariling interes. Kung babalikan natin ang kaso ni Mylene hindi ito dapat magpatuloy at maging kalakaran sa kaniyang araw-araw na gawain sa opisina. Sa pagsasabuhay ng tunay na kahulugan ng paggawa, kailangan ang tamang paggamit ng kagamitan, na naaayon sa tunay na layunin ng paggamit nito.

2. *Paggamit ng oras sa trabaho.* Bakit ang haba ng pila? Anong oras na? Ang katanungang ito ay madalas mong maririnig sa mga iba't ibang tanggapan. Ano ang totoo sa batas na “*No Noon Break*” o sa ibang tanggapan ang nakalagay ay “*No Lunch Break Policy?*” Sinusunod kaya ito ng mga kawani ng gobyerno? Ikaw paano mo pinapahalagahan ang oras mo kapag nasa paaralan ka o nasa bahay man? Sa isang manggagawa, paano mo ginagamit ang walong oras mo ng pagtatrabaho sa buong araw? Sulit ba ang ibinabayad sa iyo sa trabaho mo sa maghapon?

Ang pagganap ng gawain sa oras ng trabaho ay pag-angkin ng tiwala mula sa isang bagay na ipinagkatiwala sa iyo. Masasagot mo lamang ito kung sinasabayan mo ang bawat titik ng oras para gawin ang iyong obligasyon bilang manggagawa. Dahil dito, hindi masasayang ang anumang salapi o kapalit na bayad dahil naging makabuluhan ang paggamit mo rito. Anong uri ng pagkatao ang binubuo mo kung di mo ginagamit ng mapanagutan ang oras? Ano kaya ang mararamdaman mo kung pagkatapos ng walong oras sa paaralan o trabaho ay hindi mo natapos ang mga gawaing itinakda mong tapusin?

Tunghayan ang sitwasyon sa ibaba.

Mahilig magkuwento si Ditas tungkol sa kaniyang pamilya, isyu sa asawa, o kasintahan sa oras ng trabaho.

Nararapat ba itong gawin sa oras ng trabaho? Bakit? Kadalasan ang ganitong pangyayari sa opisina ay pangunahing dahilan kung bakit hindi epektibo sa kanilang trabaho ang mga manggagawa. Sinasayang nila ang panahon sa pakikipagkuwentuhan.

Madalas ang kuwentuhang ito ay maaaring tungkol sa mga di kapuri-puring bagay hinggil sa isang tao o mga bagay na hindi naman mahalaga o nakasasakit sa iba o udyok lamang ng masamang gawi na siraan ang ibang tao. Kapag ganito na ang nangyayari, masama na ang epekto at nakasasakit na ng damdamin ng iba, *tsismis* na ang kanilang pinagkakaabalahan. Dito nag-uugat ang tinatawag na *crab mentality*.

Sa lahat ng matutukoy nating maling gawi, ang *crab mentality* ang pinakadahilan kung bakit nagagawa ng tao ang hindi ayon sa magandang ugnayan sa kaniyang kapuwa. Kapag umiral sa ating puso ang galit at inggit sa kapuwa, maaaring maging ugat ito ng mga mapanirang salita, na hindi lamang ang kapuwa ang maapektuhan kundi ang pagbuo ng sarili. Malinaw sa Modyul 4 na sa pagiging malaya, may kakayahan ang taong piliin kung paano siya kikilos o tutugon sa nararanasan. Bagaman naiinis ka sa ugali ng iyong katrabaho, ikaw pa rin ang may pananagutan sa iyong tugon at kilos bilang reaksiyon sa saloobing ito. Magiging makabuluhan ang mga gawain kung malaya mong gagampanan ang mga tungkulin na may kamalayan at pag-iisip na bahagi ito ng pananagutan bilang tao.

Sa bawat pagpipilian, mahalaga ang masusing pag-iisip at pagpapalano ng anumang isasagawang kilos dahil mayroon itong katumbas na pananagutan na dapat isaalang-alang. Kung kaya't sa pagsasagawa ng kilos, kailangang pag-isipan itong mabuti at tingnan ang maaaring maidulot nito hindi lang sa iyong sarili kundi para sa kabutihan ng lahat. Kung ano ang naging kilos, iyon ang naging bunga ng ginawang pagtitimbang at pagpili kasama ang isip, kilos-loob, at damdamin.



3. *Sugal*. Kadalasan, ang pagsusugal ay mas karaniwang kilala bilang pustahan gamit ang pera bilang produkto ng isang tiyak na laro. Ang posibilidad ng panalo ay masyadong mababa dahil iniaasa lamang ito sa pagkakataon ng pagkakapanalo.

Sa pagsusugal, ang mga tao ay karaniwang sumusubok upang makakuha ng kahit na ano sa kabila na may nakataya sa likod ng isang laro. Ang ilan ay patuloy na naglalaro sa paniniwalang hindi sila dapat panghihinaan ng loob para makamit ang panalo. Sa pamamagitan ng paggawa nito, sila ay magpapatuloy sa pustahan at sa huli ilagay ang kanilang sarili sa panganib at pagkawala ng higit pa sa mayroon sila.

Basahin ang nasa kahon.

Ang mga libangan tulad ng pagtaya sa *lotto*, roleta, *jueteng*, sabong o *cockfighting*, pustahan sa mga laro tulad ng *dota*, *ending*, boksing, *madjong*, *poker* ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga gawaing ito kung hahayaan ay magiging bisyo. Ngunit ang malalim na katanungan ukol sa mga gawaing ganito - totoo nga bang isa lamang itong “libangan” na para sa iba ay pampalipas pagod bunga ng maghaponing trabaho? Kung ikaw ang tatanungin, ang pagsusugal ba o ang pakikipagsapalaran sa anumang uri ng laro ng pagkakataon (*game of chance*) ay maituturing mong makabuluhang gawain sa buhay ng isang tao? o humahatak sa kaniya upang mas maging gahaman sa pagkamal ng madaliang pera?

Karamihan sa taong kasangkot sa pagsusugal ay nakikipaglaban na lamang para sa kasiyahan o bilang isang paraan ng paglilibang. Ang iba naman ay may layuning kumita ng malaking pera bukod sa kita mula sa kanilang trabaho. Sa Modyul 4, ipinaliwanag na ang kalayaan ng tao ay nakakabit sa kaniyang sarili (sa pagiging *ako*), sa kakayahang kumilos at sa sariling kagustuhan, sa pagpigil sa sarili at sa pagpapasiya kung ano ang gagawin. Samakatwid, malayang gawin ng tao ang lahat ng kaniyang nais, ngunit dapat laging tandaan na mayroon siyang *kaakibat* na pananagutan sa kalalabasan ng kaniyang pagpili. Ibig sabihin, malaya ang taong pumili ng kilos na isasagawa, ngunit *hindi* siya malaya sa anumang kalalabasan ng kilos na ito.


4. *Magkasalungat na interes (Conflict of Interest)*. Nangyayari ito kapag nangibabaw ang personal na interes ng isang tao lalo na kung ito ay magbibigay sa kaniya ng kasiyahan at pakinabang. Ilang halimbawa ang sumusunod:

Pinansiyal na Interes. Ang magkakasalungat na interes ay kapag ikaw o ang isang kamag-anak ay may pinansiyal na interes, trabaho o posisyon sa isang kompanya na iyong pinapasukan.

Mga Regalo at Paglilibang. Ito ang pagtanggap ng anumang regalo o pabor mula sa sinumang tao bilang kapalit sa ginawang paglilingkod. Ang ganitong sistema ay hindi dapat maging motibasyon ng isang opisyal sa pagbibigay-serbisyo sa pagtupad ng kaniyang tungkulin. Sa Modyul 7, ipinaliwanag ang pamantayan sa pagiging *mabuti* ng isang kilos sa bawat pagpili sa ginawang aksiyon. Sa ikaapat nitong katangian ay nagpapaalala na nagdudulot ng higit na malalim na kasiyahan o kaganapan sa isang tao ang kaniyang ginawa o piniling mabuting kilos. Ang paglilingkod ng isang tao nasa katungkulan man o wala na naglakip ng pagmamahal sa ginawang paglilingkod

na walang hinihintay na kapalit mula sa nagawang kabutihan ay katangian ng isang mabuting kilos bilang mabuti at tama. Ang kautusang walang pasubali o *Categorical Imperative* ay ang pagkilos sa ngalan ng tungkulin. Nais mong gumawa ng kabutihan hindi dahil masaya ka o may kapalit ito, kundi dahil ito ang *dapat* gawin.

Ating suriin ang Panunumpa ng Kawani ng Gobyerno.



PANUNUMPA NG KAWANI NG GOBYERNO

Ako'y kawani ng gobyerno
tungkulin ko ang maglingkod ng tapat at mahusay;
dahil dito,
ako'y papasok nang maaga at magtratabaho
nang lampas sa takdang oras kung kinakailangan;
Magsisilbi ako ng magalang at mabilis
sa lahat ng nangangailangan;
Pangangalagaan ko ang mga gamit, kasangkapan
at iba pang pag-aari ng pamahalaan;
Magiging pantay at makatarungan ang pakikitungo ko
sa mga lumalapit sa aming tanggapan.
Magsasalita ako laban sa katiwalian at
pagsasamantala;
Hindi ko gagamitin ang aking panunungkulan
sa sarili kong kapakanan.
Hindi ako hihingi o tatanggap ng suhol
Sisikapin kong madagdagan ang aking talino at
kakayahan upang ang antas ng paglilingkod sa bayan
ay patuloy na maitaas
sapagkat ako'y kawani ng gobyerno
At tungkulin ko ang maglingkod nang tapat
at mahusay sa bayan ko at sa panahong ito;
Ako at ang aking kapwa kawani
ay kailangan tungo sa isang maunlad,
masagana at mapayapang Pilipinas,
Sa harap ninyong lahat;
Ako'y taos-pusong nanunumpa.

Ano-ano ang gawaing nagpapamalas ng katangian ng isang mabuti at mapanagutang manggagawa na inilarawan sa itaas? Paano pinatunayan ng Panunumpa ng Kawani ng Gobyerno ang isang tunay at tapat na paglilingkod? Mayroon ka bang kakilala na nagtataglay nito? Anong mga gawain ang pinamalas niya na napahanga ka nang husto?

“With great power comes great responsibility.”

Naaalala mo ba ang pangungusap sa itaas? Nasubukan mo na bang humawak ng isang tungkulin na sa iyong tingin ay mahirap gampanan? Totoo dahil nangangailangan ito ng katapatan. Pag-aralan naman natin ang isa pang isyu na hahamon sa iyong pagkatao na maging mapanindigan sa tungkuling ipinagkatiwala sa iyo – ang isyu tungkol sa kapangyarihan.

Kapangyarihan: Paano ba gagamitin sa mabuti o tungo sa kabutihan?

Ang kapangyarihan ay kakayahan upang ipatupad ang isang pasiya, kapasidad upang maka-impluwensiya sa saloobin at pag-uugali ng iba, at lumikha ng panukala na makabubuti sa lahat. Maipamamalas ito sa pamamagitan ng posisyon organisasyon at pagiging lider ng isang grupo.

Mga Isyu sa Paggamit ng Kapangyarihan

Anu-ano nga ba ang mga isyung napapaloob sa paggamit ng kapangyarihan? Bakit nagkaroon ng mga ito? Paano natin haharapin ang mga ito nang may paninindingan at nang buong katapatan at integridad? Upang masagot ang mga tanong na ito, kailangang balikan natin ang mga konsepto sa Baitang 9 sa Lipunang Politikal.

Sa isang lipunan, kailangan ang pamahalaan - halimbawa, gobyerno o estado (Plattel, Martin 1965). Ito ay dahil may pangangailangan ang tao na hindi kayang makamit nang mag-isa, tulad ng kaayusan at kapayapaan, pangkabuhayan, mga bagay na kultural, at iba pa. Kaya nariyan ang gobyerno upang gumawa ng mga programa para sa ikauunlad ng bansa at para sa kabutihang panlahat. Upang makamit at mapanatili ang kabutihang panlahat na pinaliwanag sa Baitang 9, kailangan ang sama-samang pagkilos ng mga tao - hindi ng iilan lamang kundi ng *lahat*. Lahat ay maaaring mag-ambag para sa pagkamit at pagpapanatili ng kabutihang panlahat.

Napakarami ng namumuno sa atin subalit bakit laganap pa rin ang isyu ng tungkol sa kapangyarihan? Tunghayan ang sitwasyon na nasa kahon.

Isang opisyal ng pamahalaan na may mataas na tungkulin ang nag-uwi ng mga kagamitan tulad ng *typewriting paper* at iba pang *supplies* na maaaring gamitin ng kaniyang anak sa paggawa ng proyekto sa paaralan.

Ito ba ay isang uri ng korapsiyon? Halimbawang magulang mo ito o kakilala, paano mo ito haharapin?

1. *Korapsiyon*. Ito ay isang sistema ng pagnanakaw o pagbubulsa ng pera. Tumutukoy ito sa espiritual o moral na kawalan ng kalinisan at paglihis sa anumang kanais-nais na asal. Ang taong may malinis na puso at tapat ang talagang karapat-dapat magsilbi sa lipunan. Maipakikita ito sa pamamagitan ng pagsasabi ng totoo at pag-iwas sa pandaraya.

Tingnan ang halimbawa ng isang mabigat na kaso ng korapsiyon na nangyari taong 2005.

Ang iskandalong Hello Garci ang krisis elektoral na lumitaw noong Hunyo 2005 sa Pilipinas. Ito ang krisis na kinaharap ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa di-umanong pakikipagsabuwatan niya kay Virgillo Garcillano, isang opisyal ng Komisyon sa Halalan upang manipulahin ang halalan ng pagkapangulo noong 2004. Lumabas ang kontrobersiya sa paglitaw ng sinasabing *wiretapped conversations* sa telepono sa pagitan nina Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo at noong *canvassing* ng 2004 halalan sa pagkapangulo

Paano naapektuhan ng mga ito ang sistema ng ating eleksiyon? Pangatuwiranan.

2. *Pakikipagsabwatan (Kolusyon)*. Hindi maililihim ang pagkakaroon ng ganitong isyu sa ating lipunan. Ano nga ba ang pakikipagsabwatan? Ito ay ilegal na pandadaya o panloloko, halimbawa ay ang pagtatakda ng mga presyo, limitahan ang mga oportunidad, pagtatakda ng sahod, mga *kickback*, pandaraya sa halalan sa pamamagitan ng ilegal na panghihimasok sa proseso ng isang halalan at sa



pagbilang ng boto, pagsupil at pagpaslang ng mga katunggali, pagbili o panunuhol ng mga botante. Nangyayari ang mga gawaing ganito dahil sa kagustuhan ng isang tao na mapaunlad ang pansariling kapakanan. Bakit nga ba maraming nakatataas sa lipunan ang gumagawa ng mga ganitong bagay? Bakit mali ang mga ganitong gawain? Paano kaya ito maiiwasan?

3. Ang *bribery* o panunuhol ay isang gawain ng pagbibigay ng kaloob o handog sa anyo ng salapi o regalo pamalit sa pabor na ibinigay ng tumanggap. Ang mga suhol na ito ay bahagi ng pagtatakip sa ginawang katiwalian ng isang taong may puwesto sa pamahalaan. Ito ay isang krimen. Ang iba pang mga halimbawa nito ay pagbibigay ng malaking *tip*, regalo, diskuwento (*discount*), libreng tiket, pagkain, espesyal na anunsiyo, pamamasyal sa iba't ibang lugar, *kickback/payback*, paglalaan ng malaking pondo sa isang proyekto, magandang alok sa kontrata, donasyon, mga kampanya para sa kontribusyon, *fundraising* at *sponsorship*, lihim na komisyon at promosyon (mataas na posisyon o ranggo).



4. Ang *kickback* ay bahaging napupunta sa isang opisyal mula sa mga pondong itinalaga sa kaniya. Isang halimbawa nito ang paghiling ng isang opisyal ng pamahalaan sa isang negosyante na magbigay ng trabaho sa isang kamag-anak ng opisyal na kumokontrol sa mga regulasyon na umaapekto sa negosyo. Mayroon ding mga katiwalian sa ating pansariling buhay. Ang mga pangyayaring nagaganap sa ating lipunan ay isang malinaw na repleksiyon ng iba't ibang pansariling katiwalian. Ang pagiging tagapangalaga ng dignidad ng tao ay dapat maging permanenteng bahagi ng ating pakikipagkapuwa. Ito rin ay isang panghabambuhay na proseso ng pagpapatibay ng katatagang moral tungo sa ultimong kabutihan.

5. Ang nepotismo ay ang lahat ng paghirang o pagkiling ng kawani sa pamahalaan, maging pambansa at sa alin mang sangay o ahensiya nito, kabilang ang mga korporasyon na ari o kontrolado ng pamahalaan, na igagawad sa kamag-anak na hindi dumaraan sa tamang proseso.

Suriin ang sitwasyon kaugnay ng nepotismo.

Si Lando ay isa sa mga kuwalipikadong aplikante para sa *job hiring* sa posisyon bilang *Branch Manager* na ginanap sa inilunsad na *Job Fair 2014* sa kanilang munisipyo. Karamihan sa mga aplikante ay kaniyang kakilala at kabilang doon ay pamangkin ng sikat na pulitiko sa kanilang lungsod. Bagaman may kumpiyansa siya sa magiging resulta, hindi pa rin maialis sa kaniyang isip at damdamin ang mag-alinlangan.

Isang araw, tinawagan siya at pinag-uulat para sa kaniyang unang araw. Laking gulat niya dahil kasama sa *newly hired employee* ay ang pamangkin ng pulitiko sa kanilang lungsod. Dagdag pa rito, mas mataas ang posisyon nito sa kaniya.

Hindi nagtagal, nadiskubre niya ang sistema ng pagtanggap ng mga bagong aplikante sa kanilang opisina. Ang mga pasadong aplikante ay kinakailangang sumailalim sa pagsusulit at ipasa ito. Napag-alaman niya na ang isa sa *proctor* ay naging maluwag sa mga aplikante na magtanungan at magkopyahan sa isa't isa. Ang mga ito pala ay tanggap na at pormalidad na lamang ang pagkuha ng pagsusulit. Hindi niya matanggap ang ganitong kalakaran dahil siya ay dumaan sa matinding proseso bago natanggap sa trabaho.

Ipinagbigay-alam agad niya ito sa *General Manager* ng kanilang opisina. Ngunit pinayuhan siya na manahimik at sarilinin na lamang ang lahat ng nalalaman. Paliwanag sa kaniya na ang mga ito ay rekomendado ng kanilang Alkalde kaya wala ng dapat ireklamo. Dagdag pa nito sa kaniya kung ayaw niya ng ganoong sitwasyon, mabuting mag-*resign* na lamang siya sa trabaho.

Naiipit si Lando dahil sa panahon ngayon ay mahirap ng maghanap ng trabaho. Mayroon pa siyang mga dating utang at *breadwinner* sa kanilang pamilya. Kahit ilang buwan pa lamang siya sa kaniyang trabaho ay nagustuhan na niya ito at may kalakihan rin ang kaniyang suweldo kahit bago pa lamang siya. Sa kabilang banda, siya ay nakaramdam ng pagkadismaya sa lawak ng katiwalian sa loob ng kanilang kumpanya. Isusuko ba niya ang kaniyang paninindigan kapalit ng kaniyang pangangailangan? Kung ikaw si Lando, ano ang gagawin mo?

Suriin ang mga talaan at ang bawat opsiyon.

	Opsiyon 1	Opsiyon 2	Opsiyon 3
Layunin	Manahimik at manatili na lamang sa trabaho.	Maibunyag ang katiwalian.	Maisiwalat ang katiwalian sa maingat na paraan
Mga Paraan/ Pagpipilian	a. Maging bulag-bulagan na lang sa mga katiwaliang nagaganap at masasanay na rin sa bandang huli.	Gagawa ng paraan upang matigil na ang mga katiwalian nangyayari. a. Lumapit sa mapagkakatiwalaan at sabihin ang mga katiwaliang nangyayari b. Humanap ng mga matibay na ebidensiya na magpapatunay sa mga katiwalaang nangyayari. c. Gawin ang lahat ng paraan upang matigil ang katiwalian	Maghintay ng tamang pagkakataon. Maaaring gawin ang nasa ibaba: ➤ Mangalap ng matibay na ebidensiya ➤ Maghanap ng mapapasukang trabaho habang nagkakalap ng sapat na ebidensiya
Sirkumstansiya	Maaaring masanay sa mga katiwaliang nangyayari at gagawin na rin ang mga ito sa mga darating na panahon	Ang gagawin na mga hakbang ay maaaring magdulot ng kapahamakan sa iyong sarili at kamag-anak.	➤ Kung magtatagumpay ang unang plano sa mga paraan, mananatili sa posisyon ➤ Kung hindi magtatagumpay, may <i>fallback</i> mula sa nahanap na trabaho bago magbitiw sa kasalukuyang trabaho

Kahihinatnan	Patuloy ang mga katiwalian nangyayari at maaaring mawalan nang prinsipyo sa buhay.	b. Mapuputol ang mga katiwaliang nangyayari sa tanggapan at mabibigyan ng pagkakataon ang mga ibang aplikante na mabigyan ng trabaho kahit wala silang kaibigan o kamag-anak sa tanggapan. c. Magiging masaya ang pakiramdam dahil naging daan para sa pagbabago.	Naisiwalat ang tunay na pangyayari na may paghahanda sa anumang epekto ng ginawang pagsisiwalat ng mga katiwalian
--------------	--	--	---

Sa ating pang-araw-araw na pakikibaka sa buhay, gabay natin ang ating konsensiya sa paniniguro sa kasamaan at kabutihan ng isang pasiya o kilos. Sa sitwasyong ito, nararapat lamang na gawin ang tama na sabihin ang totoo para sa kabutihang panlahat. Mahalaga na gamitin ang maingat na paghuhusga sa pagpili ng tamang opsiyon. Sa mga tatlong opsiyon, ang nagpamalas ng maingat na paghuhusga ay ang ikatlo. Ang patunay na pinag-iisipan ang mga kilos at plano bago maisakilos ay katangian ng isang taong may kamalayan at may kakayahang magsuri ng mga bagay-bagay.

Mahalagang mapangalagaan ng bawat mamamayan ang kagalingang moral ng lipunan. Matatandaan na ang pinagmumulan at tanging layunin ng pamumuhay sa lipunan ay nag-uugat sa pangangalaga at pag-unlad ng bawat tao. Isang malaking kabiguan ng lipunan kung ang kaniyang sitwasyong ginagalawan ay kinapapalooban ng mga seryoso at malalang sakit ng kawalan ng disiplina at moralidad. Pangarap ng bawat mamamayan, lalong lalo na ang kabataang katulad mo, na mamulat sa isang disenteng uri ng pamumuhay sa pamayanan. Ang disente at maayos na lipunan ay hindi lamang pinapangarap kundi pinagsisikapang maisabuhay.

Ang disente at maayos na lipunan ay hindi lamang pinapangarap kundi pinagsisikapang maisabuhay.

Upang maiwasan ang mga isyung ito, kailangang magkaroon ang tao ng *integridad*. Ang integridad ay katapatan. Sa diksyunaryo, ipinaliwanag ang kahulugan nito bilang “kalagayan ng tao na kung saan siya ay buo, iisa o kumpleto ang kaniyang

Ang integridad ay pagpapakatao.


pagkatao.” Kung ano ang kaniyang sinasabi, iyon din ang kaniyang ginagawa. Kung ano siya sa publiko, ganoon din siya sa pribadong buhay o sa lugar na walang nakakikita. Ang mabubuting sinasabi ng mga tao patungkol sa kaniya ay ganoon din ang sinasabi ng kaniyang mga kasambahay. Siya ay iisang tao maging saan man at anumang sitwasyon ang kaniyang makaharap. Siya ay bukas na aklat; walang itinatago; walang kinatatakutan. May ilang tao na ang tingin sa integridad ay listahan ng bawal gawin at dapat gawin. Ngunit ang integridad ay higit kaysa listahan. Ang integridad ay *pagpapakatao*. Ito ay ang iyong pagka-sino na binubuo mo tungo sa iyong pagiging personalidad. At kung sino ka, iyon ang iyong gagawin. Pinag-iisa nito ang iyong sinasabi at ginagawa. Mahalaga ang mga ito sa pagbuo ng sarili tungo sa kaganapan ng pagkatao.

Bakit mahalaga ang integridad? Naririto ang mga dahilan:

Una, nagbibigay-galang sa iyong sarili. Kung may paggalang ka sa iyong sarili, nangangahulugan ito na malinis ang iyong konsensiya at nakatutulong ka sa gabi nang mahimbing.

Pangalawa, bibigyan ka ng iyong kapuwa ng paggalang at pagkakatiwalaan ka ng ibang tao. Ang isang lider ay mahihirapang mamuno kung ang mga taong kaniyang pinamumunuan ay hindi nagtitiwala sa kaniya at hindi maibigay ang respeto na kinakailangan niya. Ang tiwala at respeto na kinakailangan ng isang pinuno ay makukuha lamang kung patuloy siyang mamumuhay nang may integridad.

Pangatlo, ang taong may integridad ay madaling makaimpluwensiya. Hindi niya kailangan ng titulo o kapangyarihan upang mamuno. Ang mga tao ay sumusunod sa pinunong mapagkakatiwalaan. Ilang makapangyarihang lider na rin, hindi lang sa Pilipinas, ang napaalis sa kapangyarihan ng mga taong kanilang sinasakupan dahil sa kakulangan ng tiwala. Kabaligtaran nito ang taong may integridad. Isang magandang halimbawa ay ang yumaong Kalihim ng DILG at dating Mayor ng Lungsod ng Naga sa loob ng labingwalong taon na si Jesse Robredo na nagpamalas ng dedikasyon at komitment sa kaniyang tungkulin bilang isa sa magiting na lider ng ating bansa. Itinuturing siyang tunay na lingkod-bayan. Mula kay Senador Francis “Chiz” Escudero sa huling mensahe nito sa kaniya ay sinabi nito na *“I mourn the loss of Secretary Robredo. He embodied everything a Filipino leader should be. He was an honored*



Hindi na sapat
na tayo ay matino lamang.
Hindi rin sapat
na tayo ay mahusay lamang.
Hindi lahat ng matino ay mahusay,
at lalo namang
hindi lahat ng mahusay ay matino.

**Ang dapat ay
matino at mahusay**

son of Bicol, a decent and loving husband and father, and a principled man whose honesty and integrity were beyond question.” Ang integridad ay pagbubukas ng sarili sa katotohanan at paninindigan dito. Kapag ang isang tao ay tapat, wala siyang katapat na halaga sa kaniyang sarili, sa kapuwa at maging sa buong daigdig.


Ayon kay Mahatma Gandhi na nagsasabing “Kung gusto mo ang pagbabago at kung gusto mo ng mas maayos na buhay, dapat simulan mo ito sa iyong sarili.” Kung sisikapin ng bawat isa na magbago, unti-unting magbabago ang ating lipunan. Kapag tinanggal mo ang mga kasamaan sa sarili mo, ay matatanggal din ang kasamaan ng lipunan. Ikaw, kaya mo bang simulan ito sa buhay mo?

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Ano-anong isyu sa paggawa ang tinalakay sa babasahin? Ang mga isyu sa kapangyarihan? Isa-isahin ang mga ito.
2. Paano nakaapekto ang mga isyung ito sa pag-uugali at *performance* ng isang manggagawa sa kaniyang pagtugon sa tawag ng tungkulin?
3. Bakit mahalaga na may kamalayan ang bawat manggagawa sa kanilang mga tungkulin?
4. Ano-ano ang katangian ni dating DILG Jesse Robredo bilang magiting na lider ng ating bansa ang inilarawan sa Panunumpa ng Kawani ng Gobyerno?
5. Anong mga katangian ang nais mong taglayin bilang isang manggagawa sa hinaharap? Ipaliwanag.

Paghinuha ng Batayang Konsepto

Panuto: Gamit ang *graphic organizer*, buuin ang mahalagang konsepto na nahinuha mula sa nagdaang gawain at mga babasahin.



Pag-uugnay ng batayang konsepto sa pag-unlad ko bilang tao

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Pagganap

Gawain 4

Panuto: Ang sumusunod ay mga isyung napapaloob sa mga isyu sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan. Pumili ng isang isyu lamang at gumawa ng *reaction paper* tungkol dito.

- a. Korapsiyon
- b. Suhol
- c. Nepotismo
- d. Sugal (*game of chance*)
- e. Paggamit ng oras
- f. Paggamit ng kagamitan
- g. *Conflict of Interest*

Pagninilay

Gawain 5

Panuto: Sagutin at pagnilayan ang mga tanong.

1. Bilang mag-aaral sa Baitang 10, paano ko mapatatatag ang mga positibong katangian ko na magiging kapital ko sa aking pagharap sa mga isyu sa paggawa?
2. Paano ko dapat paglabanan ang mga isyu sa paggamit ng kapangyarihan na mapangibabaw ko ang pagiging mapanagutang paglilingkod?

Pagsasabuhay

Gawain 6

Panuto: Pagkatapos mong maunawaan ang mga inaasahang kaalaman at kasanayan sa modyul na ito, inaasahang magsisilbi itong gabay sa paggawa mo ng matatag na posisyon tungkol sa paggawa at paggamit ng kapangyarihan. Ang bawat organisasyon sa paaralan ay may kani-kanyang gawain tungo sa pagiging ganap ng bawat kasapi sa organisasyon. Alamin ang mga tungkulin at impormasyon. Pagkatapos ng gawaing ito ipakita ang naging resulta sa inyong magulang at magkaroon ng pag-uusap dito.

1. Bakit siya ang napiling lider sa kanilang organisasyon?
2. Tungkulin ng organisasyon sa paaralan at sa kapuwa mag-aaral
3. Paraan ng pagganap sa mga tungkuling tinutukoy
4. Mayroon ba siyang hindi nagampanan? Alin ang mga iyon?
5. Mga dahilan kung bakit hindi ito naisasakatuparan
6. May mga pagkakataon ba na hindi siya sinusunod ng kaniyang mga kasamahan? Ano ang mga pangunahing dahilan?

Gawain 7

Panuto: Panoorin sa *youtube* ang dokumentaryo ni Malou Mangahas kasama ang magulang at magkaroon ng talakayan tungkol dito. Iulat ito sa klase.

Mga kakailangang kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)

Mga Sanggunian:

Mga aklat

Articulo, A.C. et. al. 2003. *Values and Work Ethics*. Trinita, Publishing Inc. Meycauayan, Bulacan

De Torre, J. M. et al. 1992. *Perspective: Current Issues in Values Education Book 4 Values Education Series* Manila: Southeast Asian Science Foundation Sinag-tala Publisher.Inc.

Pablo, P.J II, 1991. *Laborem Exercens* (Ukol sa Pagtrabaho ng Tao), Archdiocese of Manila Labor Center.

Plattel, M. G. (1965) *Social Philosophy*.Pittsburg: Duquesne University Press.

Mga dyornal

Cross-Sectoral Study of Corruption in the Phil. Committee for the Evangelization of Culture Phil. 2002. Province of Society of Jesus, Published by Ateneo de Naga University

*Perspective: Current Issues in Values Education Book 4 Values Education Series for Fourth Year High School.*1992. Manila: Sinag-Tala Publishers.Inc.

Mula sa Internet

Etika 107.blogspot.com/2004/09 – Ikalawang aklat ng etika nikomekayo. Retrieved July 5,2014 [https:// secure.ethicspoint.com/domain/media/fil/gui/27241/code.pdf](https://secure.ethicspoint.com/domain/media/fil/gui/27241/code.pdf)

Integridad Retrieved July 14,2014, form http://votenetphilippines.weebly.com/uploads/6/7/0/8/6708089/aralin_10_integridad.pdf

Korapsyon (March 2012) Retrieved March 18,2014, from <http://www.facebook.com/l.php?u=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DnpNF9ByzIsE&h=BAQFhHfNz>

Mga Isyu sa Paggamit ng Kapangyarihan. Retrieved March 28,2014,from <http://reura.os.tripod.com/values-education-subject.html>

Larawan

<https://www.google.com.ph/search?q=jesse+robredo&source>